

An illustration of a man and a woman in formal attire. The man is wearing a black suit with a white shirt and a black bow tie. The woman is wearing a red dress and has long brown hair. They are embracing each other. The background is a solid brown color.

Unwanted Love

A NOVEL WRITTEN BY
GRACE ANN CARTICIANO

Acknowledgement

This novel took me three months to finish, kaya sa mga nakabasa nito sa wattpad, sobrang daming errors pa talaga or boring and I am still learning in the industry of writing. I am not your ideal writer but I know I can write what I think and I am so grateful for that. Ang novel na ito ay bunga ng walang magawa sa pandemic at pighati. I wrote this novel nang nasaktan ako, kaya isa na iyon sa pasasalamatan ko.

To my readers, thank you so much sa pagtatiyaga. Lalo na ang mga taong ito na walang sawang pagsusuporta, Rhenise Deighn Sapnu, SharleneJune Dela Cruz, Allaine Aine, at Kisses. Mahal na mahal ko kayo sobra, akala ko walang makapapansin sa gawa ko dati, but you guys did it. Gemorya's Aports, unti pa lang kayo but I am so blessed to have you.

To my family in wattpad writer's organization, thank you for pushing me to finish this novel. To my Thy Chronicles Family, thank you for supporting me.

To my girlfriends in writing, Ozone, Jonah, Merillie, Julian and my one only bhiie Harold. Kayo ang dahilan kung bakit ako nagpapatuloy sa pagsusulat, 'cause yo gave me a reason to write, hindi rin kayo sumuko.

To my best friend, Yhang Shuu, for supporting me from the start even though hindi mo forte ang ginagawa ko. You keep pushing me to do what I really want to do. To my Chaps, Mica, Miles, Ronjay and Rovilyn. Alam kong tahimik lang kayong sumusuporta sa'kin, kaya nagpapasalamat ako na kayo ang kaibigan ko, alam kong proud na proud kayo sa'kin. To Acel Gweyn

Gemorya

Bontia, my present best friend, nadagdagan ang sumuporta sa pagsusulat ko kaya thank you rin sa 'yo. To my guy friends who purposely installed wattpad app just to read my story.

Of course, to my family. Salamat sa hindi pagbabawal patungkol sa pagsusulat ko kahit na minsan ito lang naman talaga ang ginagawa ko and I am not paid by money for doing this. But maybe soon, I will achieve my goals by doing my passion.

To my team, the Grenierielly. Thank you so much for bringing this opportunity into real one.

And lastly, to Almighty God. I thank Him for giving me this skill, nakagawa ako ng isang obra mula sa aking imahinasyon. Thanking Him for giving me another life every day. And I am so grateful to have these people in my life because of Him.

Simula

Naitanong mo na ba sa sarili mo kung bakit hanggang ngayon ay nabubuhay ka pa rin? Kahit gustong-gusto mo nang mawala? Buong buhay ko, iyon ang lagi kong naiisip, kung bakit binuhay pa ako ng Diyos. Para ba pahirapan? Para ba umiyak lagi sa tuwing napaghihinaan ako ng loob? Ang hirap nang mabuhay sa mundong puno ng problema. Sa bawat paghinga ang hirap-hirap na.

“Hoy bruha, ano naman ‘yang iniisip mo?” Napatingin ako sa babaeng nasa harap ko na, one of my best friends. She’s Yancy, nakilala ko simula first year college.

“Nothing, I was just curious why I’m still alive?” Kibit-balikat kong sabi.

Tinulak niya naman ang noo ko kaya gulat akong tumingin sa kanya, ito na naman siya. Magsusungit na naman panigurado. “Tanga, malamang ayaw pa ng Diyos na mamatay ka, tigilan mo nga ‘yang mga pinagsasabi mo at ako’y naiinis na, tumayo ka na r’yan, pupuntahan pa natin si Mary.”

Ramdam ko ang ang inis sa tono niya. Umupo siya sa upoan na malapit lang din sa kanya, hinayaan ko na lamang siya sa sala at pumasok ulit ako sa kwarto para kunin ang iba ko pang gamit. Binilisan ko na nga dahil alam kong maiinip na naman siya kakaantay sa akin, pupuntahan pa namin ang isa pa naming kaibigan.

“Wait, how did you come in?” tanong ko nang maalala ko kung paano na naman siya nakapasok sa loob, sarado naman ang pintuan at alam

Gemorya

kong hindi ko naman siya pinagbuksan kanina, bigla lang siyang dumating sa likuran ko.

“Obviously, you didn't lock the door, duh.” Umirap siya sa'kin. “Pag ikaw naluoban dito ng masasamang loob nako! Baka talaga matuloy na 'yang pinapangarap mong mamatay.” Bigla naman akong natakot sa sinabi niya.

Yeah, I want to die but I don't want to die just because somebody killed me. I don't really know why I am thinking weird things like this. Maybe, I want to rest forever? Hopefully.

Nakalabas na kami at pumunta sa kung nasaan ang sakayan. “Huwag ka ngang manakot,” wika ko. She looked at me and her eyebrows frowned.

“Kailan pa natakot mamatay ang gusto nang mamatay?” Napabuntong hininga na lang ako sa sinabi niya. Oo nga, bakit ako natatakot eh, gusto ko na ngang mamatay?

“I don't know,” sambit ko habang nakatingin sa kawalan. Kita ko sa gilid ng aking mata na mukhang naiinis na nga talaga sa akin.

“My friend, stop thinking about your problem, isa pa lang 'yang problema mo marami pang nag-aantay d'yan.”

“Are you motivating me or you're just giving me some shit of advice? Mag-aantay ako na may problema pa?” tanong ko habang nakataas tinaasan siya ng kilay.

“Yes, gusto mo 'yon hindi ba? Ayaw mong makinig sa'min eh, sinabi na ngang tutulungan ka namin but you refused.” Umirap na naman siya. Hindi ba napapagod umirap ito?

Unwanted Love

Pero sa sinabi niya, may rason kung bakit ayaw kong tumanggap ng maraming tulong mula sa mga kabigan ko. Hindi naman nila ako kargo, wala silang obligasyon sa akin at saka, nakakahiya.

“Ayaw ko lang magkaroon ng utang na loob sa inyo. Hindi ko alam kung paano ko kayo mababayaran,” saad ko, ang dami na nilang naitulong sa’kin. Hindi na puwedeng lagi na lang akong naasa sa kanila.

“We’re your fucking friends, your problem is our problem too.” Natahimik ako sa sinabi niya, halata na rin talaga ang inis niya sa akin. Alam ko rin naman iyon pero sadyang mataas lang siguro ang pride ko. Ayaw ko lang din talaga maging pabigat sa ibang tao.

“Thank you Yancy, but trust me I can handle it.” I smiled to assure her that it’s fine.

“You better do, at ‘wag mo na ulit isipin kung paano mamatay baka kami na papatay sa ‘yo kung hihilingin mo na naman!” singhal niya kaya napangiti ako. Hindi ko maiwasan makaramdam ng galak sa tuwing naiinis siya at iyon ang dahilan ng pagka-inis niya. Kaibigan ko nga talaga siya.

Ilang minuto pa bago dumating ang inaabangan naming jeep, dahil tanghali na rin bihira na lang may dumaang jeep dito na hindi maraming sakay. Umupo ako sa pinaka-dulo dahil paborito ko rito.

Yancy at si Mary, iyong isa pa naming kaibigan na pupuntahan namin ngayon ay kasama ang pamilya niya. Samantalang ako, matagal nang hindi naranasan magkaroon ng pamilya. ‘Yong problema na kanina pa namin pinag-uusapan ni Yancy, kung paano ko kalilimutan ang nangyari sa pagkatao ko.

I’m the seed of unwanted relationship, unwanted child. Sa madaling salita, isa lang akong hamak na anak sa labas. Hindi ko alam kung bakit ayaw ng Tatay ko sa akin. Simula no’ng tumira ako sa bahay nila kasama ang tunay

Gemorya

na asawa niya, na kapatid din ng Nanay ko, doon nagsimula nagka-de-leche ang buhay ko. Magulo 'di ba? Kahit ang mukha ng Nanay ko ay hindi ko pa nakita, sabi ng iba kong kamag-anak, namatay si Mama nang ipinganak ako. Ewan, hindi ko alam kung papaniwalaan ko ba, kahit litrato niya ay walang ni isang nagbigay. Napa-isip tuloy ako kung may pakealam ba sila sa Nanay ko o wala rin gaya ng ginawa nila sa akin?

I also have a brother, Kuya ko na iba rin daw ang ama pero hindi ko kilala dahil bago namatay si Mama pina-ampon niya ang Kuya ko. Iyon ang sabi ng isa kong Tita na kasundo ko, si Tita Tisa. Pero napalayo na rin ako sa kaniya nang nagdalaga ako, dahil kinuha ako ng Tatay kong walang kuwenta. Ilang taon din ako sa kanila hanggang sa hindi na ako nakatiis at ako na mismo ang umalis.

Ginawa nila akong kasambahay, maski 'yong Tita Mina ko na asawa ng Tatay ko ay gano'n din, sumabay pa ang mga anak nila. Hindi na nga ako nakapag-aral pa dahil sa mga utos nila, minsan nga sinasaktan pa ako ng pisikal.

Buong buhay ko na kasama sila, puno ng sakit at hirap. Dahil sa kanila, gugustuhin ko na lang mawala. Dahil sa kanila, nawawalan ako ng pag-asa na bumangon. At higit sa lahat, sila ang dahilan na natutunan kong ayawan ang mundo. Masakit at mahirap masakal ng mga tao sa paligid mo.

Nalaman iyon ni Tita Tisa kaya kinuha niya ulit ako sa pudor ng Tatay ko. Siya ang nagpa-aral sa akin, ang bait niya kahit marami rin siyang anak. Hindi niya ako pinababayaan, mababait din ang mga anak niya, mga pinsan kong nakakasundo ko. Pero dumating ang araw na nag-college na ako, hindi na nila kakayanin ang gastos dahil college na rin ang mga anak niya kaya nakapagdesisyon ako na ako na ang bubuhay sa sarili ko. Ang dani ko pang plano sa buhay. Hahanapin ko pa ang Kuya ko kahit hindi ko kilala ang mukha niya. Wala namang nagsabi na kailangan kong ko siyang hanapin pero siya na lang ang natitira kong pamilya. Baka kapag nakita ko siya, magkakaroon ako ng paniniwala na deserve kong magkaroon ng pamilya.

Unwanted Love

“Hoy, nakikinig ka ba?” Napaatras ako nang hampasin ako ni Yancy. I’m spacing out again.

“Sorry, anong sabi mo?” Tumingin ako sa kanya habang hinihimas pa rin ang braso kong hinampas niya, masakit ah,

“Kung saan-saan na naman napunta ang isip mo, ang sabi ko, narito na tayo kina Mary.” Napakamot na lamang ako sa batok ko at ngumiti ng tipid sa kanya, galit na naman siya. Pasensya naman, malay ko bang ang layo na pala ng narating ng isip ko.

Mayaman sila Mary, mansion na nga ang bahay nila eh, si Yancy naman may kaya ang pamilya niya, nabibili nila ang gusto nila. Ako? Wala. Tamang nga-nga lang sa gilid.

Nahihiya na nga ako sa kanilang dalawa dahil sila na halos nagpapakain sa akin. “Tara na.” Hinila niya ako papunta sa malaking gate. Nag-doorbell naman siya at agad naman pinagbuksan ni Kuya guard.

“Good morning mga hija,” bati niya sa amin. Kilala na kami rito sa mansion, halos araw-araw ba naman kasi kami rito. Mababait ang mga tauhan nila Mary, kagaya ng magulang niya.

“Good morning Kuya, pasok na po kami!” masiglang wika ni Yancy. Sa tuwing pumapasok ako sa bahay nila Mary, hindi ko maiwasan malungkot. Naiisip ko na naman ang buhay ko.

“Him Tita!” sabay pa namin siyang binati.

“Mga hija!” Ramdam ko talagang welcome kami sa pamilya niya, kahit si Tita ay masayang binati kami.

Gemorya

“Mukhang busy po kayo?” tanong ni Yancy. Lumington naman ako sa paligid na aligaga ang mga katulong na para bang may pinaghaandaan talaga.

“Yes hija, nagpapahanda ako dahil uuwi ang kapatid ni Mary.”

May kapatid pala si Mary. “Akala ko po Tita nag-iisa lang ang anak mo?” tanong ko sa kanya dahil ang akala ko talaga mag-isang anak lang si Mary.

“No, Mary has an eldest brother, matagal siyang wala rito sa Pinas kaya hindi niyo pa siya nakikita,” she replied. Napatango naman ako. Ano kayang hitsura ng Kuya ni Mary? Gwapo kaya?

“Mommy!” Napatinin ako sa hagdan nang marinig namin ang sigaw ng tumatakbong si Mary pababa. Anong problema nito kung magmamadali.

“Anak, Yancy and Grace are already here, kakagising mo lang?” tanong ni Tita kay Mary.

“Sorry Mom, masaya panaginip ko bawal istorbohin.” Nakangiti pa siya habang nakahawak ang dalawang kamay na parang kilig na kilig.

Napa-iling na lang ako dahil sa pilya naming kaibigan. “Sige na, maiwan ko na muna kayo, mag-ingat kayo ah? Ipapahatid ko na kayo.” Tumango sabay ngiti ang tinugon ko kay Tita. “Aasikasuhin ko muna ang mga handa, pumunta kayo rito mamaya dahil ipapakilala ko kayo sa anak ko,” dagdag pa niya at umalis na.

Lumapit naman sa amin si Mary at niyakap kami pero sabay naming siyang tinulak. “Nag-toothbrush ka na ba?” tanong ni Yancy, kaya napangawi sa kaniya si Mary.

Unwanted Love

“Arte, hindi ko naman kayo hahalikan eh,” angal ni Mary sabay irap sa amin. At magsisimula na naman silang magbangayan.

“Maligo ka na, aalis na tayo. Mahaba pa ang pila mamaya,” sambit ko, napakabagal kumilos ng isang 'to.

“Yes, boss amo, ayaw mo kasing mapunta sa last section kung mahuli tayo sa pag-enroll.” Irap niya.

Yeah, sanay na ako sa first section. We have the same course, Psychology. Ironic right? I am a Psychology student but sometimes, I am a suicidal person. People said, we should be the one to help those people that has a may mental disorder, understand human behavior and counsel them. But to think deeply about it, we also need help, we also experiencing anxiety. We also experienced depression. But no one knows, because they think we can handle ourselves, kaya nga raw namin gumamot at mag-advice sa iba pero bakit daw sa sarili namin hindi namin magawa.

I don't know either. May nagsabi pa nga sa akin dati na. *“Psychology student ka pa naman pero ganyan ka kahina.”*

Masakit 'yon, maiisip mo na walang may pake sa 'yo. Wala raw kwenta na nag-Psych ako dahil sarili ko nga hindi ko kayang ayusin sa ibang tao pa raw kaya? Pero hindi ako nagpapadala. I love my course, ito ang pangarap ko. Bakit ako makikinig sa opinion ng iba kung negatibo lang naman ito. Ako lang yata may karapatang mag-isip ng negatibo sa buhay ko, hindi ang ibang tao.

Kaya simula noong naging kaibigan ko si Yancy at Mary tumatag ako at nagpatuloy kunin ang kursong ito. Alam kong may mga pinagdadaanan din sila pero kinaya rin nila kaya gano'n din ako, minsan nga lang naiisip ko ulit sumuko.

Gemorya

Lahat naman ng kaklase naming ay kaibigan namin, kaunti lang kami at sana hanggang ngayon makita pa rin namin sila.

“Let's go,” sabi ni Mary na nakababa na ulit. Fresh. She's wearing a floral dress na fit sa kaniya.

“Taray nag-dress,” I commented. Bagay sa kanya ang damit.

“Yes girl, para maiba naman ako sa inyo, you wore the same eh,” aniya. Pareho kaming napatingin ni Yancy sa isa't isa. I am wearing simple T-shirt and pants, gano'n din si Yancy, kulay lang nag-iba sa amin. Nagpa-alam na rin kami kay Tita bago umalis.

“Nasaan pala si Tito?” tanong ni Yancy nang nakasakay na kami sa kotse nila Mary.

“Sinundo si Kuya,” tipid na sagot ni Mary.

“You didn't tell us na may Kuya ka pala?” sabi ko naman nang naisip ulit ang tungkol sa kapatid niya. Ang tagal na kasi naming magkakaibigan ngunit hindi niya pa talaga nai-kwento ang tungkol doon.

“Hindi naman kayo nagtanong,” sagot niya naman sa'kin at binalik ulit ang tingin sa maliit niyang salamin, nag-aayos.

Oo nga pala, kwento ko lang yata ang alam nila. At kaunting tungkol kay Yancy. Bihira lang din sila magkuwento sa sarili nilang buhay kaya hindi ko masyadong alam. Kay Yancy ayaw niya pag-usapan dahil boring daw, kay Mary naman dahil daw hindi kami nagtanong kaya 'di siya nagsasabi.

Nakarating na kami sa school at nagsimula nang mag fill-up ng form. Mahaba-haba talaga ang pila. Nakita namin ang iba naming kaklase dati kaya nagsama-sama na kami.

Unwanted Love

“Grace, Mary and Yancy. Kumusta?” Napalingon ako kay Renz Daniel, kaklase naming gwapo na mabait, pero may problema.

“Okay lang ako,” sagot ni Yancy at binalik ang attention sa hinahanap niya sa bag nito

“Cute pa rin,” simpleng sagot naman ni Mary, napailing na lang si Renz.

“Mahirap pa rin pero maganda,” sambit ko habang nakangiti ng malawak. Tumawa lang sila. Pinilit kong makibagay sa ibang tao sa paligid at hindi naman ako nabigo.

“Buti magkaklase pa rin tayo, at buti hindi kayo lumipat,” he said.

“Pag lumipat kami baka ma-miss mo lang kami,” biro ni Yancy sa kaniya, ngumiti naman siya ng nakakaloko. Nagtawanan kami sa sinabi nito kay Renz.

“Oo naman baka pag lumipat kayo hindi niyo na ako makita at makasama, mawalan pa kayo ng kakilalang maganda,” sabi ni Renz. Iyan ang problemang sinasabi ko. Gwapo siya pero gwapo rin ang nais. Tanggap naman namin siya.

Natapos na kaming mag-enroll kaya pabalik na kami sa mansion nila Mary, sinama na namin si Renz dahil wala rin naman siyang gagawin. Pagkarating namin sa mansion, dumami ang tao. Parang kanina lang mga kasambahay lang ang nandito.

“Girls ang dami naman, fiesta ba rito Mary?” tanong ni Renz na tumitingin sa paligid.

Gemorya

“I think mga kaibigan 'yan ni Kuya.” Sikat ba Kuya niya? Ang daming tao. Akala mo’y isang malaking party ang ginanap dito sa sobrang daming tao. Nakakahiya tuloy. Uuwi na lang kaya ako?

“Let’s go.” Napabuntong hininga ako sa pag-aya sa’min ni Mary at nauna nang maglakad. Sumunod naman ang dalawa sa kanya, dahil wala akong choice, iyon na lang din ang ginawa ko. Ang sundan sila.

“Anak!” Napalingon kami sa tinawag ni Tita, ito na ata ang Kuya ni Mary.

“Mommy!” Lumapit siya sa amin at tiningnan kami isa-isa, natigil naman ang tingin niya kay Yancy.

“Ipakikilala ko sa ‘yo at sa mga kaibigan mo ang mga kaibigan ng kapatid mo,” sabi ni Tita

“Sure mom, hi I’m John Angelo.” Ang bait naman ng mga pangalan nila. Nasa bibliya. Nawa’y all.

“Punta muna ako sa banyo,” bulong ko kay Yancy dahil siya lang ang katabi ko.

“Sama ako,” sabi niya na parang naiilang.

“Wag na, ako na ang bahala,” sagot ko naman at akmang Tatayo na nang hilahin niya ako pabalik.

“Sama ako, kanina pa nakatingin ang Kuya ni Mary sa akin, naiilang ako.” Natawa naman ako sa bulong niya. ayaw niya pala na may tumitingin sa kaniya.

Unwanted Love

“Good luck Yancy, kaya mo na 'yan.” Tumayo na ako na may pang-aasar na ngiti sa kaniya. Nagmamadaling umalis dahil baka sundan pa ako.

Ang laki ng mansion pero dahil sanay na nga ako rito, nahanap ko agad ang banyo. Papunta na sana ako pero may humawak sa braso ko. Napatingin ako sa mala-anghel na nasa harap ko ngayon. Ang gwapo, at ang bango. Lord, mahal mo pa rin talaga ako.

“Sorry miss, ako muna mauna.” Napataas ang kilay ko sa sinabi niya. Turn off. Tumayo ako nang maayos at hinarap siya.

“Ako muna mister, ako ang nauna rito. Mag-antay ka na lang.” Tatalikod na sana nang hawakan niya ulit ang braso ko, bigla akong nakaramdaman ng kakaiba sa katawan ko nang dumapo ang kamay niya sa balat ko. Kinakabahan nang hindi malaman ang dahilan.

“No, sige na.” pagsusumamo nito, “Naiihi na rin ako, anong gusto mo? Dito ako umihi?” sabi nito at tinuro pa ang sahig. I sighed.

Okay Grace, understand. Baka wala lang siyang aruga kaya hayaan na, pagbigyan mo na at baka umihi pa nga rito sa sahig, ako pa ang masisi.

I nodded at him kaya tumabi ako para makapasok siya. Napaka-gentleman niya ah. Marami namang banyo rito pero nasa malayo pa ng sulok sa bahay na ito. Nakatatamad.

Napalingon ako nang biglang bumukas ang pinto. “Ikaw na miss,” sabi ng lalaki sabay umalis na agad. Napataas ang kilay ko habang nakatingin sa lalaking papalayo. Napabuntong hininga ako.

“Welcome ah!” sigaw ko sa kaniya.

“Ge!” Kinuyom ko ang kamay habang nagpipigil. Antipatiko.

Gemorya

Pinauna ko na nga kanina, hindi pa nagpasalamat.

Nakabalik ako sa bakuran kung saan ang mga kaibigan ko at ang mga bisita. Tumabi ako kay Renz. Wala si Mary at pati na rin si Yancy. Napakunot ang noo ko dahil kanina lang ay nandito si Yancy.

“Nasaan ang dalawa?” tanong ko kay Renz. Napaupo siya ng tuwid at tinignan ako.

“Si Mary nasa loob at 'yong Yancy natin humaharot doon.” Nakanguso niyang sabi.

Tinignan ko kung saan siya nakatingin. Kausap ni Yancy ang Kuya ni Mary at iba pang kaibigan nito. Lumingon naman si Yancy at naglakad papunta sa amin. I frowned, kanina lang ay ayaw niya tapos ngayon makikita ko na lang na kasama niya na ang Kuya ni Mary.

“Ang tagal mo naman, hali kayo samahan niyo ako roon, nakahihiya eh,” sabi niya. Nahiya pa siya sa lagay na 'yon ah? Napatingin ako kay Ruez nang bigla itong tumayo.

“Tara na girl, daming fafa do’n,” malandi niyang sabi. Sayang talaga ang gwapo niya, gwapo rin ang gusto. Umiling ako. Ayaw ko, wala naman akong kilala sa kanila at isa pa, nakahihiya. Hindi ako sanay.

“Kayo na lang,” sabi ko. Suminghap naman sila.

“Kill Joy mo, loosen up, mukha namang mababait ang mga tao do’n,” sabi ni Yancy. Sabay kaming tumingin kay Mary nang dumating ito, may dalang pagkain.

“Tara, doon tayo sa pwesto nila Kuya.” Napasinghap ako, pati ba naman siya?

Unwanted Love

“Ayaw daw ni Grace,” sabi ni Renz. Tumaas naman ang kilay ni Mary sa akin.

“Tara na Grace, masyado kang lonely dito kapag mag-isa ka lang,” wika niya. I sighed, may magagawa pa ba ako kung silang tatlo ay gustong lumipat. Tumayo na rin ako at sinundan na silang naglalakad.

Nang nakarating kami sa kanila natigilan sila sa tawanan at tinignan kami. “If you don't mind, makikisabay kami rito, sabi kasi ni mommy, ayos lang ba Kuya?” asked Mary.

Tumayo naman si Kuya Angelo. “Oo ayos lang, dito na kayo,” sabi niya at kinuha ang dalang pagkain ni Mary.

Umupo naman agad si Renz, grabe walang hiya-hiya. Si Yancy gano'n din, umupo siya sa tabi ni Kuya Angelo. Nilibot ko ang tingin ng mga ibang kasama namin, nakatingin din naman sila amin. 'Yong iba, nakangiti pero 'yong iba seryoso at may mga babaeng mukhang inis na nakatingin sa amin.

Naramdaman ko naman na may matang nakatitig sa akin kaya nilingon ko bigla ito. Laking gulat ko nang makita ang pagmumukha ng lalaki kanina. He looked at me with a serious eyes. Bigla akong kinabahan sa tingin niya kaya umiwas na agad ako. Tinignan ko lang si Kuya Angelo na isa-isa ulit pinakilala ang mga kaibigan niya. Pagkatapos niyang ipakilala ang iba lumapit naman siya sa lakaki kanina.

“Siya naman si Steve Wilkerson, my best friend,” sabi ni Kuya Angelo.

“Girl ang gwapo,” bulong naman ni bakla.

Gemorya

Nanatiling seryoso lang si Steve. Hindi siya nagsalita pero nakatingin lang siya sa akin. Anong problema ng lalaking 'to? I rolled my eyes at him at mas lalo akong napairap nang ngumiti siya.

“Kayo naman ang magpakilala ulit,” sabi ng isang lalaki. Kung hindi ako nagkakamali, John din ang name niya.

“I’m Renz Daniel but you can call me baby if you want.” ang landi ng baklang 'to, kaloka. Napangiwi na lang ako sa inasta niya, ngumiti naman si John at nag-shake hands sila ni Renz. Natahimik ang paligid, inaantay na pala akong magsalita dahil nakatingin na sila sa akin. Require ba magpakilala?

“Grace Alvarez,” nahihiya kong tugon. Hindi ako sanay na ganito karami ang kasama namin, lalo na't bago sa paningin ko.

“Do you already have a boyfriend?” Napalingon ako sa nagtanong, nakalimutan ko ang pangalan. Umiling ako bilang sagot.

“NBSB si Grace, man hater yata,” si Mary na ang sumagot. Hindi ako man hater, ayaw ko lang talaga muna mag boyfriend dahil feeling ko sakit sa ulo.

Tumingin ako sa kalangitan, mag-tatakip dilim na pala at mukhang hindi napansin dahil sa pag-uusap ng iilan sa amin. Umuwi na rin naman ang ibang bisita.

“Hindi pa ba tayo uuwi?” tanong ko kina Renz at Yancy.

“Dito na kayo matulog muna, mag-paalam na lang kayo,” sabi ni Mary. Tumango naman si Renz at kinuha ang cellphone niya, tatawagan niya raw ang daddy niya gano'n din si Yancy. Nanatili lang akong nakatayo rito sa labas dahil wala naman akong dapat tawagan para mag-paalam. Bumalik na rin naman ang dalawa at pumasok na kami sa loob ng mansion.

Unwanted Love

Nakita namin si Kuya Angelo na kasama si Steve. “Hindi pa kayo uuwi?” tanong niya. Bakit ba Kuya ako nang Kuya? Mukhang hindi naman siguro nagkakalayo ang edad namin.

“Ilang taon na Kuya mo?” Bumulong ako kay Mary pero narinig naman nila iyon kaya si Angelo na ang sumagot.

“I’m just 20, you’re 18 kaya huwag niyo na ako tawaging Kuya,” he said. Hindi naman pala masyadong magkalayo ang edad namin, Kuya pa ako nang Kuya.

“Dito muna sila matutulog Kuya, gabi na rin kasi. Bukas na sila uuwi,” sabi ni Mary. Angelo just nodded and smiled.

“Si Steve rin dito na matutulog, tara na at kumain na tayo. Naghanda na ata ng hapunan,” aya niya sa amin.

Naunang maglakad si Yancy at Mary, sumunod naman si Renz at Angelo. Naiwan kami ni Steve rito, pero dahil naiilang ako sa kaniya sumunod na rin ako sa kanila, naramdaman ko rin naman na sumunod siya.

Chapter One

Nasa hapag na kami nang biglang nagtanong si Tita about our lives. “My family are doing good po Tita, maayos din po ang negosyo namin sa ngayon.” Nakangiting sagot ni Yancy.

“That's good, huling kita ko sa mommy mo ay noong debut pa ni Mary, sana makasama ko ulit siya hija,” Tita replied with a smile.

“I will tell her po.”

“Ikaw hijo, ngayon lang din kita nakita at nakilala.” Tumingin siya kay Renz.

“Tita, correction po ulit, it's hija po.” Tumawa lang si Tita sa sinabi ni Renz.

“You're handsome pero tanggap ka naman ng mga tao sa paligid mo kaya sige hija.” Nakangiting wika ni Tita. Kahit talaga 'tong si Renz pinanindigan ang pagiging girlalo.

Unwanted Love

“Ngayon lang po kasi ako sumama sa kanila dahil busy po sa business namin but I will try my best to be with them at the same time,” he said.

“Ano bang business niyo?” tanong ni Tito Fernand.

“We own some restaurants po,” Renz said. Tumango naman si Tito.

Nakaka out of place naman ang usapan nila. Napatingin si Tita sa akin, gano'n din yata sila. Hindi ko na lang pinansin. Nahiya ako dahil wala naman akong maisabay na topic nila, I don't have a business, wala nga akong pamilya business pa kaya.

“How about you Grace? How are you?” bakas sa boses ni Tita ang pag-aalala. Alam niya rin 'yong karanasan ko dahil nai-kwento ni Mary one time sa kaniya.

Lahat na sila nakatingin sa akin kaya ngumiti ako. “I'm doing fine po,” sagot ko. Alam kong hindi 'yon totoo dahil hindi naman talaga maayos ang buhay ko.

“Did you find your brother?” she asked. Halos mapatigil ako dahil sa biglaang pagtanong niya patungkol sa kapatid ko. Ngumiti ako ng tipid nang pigilan siya ni Mary.

“Mom, let's not bring up that topic,” sabi ni Mary, humingi naman ng paumanhin si Tita sa'kin, I understand her naman.

“Okay, I'm sorry, but if you have anything you need, hija, just tell us. You're Mary's friend, huwag kang mag-alinlangan lumapit.” Napangiti ako, I know from the start na mabuti silang tao. I wish I have a mother like her.

Gemorya

“Actually mom, we will help Grace to find a part time job tomorrow,” sambit ni Mary. Kanina pa talaga ako nahihiya dahil nasa akin ang tingin nilang lahat.

“You can work in our company kaso pala need ang graduate doon,” sabi naman sa’kin ni Tita. Hindi pa ako pwede sa mga kompanya. Part time job lang naman ang kailangan ko para sa tuition fee ko, bayad sa apartment at iba pang bagay para sa pag-aaral ko.

“It’s okay Tita, marami naman po ‘jan na pwede kong pasukan.” Ngumiti ako sa kaniya para maniwalang ayos lang naman ako. Bigla akong lumulong kay Steve dahil pansin kong kanina pa hindi gumagalaw ang ulo niya para tumingin sa iba, naka-focus lang sa akin. Umiwas naman siya agad ng tingin, he bit his lower lip, ang gwapo niya kumagat.

“Ano bang hanap mong trabaho?” tanong ni Angelo.

“Fast food will do, or restaurant din or anything po para lang mabayaran ang tuition ko at iba pa,” nahihiya kong sabi, hindi ako confident na mag-share sa iba, lalo na kung hindi ko naman kilala o close ang iilan kong kasama ngayon.

“Girl, you can apply with us,” biglang sabi ni Renz, kaya napatingin ako sa kaniya.

“Yeah right, kina Renz ka na lang pala.” Bakas sa mukha ni Yancy ang saya na para bang may nahulaan dahil lang sa sinabi ni Renz.

“Sa’kin siya magtatrabaho.” Gulat akong napatingin kay Steve nang nagsalita siya. Tumingin sa kaniya sila Yancy.

“Ano naman ang trabaho niya sa ‘yo?” tanong ni Angelo na natatawa pa sa kaibigan.

Unwanted Love

“Anything,” he said coldly. Halos manliit ang mga mata ko sa sinabi niya. Anong anything?

“What anything, Mister? That's illegal, baka mapano ang kaibigan namin.” Pagtataray ni Yancy

“She will be my tutor or what, I don't know. Ako na ang bahala roon,” sagot niya naman. Napakunot lalo ang noo ko. Mukha naman siyang matalino, sure ba siyang kailangan niya ng tutor?

“Nako 'wag na, baka pahirapan mo pa ang kaibigan namin,” sabi ulit ni Yancy, nag-alala talaga siya sa akin, hindi ko rin naman siya masisisi dahil hindi naman namin kilala itong si Steve.

“Huwag kayong mag-alala, mabait ang kaibigan ko, he won't do anything to Grace,” sabi ni Angelo na may malapad na ngiti. Ngiti pa lang ni Angelo, malabong mangyari ang sinabi niya na walang gagawin sa'kin si Steve.

“Don't worry hija, mabait nga si Steve, 'di ba hijo?” segunda naman ni Tito, nakangising aso rin. What's with their face? Weird.

Natapos ang hapunan. Pumasok na kami ni Yancy sa isang guest room, si Renz naman sa ibang kwarto, gusto nga namin na nandito siya dahil babae naman din siya pero ayaw niya baka raw pagnasaan namin siya. In his face.

“Girl bakit kaya napa-alok 'yong Steve na iyon na sa kaniya ka mag-tatrabaho?” tanong ni Yancy nang naka-upo na kami sa kama. Nagkibit balik at ako.

“Hindi ko rin alam pero titignan ko na lang, sabi niya tutor naman daw eh,” sabi ko. Ngumiwi naman si Yancy.

Gemorya

“He doesn’t need a tutor, matalino ‘yon for sure. I think talaga may iba pa eh. We need to find out baka mapahamak ka,” dagdag niya pa. Halata talagang nag-aalala siya sa’kin.

“Don’t worry Yancy, I can handle whatever will happen,” sabi ko. Pinapagaan ang loob niya kung ano man ang iniisip niya ngayon. She cared a lot for me, sila ni Mary.

“But still, basta kapag nagtrabaho ka na sa kaniya balitaan mo kami, we have a group chat naman so you will message us anytime.” Tumango lang ako sa kaniya. I’m not lucky with my family but somehow, I have my friends who are always there for me.

Kinabukasan, lumabas na rin kami sa kwarto at pumunta sa dining area for the breakfast.

“Good morning mga hija,” bati sa amin ni Tita, nakapang-bihis na ito ng pang-alis.

“Good morning Steve,” sabi niya kaya napalingon ako sa likod. Nakatayo si Steve kasama si Angelo. Nagtagpo ang tingin namin kaya umiwas agad ako. Simula kahapon hindi na ako komportable sa tingin niya.

“Umupo na kayo, maagang umalis si Fernand kaya tayo lang muna,” Tita said. Siya na mismo ang naghanda ng mga pagkain kasama ang iba pang kasambahay.

Maraming sinabi si Tita sa amin, dami niyang kwento. Sumabay rin naman si Renz at Yancy. Tahimik lang ako dahil tungkol na naman sa pamilya ang usapan nila.

Natapos ang breakfast namin kaya nagpa-alam si Renz na mauna na siya. “Ihatid ko na kayo,” sabi sa’min ni Mary na nakasunod lang pala sa likod.

Unwanted Love

“Okay, let's go.” Yancy said. Nagpa-alam na rin kami kay Tita. Palabas na sana kami nang bigla akong tawagin ni Angelo. I waited him to say something.

“Kakausapin ka raw ni Steve about sa work mo.” Nakangiti niyang sabi. Tinignan ko si Mary at Yancy para magpa-alam. Tumango naman sila.

“Aantayin na kita para sabay tayo,” Yancy said. She sat down on the couch.

“Ah, si Steve na raw ang maghahatid sa kaniya.” Sabi ni Angelo na nakangiti pa rin. Kumunot ang noo ko sa sinabi niya.

“Okay, si Yancy na lang ang ihahatid ko, ingat ka Grace,” sabi ni Mary. Nagprotesta naman si Yancy, halata sa mukha na ayaw akong iwan.

“Aantayin ko na siya baka ano pang gawin ni Steve sa kaniya.” Angelo chuckled because of what she said.

“You're just paranoid, mabait si Steve, don't worry. Ako na ang maghahatid sa ‘yo,” sabi ni Angelo na may ngiting nangaasar.

“Si Mary na.” Umirap si Yancy kay Angelo, mukhang magkakaroon ng aso't pusa kung magsasama ang dalawa.

“You know what? Na-stress ako sa inyo, sige si Kuya na ang maghahatid sa ‘yo, at ikaw Grace puntahan mo na si Steve at ako'y aalis na. Bahala kayo r'yan.” Umalis bigla si Mary pagkatapos niyang sabihin ‘yon.

Lumabas na rin naman siya nang tuluyan. Nasa likod ni Angelo si Steve, nakatingin sa'kin.

“Sa kotse na tayo mag-usap,” sabi niya nang hindi nakatingin sa akin.

Gemorya

“Tara na, baka nag-aantay na rin si Yancy sa akin,” sabi ni Angelo at naunang maglakad, sumunod na lang ako. Nakasimangot na si Yancy nang makita namin siya, inirapan niya si Angelo. Pinagbuksan naman ni Angelo si Yancy.

“Pasok ka na,” walang ka emosyong sabi ni Steve, pumasok na rin naman siya sa driver seat kaya sumunod na lang ako. Napaka-gentleman talaga, hindi man lang ako pinagbuksan.

“Ano bang trabaho ko sa ‘yo?” tanong ko sa kaniya nang makapasok na kami pareho.

“I don't know, let me think first,” he said.

Wow, hindi niya pa pala alam pero inalok niya ako.

“Hindi mo pala alam eh, kung maka-alok ka,” I said and rolled my eyes on him.

“Marami kang p'wedeng trabaho sa akin pero iniisip ko pa kung saan do'n,” sabi niya naman habang seryoso lang na nagmamaneho.

“Kaya ko naman kapag marami, ano-ano ba 'yan?” I asked. Para sa tuition ko, kung hindi naman illegal e'di sunggaban ko na.

“Tutor?” mukhang hindi pa siya sigurado sa sagot niya. Mawawala na yata ang mga mata ko kakairap sa lalaking 'to.

“You look smart, you don't need a tutor,” pranka kong sabi and rolled my eyes.

“Magkano ba tuition mo?” he asked. Napangiwì ako, para siyang sugar daddy na nagtatanong.

Unwanted Love

“40,000,” diretso kong sagot.

“Yong apartment mo?” tanong niya muli. Bakit ba tinatanong niya, pakiramdam ko tuloy Tatay ko siya.

“2,500 per month.”

Natahimik naman siya, hawak niya ang kanyang baba na para bang nag-iisip. I looked at him, seryoso siyang nagmamaneho at nakatingin sa daan. Ang gwapo niya pala, mapupulang labi, ang haba ng pilik mata, makapal ang kilay na mas lalong lumabas ang kagandahan ng mukha niya.

“Stop staring at me.” Napakurap ako at umayos ng upo. “Hindi mo pa sinabi na saan ang apartment mo,” he said. Oo nga pala, nakalimutan ko. Sinabi ko na 'yong address.

Tahimik lang kami sa biyahe hanggang sa nakarating kami sa kung saan ako nakatira. Hindi pa ako lumabas, humarap ako sa kaniya.

“Naisipan mo na ba kung ano ang trabaho ko? Kung wala pa, maghahanap na lang ako ng i--” He cut me off.

“You'll be my girl, ako na ang bahala sa gastos mo.”

Nanlaki ang mata ko at napasinghap.

“A-ano ka? Sugar daddy?!” sigaw ko dahil sa gulat. Nakaloloka ang isang 'to!

“Mukha ba akong matanda?” inis niyang tanong. The way he said that line, para syang nag-aalok na maging pokpok ako!

“Bakit iyon? Wala bang iba?” I asked. Hindi pa rin makapaniwala.

Gemorya

“Wala, simple lang ang gagawin mo, I will pay your tuition and your rent just be my girlfriend,” walang prenong sabi nito na para bang nag-aalok lang ng puwedeng i-negosyo. Grabe, naloka ako.

“T-teka, bakit nga?” I asked again.

“It's just an act, don't worry hindi naman natin totohanin... unless you want it,” he said and smirked. Kinilabutan ako sa sinabi niya.

“Ang daming iba na p'wede mong gawing girlfriend.” Kunot noo kong saad. Hindi pa rin ako makapaniwala, hindi ko nga alam kung papayag ako o ano.

“Yeah, ayaw mo? E'di hindi ka makakapag-aral,” sabi niya naman na parang nananakot. Napaisip ako. Wala naman sigurong mangyayari 'di ba? Pero pakiramdam ko mali kung papayag ako.

“Bakit nga?! Enlighten me,” pilit ko sa kaniya.

“Kailangan ko lang may maipakilala sa magulang ko na girlfriend, kung hindi ay aalisan nila ako ng mana.” Napa-awang ang labi ko sa sinabi niya.

“We will just act kapag nasa harap nila,” dagdag niya, hindi ako makasagot, nag-iisip pa rin kung gagawin ko ba o hindi. Hindi ko pa alam paano maging girlfriend, naloloka ako.

“Hanggang kailan?” tanong ko.

“I don't know, basta I will just tell you, ako na rin ang magsasabi kung kailan natin itigil. Babayaran ko ang tuition mo ng buo para wala ka ng ibang iisipin kundi ang pag-papanggap lang,” mahaba niyang sabi pero seryoso pa rin. Napabuntong hininga ako. Sakit sa ulo.

Unwanted Love

Grabe, anong gagawin ko? Hindi ko na po-problemahin ang tuition ko, maayos na rin iyon mababawasan ang iisipin. Pero, potek bahala na.

“Okay, deal,” matapang kong sabi. Tumango lang siya at kinuha ang phone niya, inabot niya ito sa akin.

“Put your number,” casual na sabi nito. Kinuha ko naman agad at tinipa ang numero ko.

I sighed. Sana maayos 'tong gagawin ko.

“Pwede na ba akong lumabas?” tanong ko. Gusto ko nang lumayo sa tabi niya.

“Yeah, when will be your first day? May pambayad ka na ba sa apartment mo this month?”

Naawang na lang ang labi ko. Grabe makatanong.

“Monday will be my first day and yes, I already paid for this month’s rent,” sagot ko.

“Sige, I will fetch you on Monday, sa Monday ka na rin mag sisimula sa trabaho mo,” pormal niyang tugon. Akala mo talaga napaka-formal ng trabaho ko sa kaniya.

Tumango ako at lumabas na sa kotse. Napatakbo ako papunta sa apartment ko, kanina pa pala nakatingin ang ibang kasamahan ko rito.

“Sino 'yon? Gwapo ng kotse ah,” bungad sa'kin ni Marideth. Close kong kapitbahay.

Gemorya

“Wala ‘yon, sige pasok na ako,” `yon na lang ang tanging sinabi ko. Pagkapasok, humiga agad ako sa kama at tumulala sa kisame. Ano kaya itong papasukin ko? Magiging maayos kaya ang buhay ko nito?

Napabangon naman ako nang biglang nag-vibrate ang cellphone ko, kinuha ko iyon at tinignan kung sino ang nag-text.

Unknown...

Save this

I heaved a sighed. Hindi na rin ako nag-reply. Hihiga na ulit sana ako nang biglang may tumawag. Isa lang pala sa pinsan ko, anak ni Tita Tisa.

“Hello Jim?”

“Hi insan, kumusta ka r’yan?” tanong niya. Napangiti ako nang marinig ang boses niya ulit, minsan lang may nangungumusta sa akin na kadugo ko.

“I’m okay insan, ikaw? Kayo? Si Tita kumusta siya?” sunod-sunod kong tanong.

“Okay naman kami insan, napatawag ako dahil gusto kang maka-usap ni mama, miss ka na niya.” Ngumiti ulit ako, na-miss ko na rin ang babaeng tumayo bilang mama ko sa mahabang panahon.

“Ibibigay ko na sa kaniya insan, kanina pa nangungulit.” I heard Tita’s voice na binubungangaan ang anak. Mas lalo lang akong nangungulila.

Unwanted Love

“Grace, maganda kong pamangkin, kumusta ka na? Kailan ka ba babalik dito?” hindi ko alam bakit ako napaiyak nang marinig ang boses ni Tita. I miss her. Pinigilan kong mapahikbi, gusto kong umuwi para yakapin siya.

“Ayos lang ako Tita, kapag po nagkapera ako uuwi ako r’yan,” sabi ko habang pinupunasan ang maliit na butil ng luha sa pisngi ko.

“Buti naman, huwag mo pabayaang ang pag-aaral mo at lalo na ang sarili mo. Huwag kang gagawa ng mali sa sarili mo, hindi ko kakayanin hija,” bakas sa boses ni Tita ang sakit. Napatakip ako ng bibig.

“Opo Tita,” sabi ko, siguro naalala niya na naman ang ginawa ko dati.

“Nga pala, Grace, nabalitaan namin na nariyan ang Kuya mo sa Manila.” Napatuwid ako ng upo dahil sa narinig ko.

“P-po? Kanino niyo po nalaman, saan po siya rito?” kinakahaban kong tanong ko.

“Simone Alvarez ang pangalan niya kaya madali mo lang siya mahahanap dahil apilyado ng mama niyo ang gamit niya,” mahabang sabi ni Tita. Napangiti ako. Nabuhayan ako ng pag-asang makita na si Kuya.

“Yon lang ang alam ko hija wala ng iba, pasensya na pero huwag kang mag-alala kapag may nabalitaan kami tatawagan ka agad naning.”

“Ayos lang Tita, sapat na sa’kin ang balitang ibinahagi niyo,” I said.

“Sige na hija, mag-ingat ka lagi ha?” nahimigan ko ang boses niyang mahinahon.

Gemorya

“Opo Tita, kayo rin alagaan mo ang health mo,” paalala ko. Hindi na rin naman nagtagal ang pag-uusap namin kaya nagpa-alam na kami sa isa't isa.

Nang dumating ang Lunes, nagmamadali na akong kumilos, it's our first day. Pagkalabas ko may nakita na akong magarang kotse, ang aga rin ng mga tsismosang kapitbahay ko. Nakatingin sila sa lalaking nakasandal sa kotse. Napatuwid ng tayo si Steve nang makita ako. He's wearing a simple blue shirt at tattered pants. Ang cool ng outfit niya, simple lang pero ang lakas ng dating.

“Ang tagal mo,” bungad niya sa akin, halata sa mukha na naiinip na. Malay ko bang maaga talaga siya. Pinagbuksan niya na ako ng pinto at pumasok na agad ako. In fairness, gentleman siya today.

“You said kapag sa harap lang ng magulang mo 'di ba?” I asked.

“No, sa harap ng marami, sa mga kaibigan mo at sa mga kaibigan ko.” Napaharap ako sa kaniya bigla.

“What? Bakit kasama sila?” I asked, gulat pa rin akong nakatingin sa kaniya dahil sa sinabi nito. Hindi naman sila kasama, ang usapan ay sa pamilya niya lang.

“Para totoo talaga, just do it,” may pinalidad na sagot niya. Hindi ko na siya sinagot dahil nakarating na kami sa University na pinapasukan ko. Lumabas na ako, hindi ko na siya inantay pa.

“I will go na,” tipid kong sabi.

“I will go with you, we will pay your tuition,” he said coldly, para talaga siyang Tatay ko.

“Ilang taon ka na pala?” I asked.

Unwanted Love

“I’m 20.”

Mas matanda siya akin, same lang sila ni Angelo.

“Ang tanda mo na pala, kaya pala para kang sugar daddy kung sabihin mo iyon,” biro ko sa kaniya, he clenched his jaw, at sinamaan ako ng tingin.

“Hindi ako matanda, tara na nga para maka-alis na ako rito, ang init,” sabi niya at nauna pa ngang umalis.

Ang arte naman, ang bossy masyado. Napairap na lang ako habang tinitignan siya.

“Hindi mo alam kung saan magbabayad,” sabi ko habang hinahabol siya, grabe ang bilis maglakad.

Nilingon niya ako. “Ang bagal mo.”

Ang daming reklamo sa buhay.

Nang makarating kami sa cashier. Pinagtitinginan siya ng mga estudyante. Yong ibang babae at bakla kung makatingin kulang na lang kainin nila si Steve.

“You stole attention,” sabi ko.

Lumingon-lingon naman siya. “Sanay na ako.”

Ang yabang ah. E’di siya na sikat.

Nang kami na ang sumunod nilabas niya ang makapal niyang pitaka, napalunok ako nang naglabas siya ng credit card.

Gemorya

“Can I use card?” he asked the cashier girl.

“Y-yes, s-Sir.” Nauutal na sabi ng babae habang nakatingin kay Steve. Harot, parang ngayon lang nakakita ng ganitong mukha.

“Okay, here,” ani Steve at inabot ang card.

“C-can I h-have your ID, Sir?” she asked. Napakunot ang noo ni Steve, mukhang naiirita na siguro sa babae.

“For what?” Binigay ko ang ID ko sa kaniya.

“They need the student ID for the record,” sabi ko naman para matapos na. Napatango naman siya at kinuha ang ID ko, binigay niya iyon sa cashier. I saw how the girl’s forehead creased because of confusion. Nagapalit ang tingin niya sa aming dalawa ni Steve.

“Hindi pala sa inyo, Sir?” she asked sabay tingin sa’kin at ngumiwi. Luh? Inaano kita?

“That’s for my girl, any problem?” Umiling ang babae at nagmamadaling nag-type ng kung ano-ano. Uminit ang pisngi ko nang sabihin niya iyon. Nagbubulongan na rin ang iba na malapit sa amin.

Hinila ko na si Steve palayo dahil marami pang tao nang matapos agad kami.

“Hmm, thank you ah babayaran ko ito,” sabi ko nang maka-alis na sa maraming tao.

“That’s your sweldo, you work for me,” he said. Conyo ka gorl?

Unwanted Love

Oo nga pala edi pagbubutihin ko na lang ang trabaho ko. Ang maging girlfriend niya.

“Hatid na kita sa room mo,” alok niya pero umiling ako.

“Sobra-sobra na ‘yong ginawa mo, ako na ang bahala, ihahatid na lang kita ulit sa parking lot,” sabi ko. May hiya pa rin naman ako kahit magtatrabaho ako sa kaniya.

“I insist, let's go.” Hinila niya ang kamay ko, hindi na ako nakapag reklamo. Akala mo naman talaga alam niya kung saan ang classroom ko.

“Dito na ang room ko, sala—”

“GRACE!” Napalingon ako sa mga kaibigan ko na sabay sumigaw.

“Ow, nandito si Fafa Steve,” sabi ni Renz. Napakunot ang noo ni Yancy at ngumiti naman si Mary.

“Hinatid ka niya?” Mary asked innocently pero bakas pa rin sa ngiting pang-asar niya.

“Oo, aalis na rin siya,” simpleng sagot ko. Tinignan ko naman si Steve para magpaalam na.

“Thank you, you can go na,” mahinang sabi ko sa kaniya.

“Where's my kiss?” Napa-awang ang labi ko at halos manlaki ang mga mata. Narinig kong napasinghap ang tatlo. Shit, pabigla-bigla talaga ang lalaking 'to. At bakit siya nanghihingi ng kiss? Is he insane?

“Why is he asking for a kiss?” tanong ni Yancy, nakita ko kung paano siya siniko ni Renz.

Gemorya

“I’m her boyfriend may mali ba ro’n?” masungit na sabi ni Steve. Nagulat pa lalo ang tatlo.

I bit my lower lip.

“How come? Noong Friday lang kayo nagkakilala,” si Renz naman ang nagtanong, gulat pa rin ang mukha.

“Hayaan na natin sila, let’s support Grace na lang.” Nakangiting sabi ni Mary. Pero hindi ngumiti si Yancy, sure ako papag-explainin niya ako mamaya.

“I will just talk to him,” I said and pulled this guy away from them. He’s crazy.

“What are you thinking?” I asked, pinanliitan siya ng mata.

“I’m just asking for a kiss from my girl,” sabi niya, feeling ko uminit na naman ang buong katawan ko sa sinabi niya.

“Nakahihiya,” I said while biting my lower lip. *Wow Grace, gusto mo rin ba? Maharot ka!*

“Nagsisimula ka na sa trabaho mo, now do it. Sa pisngi lang naman,” parang bata niyang sabi. What’s his problem? Lakas ng trip, kanina lang ay masungit siya.

Nilingon ko ang mga kaibigan ko na nag-aantay sa’kin. I sighed. “Okay fine,” sabi ko.

Hindi ko siya abot kaya nahihirapan ako ng kaunti. “Hindi kita ma-reach,” reklamo ko. Nag-bend naman siya para magka-level kami.

Unwanted Love

Lumingon muna ako kung may iba bang makakakita.

“Nangangalay na ako Grace.”

Umirap ako at hinalikan siya ng mabilis sa pinsgi. Napatuwid ako ng tayo. “Now go,” pagtataboy ko. Uminit ang pinsgi ko dahil sa nangyari, first time kong humalik kahit sa pinsgi lang ‘yon. Shit naman.

“See you later, sabay tayo mag dinner,” sabi niya at ginulo pa ang buhok ko bago tuloyang umalis. Ang bilis ng tibok ng puso ko, what’s happening?

Bumalik ako sa mga kaibigan ko na kanina pa nakatingin sa amin. “Lumalandi ka na,” si Renz na kinurot pa ang tagiliran ko.

“Ang gwapo ni Steve,” sabi ni Mary na nakangiti.

“Explain,” seryosong sabi ni Yancy kaya napakagat ako sa ibabang labi ko.

I explained to them kung ano ang nangyari, nung una nagulat sila pero natanggap rin naman nila at binalaan pa ako.

“Baka mahulog ka, mag-ingat ka,” babala ni Yancy.

Mahulog? Hindi ko pa naranasan ‘yon. Mahulog sa hagdan naranasan na pero sa tao, mukhang malabo. I will just do my job. Babawi ako sa binayad niya sa akin.

Hindi naman siguro mahirap maging girlfriend ng isang Steve Wilkerson.

Chapter Two

It's our last subject. Abnormal Psychology. This is my favorite subject sa course ko.

Pumasok na si Ms. Rieyn. "Good afternoon IA," bati niya sa amin. She's entering with books on her arm, sobra na naman siguro ang lesson namin ngayon.

"The topic for today is all about Mood Disorders and Suicide," panimula niya.

Kaya paborito ko ito dahil dito natutunan namin maintindihan kung bakit nagbabago ng mood ang mga tao at bakit din nila naisipan gawin ang suicide. Suicide is not really good in our lives. It's not a kind of joke.

"Mood disorders are those in which extreme variations in mood either low or high are the predominant feature," Ms. Said, sinulat ko iyon sa notebook ko.

"Most people with mood disorders have some form of depressive disorder dysthymia or major depression," pagpapatuloy niya.

Unwanted Love

Napa-isip ako ro'n. I remember, someone told me about depression or kung paano natin malalaman na depress na iyong tao.

He said, the hopeless outlook is the first sign na depress ang tao, mood disorder is the major depression, well, many of us know that depression is a cruel disease that can affect anyone. The other one is losing interest sa mga bagay na dati mo nang ginagawa, mga dati mong nakasanayan na nawawalan ka na ng interest gawin. Mahirap ma-depress, I have been there and I'm scared that I will come to that again. I hate depression.

“Okay, class dismiss,” teka, hindi ba ako nakinig? Umalis na si Miss kaya lumining ako kay Yancy. Hindi ko narinig ang sinabi ni Ms.

“Anong sabi?” tanong ko.

“We have assignments, hindi ka na naman nakinig, kung saan mo na naman nilagay utak mo.” Umirap siya pagkatapos niyang sabihin iyon.

I sighed, sabay kaming tumayo. “Anong assignment natin?” tanong ko ulit.

“I will send it to our group chat later, but for now I need to go, pinapauwi na agad ako ni Dad.” Tumango ako at ngumiti sa kaniya.

“Me too, may eme-meet daw kami ni Kuya, utos ni Dad,” said Mary. I looked at them, so maiiwan ako?.

“Ikaw Renz?” Luminingon ako kay Renz.

“I need to go na rin, may date ako.” Nanlaki ang mata namin sa kaniya at napa-awang ang labi.

“Date?!” sigaw naming tatlo.

Gemorya

“Yeah, si John.” si Angelo?!

“My brother?!” Mary asked. Tumawa naman si Renz.

“Hindi si Angelo, jusko! ‘Yong isang John na kaibigan ng Kuya mo,” pagpapaliwanag niya. Akala ko naman si Angelo, hindi ko maisip na lalaki ang gusto niya kung nagkataon.

Tumango ako sa kanila. “Sige uwi na rin ako,” sabi ko.

“Sabi ni Steve ‘di ba he will fetch you?” Yancy asked. Oo nga pala, Tinignan ko ang phone ko at may text nga galing sa kaniya.

“Nasa parking lot na raw siya,” I said. They all nodded at nagsimula na kaming umalis.

“Taray, ang gwapo talaga ni Steve,” puri ni Renz.

“Sinundo ka pa, ang swerte naman,” segunda ni Mary.

“Nako, siguraduhin niya lang na hindi ka mahihirapan d’yan sa trabaho mo,” paalala ni Yancy.

“Sino bang mahihirapan sa pagiging girlfriend ni Steve Wilkerson, I stalked him kanina habang nag-di-discuss si miss, he's so sikat naman pala, nag-mo-model din siya,” mahabang sabi ni Renz. Nang stalk pa talaga imbes na makinig, well sabagay hindi rin naman ako nakinig kanina kung ano ang ibang diniscuss ni miss.

Lagot pala ako nito, sikat siya at ako'y isang hamak na babae lang, hindi mayaman. Marami palang fan girls si sugar daddy. Napangiwi na lang ako nang naisip na para siyang sugar daddy sa akin. Shit, I can't imagine it properly.

Unwanted Love

Nakarating na kami sa parking lot at nakita ko na ang kotse niya. Some students looked at him, kinikilig pa nga habang pinagmasdan siya. Agaw pansin naman kasi ang ka-gwapohan ng isang 'to.

Nilingon niya ako at naglakad siya papunta sa akin. Tumili naman si Mary at Renz nang nakalapit na siya. Hindi ako makagalaw habang naglalakad siya. Para siyang anghel na bumaba sa lupa, ang gwapo!

"Let's go," he said. Napakurap-kurap ako, hindi ako makaiwas ng tingin. Nakatulala sa kaniya na para bang siya ang nakikita ko ngayon. Ang gwapo niya! He's wearing a simple maroon long sleeves and maong pants.

"A-ah, s-saan?" I saw him smirked. Shit, bakit ba ako nauutal?

"Anywhere," he answered. Tiningnan ko sila Yancy.

"Mauna na ako," paalam ko. Tumango lang din naman sila sabay at ngumiti maliban kay Yancy.

"Saan ba tayo?" I asked him pero seryoso lang siyang nakatingin sa harap.

"Sa mall, bibili tayo ng mga damit mo. Ang panget ng mga suot mo e." Wow lang ah. Humarap ako sa kaniya. Napaka!

"Ang kapal mo naman Sir, simplicity is beauty!" I said and rolled my eyes on him.

"Simple pero wala kang beauty." Teka bakit siya nang-aasar ngayon.

"Excuse me lang ah, maganda ako," I said while pouting.

Gemorya

“Don't do that again,” sabi niya at kinagat ang ibabang labi, napa-kunot ang noo ko.

“What?” I asked.

“Pouting, don't do that again, hindi bagay.” Ang kapal niya talaga!.

Bakit ba ganito ang boss ko. hindi ko na siya kinausap hanggang sa huminto siya sa parking lot ng isang mall. Hindi ko na siya hinantay lumabas kaya ako na ang nauna.

“Antayin mo ako, baka maligaw ka,” sabi niya sa likod ko.

Duh, hindi naman ako boba para maligaw sa mall ‘no, mahirap ako pero nakakapunta naman ako sa mga ganitong lugar. Ginagawa niya talaga akong ignorante!

Nagsabay na kaming naglakad. Hanggang dito ba naman pinagtitinginan pa rin siya. Nakahihiya naman pala ‘yong suot ko, simple lang ang suot niya pero nagmumukha na siyang mayaman, ako, simple nga lang pero nagmumukhang mahirap. Hustisya naman!

Nauna na siyang naglakad kaya nakasunod lang ako sa kaniya. Kahit nakatalikod siya bakit ang gwapo pa rin tignan. Nasa labas siguro to no’ng nagpa-ulan ng ka-gwapohan ang Panginoon. At bakit ba kanina ko pa ito pinupuri, my gosh Grasya!

Huminto siya sa isang store na puro damit, halatang pang-mayaman. Ano naman ipambibili ko rito?

“Bakit tayo andito?” tanong ko.

Unwanted Love

“Bibili nga ng damit, halata naman nagtatanong pa.” Bakit ba ang sungit ng isang ito?

“Wala akong pera, hindi ko afford ang mga paninda rito,” sabi ko sabay talikod.

“Sino bang nagsabi na ikaw bibili?” tanong niya naman. Nanlaki ang mata ko, dahil sa naisip ko.

“Gosh! Ikaw ang bibili? Hindi mo sinabi na nagsusuot ka ng mga ganitong damit!” sabi ko sa kaniya. He clenched his jaw, at tinignan ako ng masama, napalunok naman ako dahil sa titig niya.

“Tanga mo, sabi ko ‘di ba kanina bibili tayo ng damin mo, kaya ako ang magbabayad, bilisan mo na mamili ka ro’n.” Bakit ka galit? Psh. Hinayaan ko na siyang umupo sa sofa rito.

“Boss amo,” tawag ko. Napataas ang tingin niya.

“What did you call me?” he asked.

“Boss amo,” ulit ko, mas lalong kumunot ang noo niya.

“Is that your endearment for me?” tanong niya naman, among endearment pinagsasabi nito?

“Of course not, boss amo, kasi boss kita amo pa, hindi mo ba alam ‘yon?” asar ko pa.

“Call me love, not that shit.” Napa-awang ang labi ko.

“A-anong love? Hindi naman tayo nagmamahalan.” Hindi ko maisip ‘yon ah. Ngumisi naman siya, kinalibutan tuloy ako.

Gemorya

“Then love me,”

Feeling ko tumaas lahat ng balahibo ko sa katawan sa sinabi niya.
Kaloka!

“Ewan ko sa ‘yo Wilkerson, mamimili na ako ng damit, buset.”
Tumayo na ako.

“Sasamahan na kita,” he said. Kumuha siya ng basket. Pinagmasdan ko lang siya, napapailing sa lalaking ‘to.

Nagsimula na akong namili ga mga damit, lahat ng mga nahawakan ko pa lang nilagay ni Steve sa basket, hindi ko pa nga nasusukat eh.

“Bakit mo nilalagay agad? Sayang kapag hindi kasya sa akin, hindi ko pa iyan nasusukat!” inis kong sabi. Tumigil naman siya sa paglalakad at nilingon ako.

“Kasya sa ‘yo ‘yan, base naman sa kinuha mo, malilit t’saka payat ka parang bata kaya kasya ‘yan.” Napahilamos ako sa huli niyang sinabi, bata?

“Anong bata?” tanong ko, para ba akong bata? Tinignan niya naman ako sa mata at bumaba sa dibdib ko kaya agad ko iyong tinakpan kahit I’m wearing fitted shirt naman. He just chuckled.

“Ang liit kasi, kaya para kang bata.” Natatawa niyang wika. Pakiramdam ko uminit ang pisngi ko dahil sa sinabi niya.

“Pervt!” I almost slap him pero natigilan din, tumalikod ako sa kaniya. I looked at my chest, damn you Steve! May laman, kahit kaunti lang.

I heard his footsteps. Nang nasa tabi ko na siya at nagsalita na naman ng hindi ka aya-aya.

Unwanted Love

“We can do something for that.”

“You know, para lumaki,” dagdag pa niya.

Hinarap ko siya at tinignan ng masama.

“Boss amo, ang bastos mo po,” inosente kong sabi. ngumiti naman siya at umiling.

“Are you still virgin?” Agad kong tinakpan ang bibig niya. Tumingin ako sa paligid kong may nakarinig ba.

“Bakit ba ang daldal mo? Pwede ba manahimik ka muna baka maisipan kong mag-resign sa trabaho na ito!” Inalis ko ang kamay ko na nakatakip sa bibig niya. Hindi bagay sa kaniya ang pagiging madaldal!

Natapos naman kami kaya binayaran niya na lahat ng nasa basket. Nakahihiya ‘yong mga tinginan ng mga tao rito.

Pumasok kami sa isang magarbong restaurant sa loob ng mall na ‘to at nagsimula na rin kumain para sa lunch. Nahihiya pa ako pero dahil gutom na, inalis ko iyon. Walang hiya-hiya sa taong gutom.

“Sa Sabado dadalhin na kita sa amin,” bigla niyang sabi kaya napatigil ako sa pagnugua.

“Agad-agad?” tanong. Bigla akong natakot.

“Yeah, my lolo asked again about my girlfriend,” he simply said. Sa Sabado pa iyon pero bigla akong kinabahan. Paano kapag nagkamali ako.

“Anong gagawin ko?” tanong ko. Lunes pa lang ngayon huwag ka munang kabahan, Grasya.

Gemorya

“Ang maging girlfriend ko lang, huwag kang mag-alala naroon naman ako.” Pampalakas loob niya kahit wala namang nagawa para lumakas ang loob ko.

“Malamang dapat naroon ka, baka magkamali ako.”

“Kung magkakamali ka parurusahan kita.”

Gulat akong tumingin sa kaniya.

“Anong parurusahan?” tanong ko.

“I will punish you,” sabi niya, nagtataka ako sa parusang sinasabi niya. Ang brutal naman pala ng boss amo kong ito.

“Anong parusa? Bakit mo ako parurusahan? Hindi ba pwedeng pag-usapan na lang?” sunod-sunod kong tanong.

“P’wede naman tayong mag-usap lang.”

Nakahinga ako ng maluwag do’n.

“Mabuti, mag-uusap lang kapag nagkamali ako,” sabi ko naman. Pinagpatuoy ko na lang ang pagkain ko.

“Mag-uusap sa kwarto ko at doon ka paparusahan.”

Bigla akong nasamid.

“What the!” I shouted, wala na atang pake kung may ibang tao man.

“Kidding, basta huwag kang magkakamali. Hindi mo magugustohan ang gagawin ko,” seryoso niyang wika. Kinakabahan na nga ako sa sabado, mas lalo pang kinabahan sa sinabi niya. this guy is getting on my nerves!

Unwanted Love

Natapos kami kaya ihahatid niya na ako pauwi. Habang nasa byahe iniisip ko pa rin ang pamilya niya.

“Nakakatakot ba ang pamilya mo?” tanong ko.

“Medyo?”

Hindi siya sure ah.

“Medyo? Hindi ka sure, ano nga?” tanong ko.

“Hindi ko alam, mabait naman siguro?” Hindi niya pa rin sure, mas lalo tuloy akong kinabahan.

“Ako ang bahala sa ‘yo,” okay fine, siya ang bahala sa akin. Kinakabahan lang ako na baka pumalpak.

“We're here.”

“Thank you,” I said. Bumaba naman siya at binuksan ang likod sa kotse, kinuha niya ang mga nabili namin at inabot sa akin.

“Wear nice on Saturday, I will not see you tomorrow to Friday, so see you on Saturday,” sabi niya. Para naman akong nalungkot na hindi ko siya makikita ng ilang araw.

I just nodded at kinuha na ang mga paper bags.

“Okay, thank you and take care.” He just nodded at pumasok na sa kotse. Tinignan ko lang siyang unti-unting nawala sa paningin ko. I sighed. Bakit ako nalulungkot na hindi siya makita bukas hanggang Friday? Gosh Grace, huwag gano’n, bawal ‘yon.

Gemorya

Pumasok na ako sa loob at nagpahinga na. Bukas ko na lang iisipin ang tungkol sa Sabado.

Biglang sumagi sa isip ko si Kuya, nasaan kaya siya rito sa Manila. Maayos kaya ang lagay niya? Kilala niya kaya ako? Iniisip niya rin ba na may kapatid pa siya?

Gumising ako kinabuksan na masakit ang ulo. Dahan-dahan akong bumangon dahil nahihilo ako. Ano bang ginawa ko kahapon? Kumain lang naman, nasa mall lang naman pero bakit nahihilo na naman ako.

Pumunta na ako sa kusina para magluto dahil may pasok pa ako. Bitbit ko ang plato pero hindi ako mapakali dahil nanginginig ang kamay kasabay ang pagsakit ng ulo ko. What happened to me? Hindi ko kayang kumilos nang mabilis dahil sobrang sakit talaga. Nabagsak ko ang plato at napahawak ako sa ulo ko, napaupo sa sahig, napasabunot sa ulo nang naramdaman na sumobra ang sakit.

Tumayo ako dahan-dahan papunta sa lamesa na nasa tabi ng kama ko, tatawagan ko na lang si Yancy sasabihin kong hindi ako papasok. Nang hawak ko na any cellphone, nangingig pa rin ang kamay ko.

“Hello, saan ka na girl?” bungad niya.

“Hindi muna ako papasok ngayon,” sabi ko.

“Huh? Bakit? Okay ka lang ba?” sunod-sunod niyang tanong.

“Sumakit ulo ko, pasabi na lang sa mga prof natin hindi ako makakapasok,” I spoke.

Unwanted Love

“Pupuntahan ka namin after class, magpahinga ka lang at uminom ka ng gamot.”

Umu-o na lang ako at ibinaba na ang cellphone. Bakit sobrang sakit ng ulo ko? Napahiga ako sa kama, hinayaan ang sariling makapagpahinga.

Nang dumating ang hapon nakarinig na ako ng katok sa pinto. Nawala na rin naman unti ang sakit kaya tumayo ako para pagbuksan kung sino man ang kumatok.

Bumungad sa akin ang mukha ng tatlo.

Pumasok naman sila agad. Sunod-sunod na ang mga tanong nila pero hindi ako makasagot.

“Ano bang nangyari?” tanong ni Renz.

“Paanong masakit?” Si Mary.

“Dadalhin ka namin sa hospital para ma check-up ‘yan.”

Umiling ako sa sinabi ni Yancy. Hindi naman kailangan.

“Wala akong pera, migrane lang ito, maayos rin,” sabi ko. Pero bigla akong sumigaw at napahawak sa ulo ko. Shit, what the fuck is happening to?

“Let's go Grace, hindi na ‘yan maganda, pupunta tayo sa hospital,” Yancy said. Hindi na ako makapagsalita, hinayaan ko na lang na alalayan nila ako.

Pinasok ako sa kotse ni Renz. Nasa harap si Mary at kami ni Yancy ang nasa likod. Napahawak pa rin ako sa ulo ko. Dumating kami sa hospital.

Gemorya

Kausap ko ngayon ang Doctor pagkatapos niya akong e-check up. Naiwan ang tatlo sa labas.

“Miss Alvarez,” tawag sakin ng Doctor kaya umupo ako sa harap ng lamesa niya.

“Doc, ano po bang meron?” kinakabahan kong anong.

“Miss Alvarez, are you with your family?” she asked. Umiling ako.

“Mag-isa lang po ako.” Nakayuko kong sagot.

Bakas naman sa mukha niya ang lungkot. Hindi dapat kayo malungkot, hindi dapat kayo maawa sa akin.

“Your condition is not good, kapag lumala pa ito delikado na,” sabi niya. Nagugulohan tuloy ako.

“Ano pong ibig niyong sabihin?” Hinawakan niya ang kamay. Umiwas ako ng tingin nang makitang malungkot na naman ang kanyang mukha.

“Doc, tell me...”

“You have a brain cancer Miss Alvarez.”

Chapter Three

Nanghina ang aking mga tuhod nang marinig ko ang sinabi niya.

“D-doc, a-anong gagawin ko para... p-para gumaling ako?”

Kahit alam kong malabo gusto ko munang gumaling, kahit gusto ko na rin mamatay, pero iniisip ko ang Kuya ko, gusto ko muna siyang makita bago ako mawala.

“Kailangan mo'ng ma-operahan agad bago pa lumala.” Natahimik ako, saan ako kukuha ng pera? Wala akong kilala.

“Doc, wala akong pera,” mahinang wika ko.

May binigay ang Doctor na resita ng gamot para sa akin, pati mga gamot wala akong pambili. Pinunasan ko muna ang luha ko bago lumabas.

Walang ibang dapat makaka-alam sa sitwasyon ko, ayaw kong maging pabigat sa mga tao sa paligid ko. Mamaya ko na lang iisipin ang lahat.

Gemorya

Nakalabas na ako sa office ni Doc at bigla naman tumayo ang tatlo kong kaibigan. Bakas sa mga mukha nila ang pag-aalala, binigyan ko sila ng malawak na ngiti. Hangga't kaya ko pang ngumiti, ibibigay ko sa inyo 'yon.

“Kumusta? Ano raw ba ang nangyari?” tanong ni Yancy.

“Migraine lang naman daw, kailangan ko lang magpahinga.” Sana nga migraine lang. Mukha naman silang naniwala.

“Huwag ka na kasing magpaka-stress, tara na libre ka na lang namin.” Hinila ako ni Mary. Tumango ako sa kanila at ngumiti.

Sumakay kami sa kotse ni Renz at dumiretso sa restaurant nila.

Pinag-usapan lang namin ang mga na-miss kong lesson sa araw na ito kaya todo kinig ako, nang bigla nilang tinanong ang tungkol kay Steve.

“Kumusta naman ang trabaho mo sa kaniya?” tanong ni Renz habang ngumunguya.

“Ayos lang naman, sa Sabado raw ipapakilala niya na ako sa pamilya niya,” simpleng sagot ko.

“Paano kapag na-inlove ka d'yan sa pinaggagawa niyo?” out of nowhere na tanong ni Yancy. Hindi agada ko nakapagsalita.

Paano nga ba? Ayaw kong magmahal, natatakot ako, parang ayaw ko rin mahalin ako kasi mawawala lang din naman sa mundo ang isang ako.

“Hindi ko alam, bahala na si spiderman.” Hindi ko talaga alam, nawawalan na akong alam sa mga bagay simula ngayon.

Unwanted Love

Naisip ko lang na habang nag-tatrabaho ako kay Steve bilang girlfriend niya maghahanap din ako ng ibang trabaho para sa mga gamot ko at mag-iipon para sa operation ko. Kailangan ko munang maging malakas, si Kuya hahanapin ko pa.

“Puwede ba akong humingi ng pabor?” tanong ko sa kanilang tatlo. Napatigil tuloy sila sa pagkain at tumingin sa akin.

“Kahit ano Grasya, ano ba ‘yan?” wika ni Renz.

Huminga muna ako ng malalim, kung tutulongan nila ako mapapadali kong mahanap si Kuya.

“Puwede niyo ba akong tulungan hanapin ang Kuya ko?”

“Kuya mo? Gwapo ba ‘yan, kung gwapo iyan tutulongan talaga kita.” Napangiti ako sa sinabi ni renz, kahit papaano gumaan ang pakiramdam ko.

“Hindi ko pa siya nakikita,” pagkasabi ko no’n gulat namang napalingon si Renz, siya lang ang hindi pa nakaka-alam sa kwento ng pamilya ko.

“Paano natin sya makikita kung hindi mo pa pala alam ang fezluk niya?” he asked.

“Alam ko lang ang pangalan niya, pina-ampon daw siya ng Nanay ko bago ako maipanganak,” I said.

“Ano ang pangalan niya? Magpapatulong ako sa pinsan ko na magaling maghanap ng tao,” Yancy suggested.

Lumiwanag ang mukha ko. “Simone Alvarez,” I answered.

Gemorya

“Okay Grace, we will help you,” she said. I smiled at them. I am so grateful to have them in my life as my friends.

Natapos kaming kumain kaya hinatid na nila ako sa apartment ko.

Maayos pa naman ang mga araw ng pagpasok ko, hindi nga kami nagkita ni Steve, hindi na rin siya nag-text kaya hinayaan ko na lang, ihahanda ko na lang ang sarili ko sa Sabado.

Nakahanap na rin ako ng part time job sa isang cafe malapit sa university namin. Sapat na rin sa akin ‘yong sweldo para lang sa mga gamot ko.

Dumating ang araw ng Sabado kaya ito ako ngayon nahihirapan kong ano ang susuotin. Hindi ako sanay sa mga ganitong damit. Kinuha ko ang phone ko para i-chat ang tatlo sa GC namin.

Me: Punta kayo rito, patulong lang sa susuotin.

Renz: ay bet, on my way!

Mary: sure, grasya.

Yancy: Okay, sakto wala akong gagawin today.

To the rescue talaga ang tatlo, napangiti ako dahil nariyan sila para tulungan ako.

Naligo ako at inantay silang dumating, kahit hindi pa nag-text si Steve. Baka kasi biglaan na naman dumating ‘yon dito tapos hindi pa ako nakayos. E’di malalagot na naman ako.

Unwanted Love

My phone rang, sinagot ko ito na hindi tinitignan kong sino ang caller.

“Susunduin kita around six,” sabi ng nasa kabilang linya at pinatay na agad ang tawag. Grabe ang bastos talaga ng lalaking iyon. Ano kayang mangyayari mamaya? Mababait kaya ang pamilya niya?

Dumating na rin naman ang tatlo. Nagtatalo pa sila kung ano talaga ang susuotin ko, si Mary ang nagmake-up sa akin, si Renz naman ang nagtagumpay sa susuotin ko.

It's a red fitted dress na may slit, medyo maiksi para sa akin kaya hindi rin ako comfortable.

“Girl ang sexy mo, kailangan mo lang medyo palakihin ‘yong pakwan,” sabi ni Renz na nagpatawa sa dalawa, e’di sila na malaki ang pakwan. May laman rin naman ito, sapat na ako ro’n.

“Ayos na ‘yan, balang araw lalaki rin yan,” gatong naman ni Yancy.

“Kutongan ko kayo d’yan eh.” Inirapan ko sila, kung makalait naman ‘tong mga ‘to.

Tumingin ako sa relo ko at unting oras na lang palay ay susunduin na ako ni Steve.

“Six daw ako susunduin,” sabi ko sa kanila.

“Ang ganda mo, baka pag nagustohan ka ng pamilya niya totohanin niya na ‘yan.” Nakangiting wika ni Mary. Malabo.

“Malabo ‘yon,” saad ko. Kinakabahan na ako at iyon lang lagi ang iniisip ko, hindi naman talaga mahalaga kung tatanggapin ako o hindi.

Gemorya

“Nandyan na ‘ata siya,” sabi ni Renz nang narinig namin ang katok. Binuksan naman iyon ni Yancy.

“Where's Grace?” bores pa lang kilala ko na.

“Nandito, pasok ka,” Yancy said.

Nakahihiya masyadong maliit ang apartment ko para sa kaniya, ang kalat pa.

“Ang tagal mo, tara na.” Pagsusungit niya. Nilibot ang tingin sa loob. I rolled my eyes, napaka-bossy talaga.

“Oo na, tara na.” Nilingon ko ang tatlo. “Alis na rin kayo.” Pagtataboy ko sa kanila.

“Yeah, gutom na rin kami,” sabi ni Mary.

“Pumasok ka na,” he said coldly. Ang aga pa para magsungit.

Binuksan niya naman ang pinto sa front seat kaya pumasok na ako. Nagsisimula na naman akong kabahan.

Tahimik lang ako dahil kinakabahan na. Sa mukha pa lang ng lalaking ‘to, nakakatakot na, gano’n din siguro ang pamilya niya.

“You're beautiful today.” Napalingon ako bigla nang sinabi niya ang salitang dahilan ng pagka-init ng pisngi ko. He looked at me seriously, pakiramdam ko may mga kabayong nagtatakbohan sa dibdib ko, his eyes, ang ganda pagmasdan.

“T-thank you,” I said and looked away.

Unwanted Love

Nakahihiya, wala lang naman sa akin na masabihan akong maganda ng iba pero bakit pag dating sa lalaking ‘to, there’s something na parang gusto kong pakinggan ulit. Harot.

“You’re nervous,” he said.

Of course, I am. Idiot!

Sa tuwing kinakabahan kasi ako hindi ko na alam anong sasabihin ko. Gusto ko na lang hindi magsalita at hayaan ang kaba’ng mawala.

Nagtagal ang biyahe pero bawat paghinga lang ang naririnig namin. Walang ni isa ang sumira ng katahimikan hanggang sa dumating na kami.

Hinawakan ni Steve ang kamay ko. Ang labot ng kamay niya, kamay mayaman talaga ang isang ‘to.

Napatigil ako sa paglalakad at tinignan ang kamay naming magkahawak, naramdaman niya rin na tumigil ako kaya tinignan niya akong nakakunot ang noo.

“Let’s go, huwag kang ma-fall sa kamay ko.” Hinila niya ako bigla. Hindi pa nga ako handa eh!

Oo nga naman Grace, huwag kang ma-fall, hindi ka dapat mahulog sa taong ‘to. Hinayaan ko na lang ang kamay namin kahit kanina pa nagwawala ang dibdib ko.

Nakarating na kami sa isang malaking bahay.

“Bahay niyo? Ang laki naman,” puri ko.

“My grandfather’s mansion,” he said.

Gemorya

I nodded. *Sana all.*

Pumasok na kami sa loob, may nakahalerang mga maid, hindi ko sila mabilang dahil ang dami. May mga bodyguards din, ang lalaki ng katawan.

“Grabe, ang yaman,” bulong ko habang iniikot ang tingin sa loob. Ang laki, para ng palasyo.

May dumating na matandang babae.

“Good evening young master,” sabi niya at yumuko, gano’n din ang mga nakahalerang mga maids at guards.

Taray ah, young master. Tumingin ako sa katabi ko, walang emosyon niyang tiningnan ang mga tao. Sungit.

“Saan sila Lolo?” tanong nito.

“Nasa dining na po at inaantay kayo,” sagot naman ng babae.

Nauna na siya sa amin. Habang dahan-dahan akong humahakbang, kinakabahan na ako. Hawak pa rin ni Steve ang kamay ko.

“Good evening master,” sabi ni Steve at yumuko. Tumango lang ang lalaking matanda, ito na siguro ang Lolo niya.

Umalis si Steve sa pagkahawak sa akin at pumunta sa isang napakagandang babae.

“Hi Mom.” Pinagmasdan ko lang siyang binabati ang pamilya niya, gutso ko na agad umuwi. Hindi ito ang mundo ko.

“Hello son,” the lady said.

Unwanted Love

Apat ang narito pero ang haba ng lamesa nila. Kaloka. Lumapit sa akin si Steve at nilagay niya ang kamay sa bewang ko. Bawat paghawak niya talaga sa akin ay nakukuryente ako.

“Master, Mom, Dad, Charisse, this is Grace, my girlfriend.”

Chapter Four

Hindi nagsalita ang pamilya ni Steve, mas lalo tuloy akon'g kinabahan. Steve pulled the chair for me at tumabi na siya sa akin. Nakayuko lang ako sa kinaupoan ko. ‘Yong kaba ko nag-uunahan na.

“So, kailan naging kayo?” biglang tanong ng Daddy niya.

“Last week dad,” simpleng wika ni Steve.

“Last week? Bago lang.” Napaiwas ako ng tingin nang makitang nakatingin sa akin ang Nanay niya habang sinasabi iyon.

Pamilya ba sila ng malalamig, ang cold magsalita.

Gemorya

Napatingin kami lahat sa Lolo niya nang tumikhhin ito. Tumingin siya sa akin nang dahilan ng pagtigil ko sa paghinga, pati ‘yong tingin niya ay sinusuri ako.

Bakit ba narito ako sa sitwasyon na 'to.

“Ano ang pangalan mo hija?” Halos matuod ako sa kinaupuan ko nang marinig ang malamig niyang boses.

“G-Grace Alvarez po,” sagot ko.

“Anong trabaho ng pamilya mo?” Shit, ito na naman.

“Wala po Sir.” Nakayukong kong sagot. Nakahihiya tumingin sa kanila.

“Wala?” Nakakunot noo nitong tanong.

Bawal ba sa pamilyang 'to ang walang trabaho ang pamilya ng magiging girlfriend ng pinakamamahal nilang Steve? Kung gano’n bawal pala ako rito. Hindi ako nararapat.

“Master, wala po’ng trabaho ang pamilya niya,” si Steve na ang nagsabi.

Sumama ang tingin ng matanda kay Steve at nakakunot ang noo habang sinusuri pa rin ako, para ba’ng isang kahibangan na nandito ako sa harap nila, sumasabay na hindi naman ako nababagay. Gano’n din ang Mama’t Papa ni Steve.

“Bakit siya ang girlfriend mo? Sinabi kong maghanap ka ng may kaya, mayaman at higit sa lahat may connection,” bakas sa boses ng matanda na galit ito.

Unwanted Love

Bigla akong nanliit sa sarili ko. Dapat wala akong pake kung ano man ang sasabihin ng iba patungkol sa buhay ko.

“Master, please respect my girlfriend,” seryosong sabi ni Steve, he clenched his jaw. I can feel his hand holding mine, kinabahan na ako lalo.

“Ikaw ang rumespeto Steve! Ilang ulit ko ng sinabi na huwag ka'ng maghanap na ganya'ng babae!” sigaw ng matanda.

Napayuko ako dahil sa kakahiyang, gusto ko nang umalis.

“We're leaving,” Steve said and he pulled me away from his family.

Narinig pa namin ang tawag nila pero hindi huminto si Steve kakahila sa akin hanggang sa nakalabas kami.

Huminto kami sa harap ng kotse ni Steve at hinarap niya ako pero nakayuko pa rin ako. Ganito ba talaga ang mayayaman, ang matapobre, kung gano'n din naman, ayaw ko na yumaman kung pera lang ang dahilan ng pagtakbo ng buhay nila.

“I'm sorry of what my family did,” he said. I looked at his eyes na puno ng awa. Gusto kong matawa, nakita ko na naman sa mukha ng tao ang awa nila sa akin, naiinis ako.

“It's okay, pero paano ba iyan maghahanap ka ng bagong gaganap ‘yong tanggap ng pamilya mo?’” bawat bigkas ko sa salitang ito, nasasaktan ako na hindi ko malaman ang dahilan.

“I don't know, bahala na.”

I smiled. Even I, hindi alam kung anong gagawin.

Gemorya

“Ihahatid na kita.” Tumango na lang ako bilang tugon.

Habang nasa byahe tahimik lang kaming dalawa. Iniisip ko pa rin ang panlalait ng Lolo niya kanina. Dapat babalewalain ko 'yon pero bakit tumatagos pa rin 'yong sakit. Bakit kasi wala akong pamilya, bakit kasi mag-isa lang akong lumalaban sa buhay.

“Grace.” Napalinging ako sa kaniya. “I’m sorry,” he said, napangiti ako. Kahit pala gaano ka matapobre ang pamilya niya may mabait na side pa rin itong lalaking ‘to.

“Ayos lang 'yon, huwag ka na mag sorry,” I said with a smile on my face.

“Nandito na tayo.”

“Salamat, Steve. Sabihan mo lang ako kung tama na ang pagpapanggap.” Ngumiti ako sa kaniya.

Sumeryeso naman siya. he looked at me in the eyes, down to my lips. Nabigla ako nang bigla siyang lumapit, I can smell his scent, ang bango.

“A-anong ginagawa m-mo?” kinakabahan kong tanong. Pero imbes na sagutin ako, hinawakan niya ang leeg ko, at sinakal, charot.

“T-teka, anong g-gawin mo?” nauutal ko pa ring tanong.

Lumapit siya lalo, paatras naman ako nang paatras at palapit siya nang palapit. Hanggang sa dumampi ang malabot niyang labi sa labi ko. Iginilaw niya ang labi niya pero hindi ako makasabay, gosh hindi ako marunong humalik, help!

Unwanted Love

Gumalaw ang kanyang kamay sa likod ko, gusto kong kumawala pero may parte sa sarili ko na ayaw gumalaw. Ang landi mo Grasya, jusko ka!

“Open your lips,” he said with a husky voice.

Ginawa ko naman agad dahil nga maharot ako sa part na 'to. Ginalaw niya pa lalo ang labi niya at nakasabay na ako kahit hindi sigurado kong tama ba ang ginagawa ko.

Nanlaki ang mga mata ko nang napunta ang kamay niya sa isa kong dibdib.

“Palakihin natin,” sabi niya nang dahilan ng pagtulak ko sa kaniya. Pareho kaming naghahabol ng hininga naming dalawa.

“Bastos ka,” inis kong sabi pero ngumisi lang siya.

“Gusto mo naman, ituloy natin sa loob?” Napanganga ako at hinampas siya.

“Mauna na ako, salamat sa paghatid.” Nagmamadaling akong bumaba. I heard him chuckled. Hindi ko na siya nilingon.

Tumakbo ako papasok sa apartment. Napangiti ako at hinawakan ang labi ko, ramdam ko pa rin ang halik ni Steve.

What did you do to me, Steve? Bawal ako magkagusto sa 'yo, bawal ka rin magkagusto sa akin.

Ginawa ko ang evening routine ko bago humiga sa kama. Gusto ko ng matulog pero naiisip ko ang ginawa ni Steve kanina.

Gemorya

Bakit niya ako hinalikan? Gusto niya ba ako? Pero malabo, sa isang klaseng lalaki ni Steve, hindi ang tulad ko ang gugustohin niya.

Kung anu-ano na ang naiisip ko hanggang sa dumako ang tingin ko bote na nasa tabi ko, kinuha ko ito at pinagmasadan lang. Kung lagi ko bang inumin ang gamot na ito, mabubuhay ako ng matagal? I sighed bago binagsak ang katawan sa kama.

Linggo kaya may whole day work ako. Kailangan kong kumita para sa mga gamot ko.

Nagmamadali akong kumilos para maka-alis na. Sumakay lang ako ng jeep papunta sa trabaho, pagkarating ko nagmamadali na rin akong magbihis.

“Good morning ma’am,” bati ko sa Manager namin.

“Good morning, sige na bilisan niyo at magbubukas na tayo.”

“Good luck sa una mo’ng araw Grace,” Trisha said. Siya ang nagpasok sa akin dito.

“Thank you, Trish,” I replied and smiled to her.

Hindi rin naman nagtagal dumami ang mga customer. Our manager guided me, buti mabait ang mga kasamahan ko.

“Grace favor naman oh.” Napalingon ako kay Jasmine. Huminto ako at nilapag ang tray sa counter.

“Yeah sure, ano ‘yon?” tanong ko.

Unwanted Love

“Ikaw na kumuha ng order ng mag-jowa doon oh.” Turo niya sa gilid.

Tinignan ko ito, nakatalikod lang ang lalaki pero kita ko kung gaano kaganda ang babae. Tumango ako kay Jasmine at umalis na para puntahan ang sinabi niya.

“Hello po, can I get your order?” Nakangiting kong sambit.

Tumingin ako sa babae na nakangiti sa akin. Nanlaki ang mga mata ko nang tumingin ako sa kasama niyang lalaki. Lumipat ako sa kamay nilang dalawa, hawak-hawak ng babae ang kamay niya.

“Can I have frappe na lang and chocolate cake please, ikaw love anong gusto mo?” hindi ko napansin ang sinabi ng babae dahil nakatingin lang ako sa lalaking kaharap ko, gano’n din naman siya. Gulat ang kanyang reaction.

“Miss.” Nabalik lang ako sa wisyo nang tawagin ako ng babae. Bakit may kirot akong nararamdaman. Lumunok pa ako ng isang beses at tumingin sa babae sabay ngumiti.

“Okay Ma’am. How a-about y-you Sir?” I asked him while avoiding his gaze. Nakatingin lang ako sa hawak kong ballpen at papel. Ramdam kong nanginginig ang kaloob-looban ko.

“Same as her,” he said. Tumango ako at nagmamadaling isulat ang orders nila.

“Right away po,” sabi ko at tumalikod na. Bigla akong naghina at napatigil nang makarating ako sa kitchen.

Lumapit sa akin si Jay. “Ayos ka lang Grace?” he asked.

Gemorya

“Yeah, ito ‘yong order.” Inabot ko sa kaniya ang listahan sa kaniya.

Hindi nawala sa isipan ko ang mukha nilang dalawa, ang kamay na magkahawak. May iba na ba siyang nakita para magpanggap na girlfriend niya?. Bakit ako nasasaktan sa nakita ko?

“Grace may naghahanap sa ‘yo.” Tumingin ako sa tumawag sa akin, si Trisha.

“Sino raw?” I asked.

“Hindi ko kilala eh, pero gwapo siya, ayon oh sa may counter inaanatay ka, sige na ako na bahala rito,” sagot niya naman.

Nagtaka naman ako kung sino ang maghahanap, baka si Renz, pero hindi naman nila alam na nagtatrabaho ako rito. Wala na akong nagawa kaya pinuntahan ko na lang.

Pagkarating ko sa counter, pinagsisihan ko kung bakit pa ako pumunta, gusto kong umatras. Huminga ako ng malalim bago siya hinarap.

“Yes Sir?” tanong ko. Tinignan niya lang ako ng seryoso.

“What are you doing here?” he asked kaya kumunot ang noo ko. Hindi niya ba nakikita na nagtatrabaho ako.

“I’m working Sir, what can I do for you po?” magalang at mahinahon kong sabi.

“Mag-usap tayo sa labas,” sabi niya. Bakit pa, may kasama naman siya.

Unwanted Love

“May kasama ka Sir, ano na lang po ang kailangan ninyo?” tanong ko, naiinis na ako sa kaniya pero pinipigilan ko. Mag-uusap kami pero nariyan ‘yong girlfriend niya!

“Umuwi na si Jemia, so can we now talk outside?” Tigas talaga ng panga nito.

“Sir, I’m still working po.” Tatalikod na sana pero hinarangan ako ni Manager.

“Sige na Grace, balik ka na lang kapag tapos na.” Gusto kong pagbawalan niya ako pero bakit siya pumayag? Napabuntong-hininga ako.

“Ma’am may gagawin pa po ako sa kusina,” sabi ko.

“Si Jay na ang bahala, sige na nagpaalam na ‘yan sa akin, huwag mo ng tanggihan ang gwapo pa naman.” Kinurot pa ako sa tagiliran ko. My gosh! Ano bang ginawa ng lalaking ‘to sa mga tao rito at napapayag niya?

I sighed at lumabas na, hindi ko siya pinansin pero ramdam ko na sumunod na siya. Sa likod na sana kami pero hinila niya ako.

“Bitawan mo ako, a-array! Saan ba tayo mag-uusap?” Pilit kong binawi ang kamay ko mula sa kaniya.

“Sa kotse ko,” sabi niya. Sumunod na lang ako para matapos na kaagad.

“Ano bang pag-uusapan natin?” tanong ko bigla.

“Anong ginagawa mo? Bakit ka nagtatrabaho?”

Gemorya

“Kasi mahirap ako at kailangan ko nang may makain.” Inirapan ko siya. Malamang, ano bang dahilan kung bakit nag-tatrabaho ang tao? Bonak.

“Bibigyan kita, huwag ka na lang magtrabaho.”

Aba desisyon siya ah.

“Bakit ba?” Taas kilay kong tanong. Bakit ba ako nainis ngayon sa kaniya.

“Hindi pa tapos ang trabaho mo sa akin.” Tinignan ko siya ng masama.

“Hindi? May iba ka ng nahanap na magpapanggap, anong gusto mo dalawa kami?!” hindi ko na maiwasan na sigawan siya.

“She's my... whatever, basta hindi ka pa tapos.”

“Kailangan kong magtrabaho, tawagan mo na lang ako kung kailan ulit ako magpapanggap, hindi lang sa ‘yo umiikot ang oras at araw ko, Steve.”

Akma akong lalabas nang pigilan niya na naman ako, napatingin ako sa kamay niyang nakahawak sa kamay ko. Dahan-dahan niya itong inalis mula roon.

“Jemia is my real girlfriend pero hindi siya p'wede ipakilala sa pamilya ko dahil ayaw ng pamilya niya,” he said. So, he has a girl, his real girl.

“Sige, babalik na ako,” simpleng saad ko. He has a girlfriend, what am I doing with him?

“Grace, please.” Napatigil ako nang marinig ang mahinahong boses niya. Parang hinaplos ang puso ko dahil sa boses niyang nagmamakaawa.

Unwanted Love

Why Steve?

“Steve, ano pang silbi ng pag-papanggap kong ayaw ng pamilya mo? Nagmumukha lang akong tanga, salamat sa binigay mong pera pero ayaw ko na, babayaran ko na lang ang binayad mo sa tuition ko. Ayaw ko na magpanggap dahil hindi ko na kaya kung pagsasalitaan pa ako ng pamilya mo, hindi ako kasing lakas ng ibang tao na kakayanin lahat ng sinasabing masasama tungkol sa akin. Maghanap ka na lang ng iba, p-parang awa mo na, h-huwag ako.”

That's the last thing I said before I turned my back on him. Pinahid ko ang luhanang kanina pa gustong kumawala. Tama lang ang ginawa ko, kapag tuluyan pa akong napalapit sa kaniya, tuloyan ko rin siyang magugustuhan. Titigil hangga't maaga pa.

Chapter Five

Gemorya

Ilang raw na rin ang lumipas simula ng huli naming pag-uusap ni Steve. Simula no'n hindi ko na siya nakita pa, hindi na rin siya nagme-message. Hindi ko alam kung bakit ako nasaktan noong nalaman ko na may totoong girlfriend pala siya. Nasasaktan ako na hindi naman dapat. He's just nothing, kusa akong pumayag sa deal. Pero bakit naiisip ko pa rin ang kamay nilang dalawa na magkahawak at sinabi ni Steve na totoong girlfriend niya si Jemia. Nasasaktan ako. No please Grace, don't ever love him, masasaktan kayo pareho.

Mga nagdaang-araw naging maayos ang pag-aaral ko, nakabili na rin ako ng mga gamot ko, ang mamahal. Alam na rin ng tatlo kong kaibigan na may iba akong trabaho.

Nandito kaming apat sa cafeteria, as always nilibre na naman ako ng tatlo, tumanggi ako pero mapilit sila, itago ko na lang daw ang pera ko kaya hinayaan ko na.

"Grace, nahanap na ang Kuya mo." Otomatiko akong napatingin kay Yancy nang marinig iyon mula sa kaniya.

"T-talaga, saan daw?" Nakangiti kong tanong. Nagagalak akong makita ang Kuya ko.

"Mamaya wala tayong pasok puntahan natin, sasama ang pinsan ko, 'yong nakahanap sa kaniya," she said. Sobrang saya ko nabigyan ako ng pag-asa na makita si Kuya.

"Sige, maraming salamat sa inyo, kung wala kayo baka hindi ko na makikita ang Kuya ko," galak kong sabi sa kanila.

"I told you, we're just here if you need us kaya kung may problema ka sabihan mo kami."

Unwanted Love

Ngumiti ako kay Yancy, naiiyak sa mga ginagawa niya para sa akin, silang tatlo. Sana, hindi kayo masaktan kapag nawala ako.

Napatahimik ako, hindi ko kaya sabihin ang iba ko pa'ng problema sa kanila. Tumango ako at ngumiti sa kanila. Natapos ang klase sa araw na ito kaya sumakay kami sa kotse ni Yancy papunta sa kung saan namin kikitain ang pinsan niya, hindi ko pa kilala ang pinsan niya pero base sa mga kwento ni Yancy sa amin, mabait ito.

“Grace, anong mangyayari kung makikita mo na ang Kuya mo?” tanong sa akin ni Mary. Hindi ko alam, baka nga magulat din siya na may kapatid pala siya, baka hindi niya alam na buntis si Mama noong pina-ampon siya.

“Hindi ko pa alam pero masaya ako kung makita ko siya, siya na lang ang natitira kong pamilya.”

Nakarating kami sa isang mamahaling restaurant, dito daw gusto ng pinsan ni Yancy. “There he is.” Tumingin kami sa tinuro ni Yancy.

We saw two men talking. Kinakabahan ako na ewan, kung isa d'yan ang Kuya ko, paano kung ipagtabuyan niya ako? Naiisip ko pa lang, nasasaktan na ako. Paano pa kaya kung mangyayari talaga?

“Let's go, mukhang kanina pa sila nag-aantay,” sabi ni Renz na dahilan ng pagtango namin at papunta sa pwesto nila.

“Lawrence,” tawag ni Yancy. Napa-angat naman ng tingin ang dalawang lalaki sa amin.

“Insan!” Maligayang sabi ng lalaki.

Gemorya

“Don't shout, my God!” saway ni Yancy sa kaniya, tumawa lang siya at biglang natigil nang nakita niya atang may iba pang tao.

“Ow, I'm sorry, upo na kayo,” he said.

Umupo na kaming apat, katabi ko si Renz at Mary, nasa harap namin ang dalawang lalaki.

“Insan, this is Mary, Renz at si Grace,” pagpapakilala sa amin ni Yancy. Nahihiya akong ngumiti sa kanila.

“Finally, we met,” sabi ni Lawrence nang nakatingin sa akin.

“By the way this is Rogelio, my friend.” Pagpapakilala niya sa isa niya pang kasama.

Inabot namin ang mga kamay namin kay Rogelio para magpakilala pero nagtagal ang kamay niya kay Mary.

“Hi Mary, what an innocent name,” he said.

Si Mary naman parang tanga na nakangiti, sino ba'ng hindi mapapangiti sa dalawang nasa harap namin na mala anghel at gwapong mukha.

Pero kung hindi pala si Kuya ang kasama niya, saan na si Kuya?.

“Where's my brother?” I asked them.

Napangiti si Lawrence sa akin.

“He texted me, he's on the way Miss Grace,” he said. Napangiwi ako dahil sa pagtawag niya sa akin.

“Cut the miss,” I said.

Unwanted Love

“Okay, then I can call you my misis?” Shit, what was that?

I heard a little chuckle from Rogelio, at kinurot pa ako ng bahagya ni Mary sa tabi ko.

“Insan, speed ka masyado, ligawan mo muna ang kaibigan namin.” gatong naman ni Yancy. Pinagkakaisahan ata ako ng mga to.

“Sure, kung papayagan ako ni Grace,” sabi niya at tumingin sa akin.

Uminom ako ng lemon juice. Hindi na ako nagsalita, bahala sila sa mga jokes nila. Hindi ako nagtungo rito para makipag-biruan.

Nag-uusap lang kami, si Rogelio at Mary parang comfortable na sa isa't isa, si Renz at Yancy naman kausap si Lawrence pero ramdam ko pa rin na sa akin nakatingin si Lawrence kahit hindi ako nakikisabay sa kanila. I have nothing to say then, I'm just here because of my brother.

Natigilan sila sa pag-uusap nang may biglang nagsalita. “I'm sorry I'm late, lechugas na traffic kasi.”

Boses ng isang lalaki. Kinakabahan ako nang marinig ang boses niya, para akong natuod sa pwesto ko ngayon.

Bigla naman tumayo si Lawrence at Rogelio. “It's okay Sir, upo po kayo,” sabi ni Lawrence.

Umupo ang lalaki sa tabi ni Rogelio. “Oh, we have beautiful ladies in front of me,” wika niya. Tinignan niya kami isa-isa at tumigil ang tingin niya sa akin.

Gemorya

“Mr. Alvarez.” Nanlaki ang mata ko dahil sa pagtawag ni Lawrence sa kaniya. So he is, he’s, my brother! Gusto kong maiyak at yakapin siya bigla, nagagalak sa presensya niya. May pamilya na ako.

“This is Yancy, my cousin, her friends Renz, Mary and Grace... Grace Alvarez,” sabi ni Lawrence. I can see na nagulat din ang Kuya ko.

“You are an Alvarez?” he asked at seryosong nakatingin sa akin. I slightly nodded.

“Ikaw ang nagpahanap sa akin and to think na pinahanap din kita.”

Nagulat ako sa sinabi niya, pinahanap niya rin ako?

“But let us talk later about this, let's eat first at dahil gutom na ako, ginutom ako ng traffic sa EDSA,” he said. Napangiti ako, I thought itataboy niya na ako.

“Girl we need to go, hinahanap na kami,” sabi ni Renz nang natapos kami.

“Yeah, sure thank you so much guys,” I said.

“Lawrence, Rogelio thank you dahil nahanap ninyo ang Kuya ko,” papasalamat ko sa dalawa.

“Don't thank us, una kang pinahanap sa amin ng Kuya mo bago mag request ang pinsan ko na hanapin siya,” Lawrence said and that was a shocking news for me. Sila ang inutosan ni Kuya na hanapin ako? Gosh.

“We will see you again Grace and that soon I will court you, sa ayaw at sa ayaw mo,” sabi niya ulit nang dahilan ng pagtawa ng kasama namin. I felt my face heated.

Unwanted Love

“Stop that Mr. Villamor, dadaan ka muna sa akin bago mo ligawan ang kapatid ko.” Lihim akong napangiti sa sinabi ni Kuya.

“Sure Mr. Alvarez,” lakas loob naman na sagot ni Lawrence. Napailing ako sa kakulitan ng lalaking ‘to. Nagpa-alam na sila sa amin.

Si Kuya na raw ang maghahatid sa akin. Nang nasa kotse kami, hindi pa ako masyadong komportable sa kaniya. Nahihiya ako.

“Hey, huwag kang mahiya sa akin, bukas na bukas din sa akin ka na titira at babawi ako sa mga panahon na wala ako sa tabi mo,” panimula niya.

I can see na mabait ang kapatid ko, he looks succesful now, mukhang respetado sa inaasta pa lang ng dalawa kanina patungkol sa kaniya. I wonder kung naging mabait ba ang umampon sa kaniya? Bigla naman pumasok sa isip ko ang Nanay namin kaya binalingan ko siya.

“K-Kuya, nakita mo ba ang mukha ng Nanay natin?” tanong ko sa kaniya. Nahihirapan pang banggitin ang salitang ‘Kuya.’

Mukha namang nagulat siya sa tanong ko. He sighed. “Y-yes,” he said. Sana all, ang swerte niya. Ano kayang mukha ni inay? Kamukha ko kaya siya?

“But don't mention her again, hindi ko pa siya napapatawad nang ibenta niya ako noon.” Natigil ako. Hindi ko siya masisisi pero wala na ang Inay namin.

“But she's dead, baka hindi siya mapatahimik kung hindi mo pa siya napapataw---”

“She's not dead, Grace.” Nanlaki ang mga mata ko sa narinig.

Gemorya

“W-what do y-you mean?” I asked. Imposible na buhay pa ang Nanay namin, sabi ng kamag-anak namin patay na si Inay.

“Don't ask about it again and kalimutan na natin siya. Nandito na tayo sa apartment mo.” Napabuntong hininga ako. My mother was alive kailangan ko siyang mahanap.

“Thank you Kuya, mag-iimapake na rin ako para diretso na bukas kapag susunduin mo po ako.”

“Okay, I will be here early in the morning bago ako pumunta sa trabaho.” Tumango na lang ako sa kaniya at lumabas na.

Natapos akong mag-imapake, I texted my friends na aalis na ako, they asked what's my new address, I said na bukas ko na sabihin sa kanila kung nakarating na ako sa bahay ni Kuya.

Napagkwentuhan kanina ang tungkol sa trabaho ni Kuya. He's a businessman, halata naman sa tindig niya at sa porma nito. Rogelio said kanina na malaki ang bahay ni Kuya, tatlong katulong lang daw ang kasama ni Kuya sa bahay niya. Nakalimutan ko itanong sa kaniya kung sino ang umampon sa kaniya. Siguro, makikila ko rin naman sila balang araw.

Kinabukasan maaga nga si Kuya. He wore a business attire. “Good morning po,” I greeted him.

“Good morning little sis, let's go,” he said at pinagbuksan ako ng pinto. Nilagay niya rin ang mga gamit ko sa likod. Nagpa-alam na ako sa landlady namin pati sa mga chismosa kong kapitbahay, nagdrama pa nga kung kailan daw ba ako dadalaw.

Nang nasa kotse naisipan ko nang tanongin si Kuya. “Kuya, how are you noong pina-ampon ka? Kumusta ang umapon sa ‘yo?” I asked.

Unwanted Love

“Mabait ang umampon sa akin, pinag-aral nila ako at nakapa-graduate ako, gusto nila na dalhin ko ang apilyedo nila but I refused. I want to build a successful life with my own name,” pagkukwento niya.

Napangiti ako sa isip ko. He's lucky enough, hindi sya mag-isa sa buhay.

“You, how are you back then with your father and his family?” Hindi ko inasahan ang tanong niya.

“Maayos naman...” And that's a lie, never naging maayos ang buhay ko sa kanila.

“Don't lie, Tita Tisa told me.” Mas lalo akong nagulat, may contact siya sa province?

“Nag-uusap pa kayo ni Tita?” I asked and he nodded.

“Yeah, and don't worry, your father and his crazy family won't hurt you again,” he said.

Masaya akong kasama ko na ang Kuya ko, masaya akong may kasama na ako sa buhay.

“Thank you Kuya, ang tagal kong inantay ‘to na may makasama ako sa buhay,” naiiyak kong sabi. Gosh, iyaking bata!

Ang tagal kong pinangarap na magkaroon ako ng pamilya sa tabi ko, God is good talaga kahit gaano ko pa gustong itigil ang paghinga ko noon hindi niya pa rin ako pinabayaan and now narinig niya ang dasal ko at ibinigay niya sa akin. Napatingin ako kay Kuya at napangiti sa sinabi niya.

“I promise, I won't leave my sister again.”

Gemorya

But, I'm the one who will leave you, Kuya.

Chapter Six

Unwanted Love

“We’re here, from now on this is your home.” Nakangiting sambit niya.

Napatingin ako sa labas nang i-park niya ang kotse sa garahe. Malaki ang bahay, ang ganda. Lumabas na ako. Inutusan lang ni Kuya ang katulong na kunin ang mga gamit.

“Wow, ang ganda ng bahay mo Kuya,” masayang sabi ko habang iniikot ang paningin sa loob ng bahay.

“Ilang taon ko rin ‘to pinaghirapan para kapag nahanap na kita, may matitirhan ka,” he said. Tumingin ako sa kaniya at ngumiti.

“Thanks, Kuya, akala ko talaga hindi na kita mahahanap.”

“Tayong dalawa na ang magkasama kaya simula sa araw na ito hindi ka na magtatrabaho, pag-aaral lang ang aasikasuhin mo, ako na ang bahala sa ‘yo.” Napangiti ako, ganito pala ang pakiramdam na may pamilya.

Umalis na si Kuya dahil late na raw siya sa trabaho niya kaya mga katulong na ang kasama ko. Ti-next ko na rin ang tatlo para ipaalam ang bago kong address.

Pumasok ako sa kwarto na sinabi ng katulong na sa akin daw. It’s a big room, walang-wala ang apartment ko at ang kwarto ko sa province. Master bedroom na kulay sky blue, halos lahat yata ng sulok ng kwarto to ay sky blue which is okay rin sa akin dahil malinis tignan. May walk-in closet din, malaki rin ang banyo na baka puwede nang gawing kwarto talaga.

“Ang laki,” bulong ko sa sarili. This is my home now.

One week naging maayos ang pagtira ko sa bahay, one week din na kinukulit ako ni Lawrence dahil nagsisimula na siyang manligaw.

Gemorya

“Sagutin mo na kasi ‘tong pinsan ko Grace, pati ako kinukulit eh,” sabi ni Yancy.

Nandito kami ngayon sa isang starbucks malapit sa University namin, walang trabaho si Lawrence at Rogelio kaya ito sumama silang dalawa, kasama rin ni Renz ‘yong John na tropa nila Steve at Angelo.

Speaking of Steve, kumusta na kaya siya? Pinakilala niya na kaya ang girlfriend niya sa pamilya niya?

“Grace.” Napalingon ako kay Lawrence na nasasa tabi ko.

“S-sorry, ano ‘yon?” I asked.

“Sabi ko punta kayo sa birthday ko sa Sabado at huwag kang mawawala do’n, sige ka magtatampo ako sa ‘yo,” parang batang sabi niya, nakanguso pa.

“Oo naman pupunta ako. Ano bang gusto mong regalo?” tanong ko.

“Yung oo mo.” Napaiwas ako ng tingin, hindi ko pa alam kung sasagutin ko ba siya, hindi naman talaga ako pumayag na ligawan niya pero makulit si Lawrence.

“Don’t pressure her bro, mag-antay ka na lang,” sabi ni Rogelio.

“Kaya kong mag-antay kahit gaano pa katagal,” sagot niya naman at tumingin sa akin sabay kindat. Hindi ako nagsalita.

“Ikaw Mary kailan mo sasagutin ‘yan si Rogelio?” tanong naman ni Yancy. Napangiti si Mary at umirap.

Unwanted Love

“Hindi naman siya nanligaw bakit ko siya sasagutin?” she said. Nakita ko naman na napangiti si Rogelio.

“So pwede pala kitang ligawan, hindi mo naman sinabi agad na gusto mo palang ligawan kita,” sabi ni Rogelio. Umirap lang si Mary sa kaniya. Napailing na lang ako habang nakikinig sa kanila.

Buti pa ito si Renz masigla ang lovelife, tanggap siya ni John.

“Grace, ‘wag mo na pala sagutin ang pinsan ko para dalawa pa rin tayong single,” sabi ni Yancy sa akin. Umigting ang panga ni Lawrence at sinamaan ng tingin ang pinsan niya.

“Walang ganyanan insan, bad influence ka,” he said. Napailing na lang ako sa kanila habang may ngiti sa labi. Sana... sana makasama ko pa kayo ng matagal.

Dumating ang araw ng kaarawan ni Lawrence. Ako lang mag-isa ang pupunta roon dahil may mga kasabay ang mga kaibigan ko, pinagpalit na ata ako sa mga lovelife nila!

Wala rin si Kuya may business trip siya ng dalawang araw, invited sana siya. Nagpahatid na lang ako sa driver na kinuha ni Kuya para sa akin, kailangan ko raw ito kahit hindi naman talaga ako sanay. Mas gusto ko pa mag commute pero sa suot ko ngayon na fitted dress kailangan talaga akong ihatid.

Nakarating na ako sa bahay nila Lawrence. Hinanap ng mga mata ko ang mga kaibigan ko pero iba ang nahanap ko, mga taong minsan ko ng nakikita, mga taong pamilyar sa akin kahit isang araw ko lang sila nakilala. Nakita ko ang mga kaibigan ni Angelo, nagtatawanan, kinakabahan ako sa naiisip ko. Paano kung narito si Steve? Uuwi na lang kaya ako? Pero, nakahihiya kay Lawrence.

Gemorya

“Girl nandito ka na pala.” Napalingon ako sa nagsalita, it’s Yancy.

“Sino bang tinitignan mo?” tanong niya at napatingin din sa kanina ko pa tinignan.

“Kanina pa sila rito, hindi ko alam na kilala rin ni Lawrence ang mga iyan, isa pa ‘yan si Angelo, kung maka-akbay sa babaeng ‘yan.” Napakunot ako sa sinabi niya, may ka-akbay nga si Angelo pero bakit ganito maka-asta si Yancy.

“Nagseselos ka sa kanila?” Pangungutya ko. Napangiw naman siya.

“Hell no, tara na nga. Naroon na ang iba, kanina ka pa inaantay ni birthday boy slash lover boy,” she said at hinila na ako papunta sa pwesto kung nasaan ang mga kaibigan ko.

“Saan ang boyfriend mo?” tanong ko kay Renz.

“He’s with his gang right there,” he said at tumingin sa bandang likod ko kung saan ako nakatingin kanina. Naroon nga si John.

Umupo na rin ako, ngumiti sa akin si Rogelio, ang gwapo rin ng isa ‘to. Nasa tabi niya si Mary. May biglang umakbay naman sa akin kaya nagulat ako.

“Dumating ka,” masayang sabi niya.

“Happy birthday!”

“Happy na ang birthday ko dahil nandito ka,” he said. He smiled widely. Ngumiti rin ako pabalik. Bawal sirain ang mood ng isang ‘to.

“Kung ano-ano na talaga pinagsasabi mo,” sabi ko pa.

Unwanted Love

“Ipapakilala kita sa iba kong kaibigan, let’s go.” Hinila niya ako. Hindi man lang nagpaalam kina Yancy.

Gusto kong bumitaw sa pagkahawak niya at umatras na lang nang napunta kami sa groupo ng magkakaibigan.

“Guys may ipapakila—”

“Grace!” sigaw ng iilan sa kanila, gosh nakilala nila ako samantalang ako nakalimutan ko ang mga pangalan nila. Natigilan si Lawrence, tumingin sa akin at sa mga tao na may pagtataka sa mukha.

“Kilala niyo siya?” tanong niya.

“She’s friends with my sister kaya kilala namin siya.” Si Angelo.

Nagkukwentuhan sila ni Lawrence pero nandito lang ako sa tabi ni Lawrence.

“Ang tagal naman nila Steve.” Naestatwa ako nang narinig ko ‘yon sa kung sino. Pupunta siya?

“Pupunta na raw sila, Jemia texted me,” sabi ng isang babae. Kasama niya ang girlfriend niya. Gusto ko nang umuwi.

Tumingin ako kay Lawrence. “Balik na ako sa table namin ah?” paalam ko. Tumango lang siya at tumayo, pipigilan ko na sana siya pero nagpupumilit na samahan pa rin ako.

Nagsimula ang wild party, kahit si Renz nakikisabay na rin. Hindi ko na tinignan ang pwesto nila dahil baka makita ko lang si Steve.

Gemorya

“Punta lang ako sa banyo,” paalam ko kay Mary at Yancy pero mukhang hindi nila narinig dahil sa ingay. Hinayaan ko na lang at umalis na.

“Excuse me,” paulit ulit kong sabi sa mga nadadaan ko. Ganito ba ka-wild ang mga tao kapag party? Ang lilikot.

Hindi pa ako nakarating sa banyo dahil ang daming harang na malilikot. May nakatalikod na siya na lang ang huling harang na dadaanan ko, nakaharap kasi siya sa may pintoan ng bahay nila Lawrence. Pwede naman sa gilid humarang, sa pintoan pa talaga.

Kinalabit ko siya, “Excuse me Kuya, pada—”

Shit, pinagsisihan kong umalis pa ako sa table namin. Nanlaki ang mata ko nang humarap siya, mukhang nagulat rin siya nang makita ako, hindi ako makagalaw nang marinig ang boses naming dalawang magkasabay na banggitin ang mga pangalan.

“Steve,”

“Grace,”

Sumakay na kami sa eroplano, katabi ko si Rita, at si Kuya naman ay nasa harap naming.

Gemorya

Kwento lang nang kwento si Rita sa akin, magkapatid talaga sila ni Nita, ang dadaldal.

“Huwag mo na akong tawaging Ma'am ah? Mag pahinga na muna tayo mamaya na tayo magkuwentuhan,” saad ko at tumango lang naman siya.

I hope this is going to be fine, sana tama ang desisyon kong umalis. Kung babalik man ako sa Pinas iyon ay ang babalikan ko ang mga kaibigan ko.

Nakarating na rin kami sa New York, pumunta kami sa bahay ni Kuya, kung saan siya lang ang nakatira.

“Dito muna kayo titira dalawa, uuwi ako ng Pinas pag tapos na ang operasyon mo Grace,” he said.

Nakangiting nakatingin si Rita sa buong bahay. Namangha rin ako dahil sa laki at ang ganda ng design.

“Mamaya pupunta sila Mom and Dad dito, ipakikilala kita sa kanila,” dagdag pa niya.

“Okay Kuya, thank you,” I spoke

“Mag-usap muna tayo, Rita mamili ka na lang ng magiging kwarto mo dito.” Tumango naman si Rita at agad na umalis.

Tinignan ako ni Kuya na para bang nag-aantay siya sa pagsasalita ko.

“Now, talk. What happened at bigla kang nag-aya na mapaaga tayo dito?” tanong niya.

Unwanted Love

Isang malalim na hinga ang binitawan ko. Saan ba ako magsisimula? Paano kapag magalit siya? Tumingin ako sa kaniya at nagsimulang magkuwento.

Kinuwento ko sa kaniya ang nangyari kagabi maliban lang sa nangyari sa amin ni Steve, private pa rin iyon.

“I know that jerk, ako ang bahala sa kaniya.” Napaangat ako sa kaniya ng sabihin niya iyon

“Anong gagawin mo Kuya? Hayaan na natin siya,” sambit ko.

Tumayo siya at niyakap ako ng mahigpit. “Ako ang bahala,” dagdag niya.

I sighed, may magagawa pa ba ako? Wala akong lakas pigilan ang kapatid ko. Sana naman hindi sila magkagulo dalawa.

Kinagabihan dumating ang mga bisita.

“Good evening po,” I greeted. Nasa tabi ko lang si Rita.

“Mom, Dad this is Grace my sister and this is Rita,” pagpapakilala ni Kuya sa amin.

Yumuko naman kami ni Rita bilang paggalang.

“Your sister is beautiful,” sabi ng Mommy ni Kuya.

Nahiya naman ako sa pagpuri niya. I’m not used on receiving any compliments from other people.

Tunay nga ang sabi ni Kuya, mabait ang mga umampon sa kaniya. Masaya kaming nag-uusap habang nasa hapag.

Gemorya

“Kailan ba natin sisimulan?” tanong ni Doc. Jonard.

“As soon as possible Dad, hangga’t hindi pa po lumala ang sakit ng kapatid ko,” sagot ni Kuya.

Doc. Jonard nodded

“Okay, next day then. Grace, kayanin mo ang mangyayari, hindi natin alam kung ano ang magiging resulta, ‘pag naging maayos ang operasyon may mga bagay na magbabago tulad ng behavior mo or worst... some of your memories will be lost,” pagpapaliwanag niya.

Napalunok ako, kakayanin ko kahit anong mangyari.

“I will doc,” I said.

Umuwi na rin naman silang dalawa.

“Ma’am,” tawag sakin ni Rita. Lumington ako sa kaniya at sinamaan siya ng tingin. How many times do I have to tell her na huwag na akong tawaging Ma’am.

“Don't call me Ma'am,” pagpapaalala ko.

“Sorry, nasanay lang ako. Anyway, tayo lang dalawa ma-iiwan dito, kayanin mo ah para makagala tayo rito,” nakangiti niyang wika.

“Sure, I will.” I smiled at her at nagpaalam na para pumunta sa kwarto ko.

Nakatingin lang ako sa kisame, iniisip ko kung ano talaga ang mangyayari.

Naiyak ako ulit nang sumagi sa isipan ko ang nangyari kahapon.

Unwanted Love

Masakit pa rin, hindi naman kami official, wala kaming label pero may nangyari na sa amin. Ayaw ko naman maging kabit, ayaw ko rin makasira ng pamilya, magkaka-anak na sila. Kaya mas pipiliin kong lumayo na lang kaysa manira ng pamilya. Kawawa ang magiging anak nila, been there done that. Ayaw ko rin maranasan ng iba ang broken family lalo na kung ang dahilan ay ako.

Kakayanin ko naman siguro in the future, makakalimot din ako. Alam ko, kakayanin ko. I have God and hoping he will be here for me again.
Guide me Lord...

I sighed at kinuha ang phone ko. I mnesaged the three, para ipaalam na umalis ako, but I didn't tell them the reason why. Okay na itong hindi muna nila malaman. Mag-aalala lang sila roon habang wala ako.

Chapter Eleven

“Kumusta siya Dad?” iyan ang unang tanong na narinig ko.

Hindi ko maimulat ang aking mga mata dahil nakaramdam ako ng pagkirot ng ulo ko. Ang huling naalala ko ay inoperahan ako.

“She's now fine, two weeks din siyang hindi pa nagising,” sagot naman ng hindi pamilyar na boses.

Bakit may kulang? Bakit parang may naligtaan ako.

“How about the baby Dad?” tanong ulit ng isang boses.

“Malakas din ang kapit ng bata. Thank God, dahil lumaban ang bata habang inooperahan si Grace.”

That's my name. Anong bata?

I slowly opened my eyes, iginilaw ko rin ng bahagya ang aking kamay. I can't recognize them.

Unwanted Love

“Gising na siya Sir,” boses ng babae.

Bakit hindi ko maalala ang mga boses nila.

“Are you now okay? Kumusta? May masakit ba?” sunod-sunod na tanong ng lalaki.

Naalala ko ang mukha niya, siya ang huling kasama ko. Ngunit hindi ko maalala ang pangalan niya.

“S-sino ka?” I asked.

Mukha namang nagulat siya at ang babaeng kasama niya.

“What happened Dad?” he asked.

“Like what I’ve said, may mga makalilimutan siya. But don’t worry, babalik din iyan,” sabi ng Doctor.

“I’m your brother and this is Rita,” sabi ng lalaki na Kuya ko raw.

Tumango na lang ako. Wala na akong ibang maalala.

“Hindi na ba babalik ang sakit Dad?”

“We can’t say that, son, kailangan pa rin natin siyang ingatan dahil hindi pa naghihilom masyado ang sakit na mararamdaman niya,” sagot naman ng Doctor.

Nakauwi na kami sa bahay na hindi ko rin maalala. Kanina pa nagsasalita si Rita, kinuwento niya sa akin ang mga dapat ko raw maalala pero wala pa rin, tango lang ako nang tango sa kaniya.

Gemorya

Habang kumakain kami bigla akong napatigil dahil bumaliktad ang sikmura ko kaya napatakbo ako sa banyo malapit sa kusina.

Ang pagkakaalam ko hindi pa naman ako kumain, epekto ba ito ng operasyon ko? Ng gamot?

Nang natapos ako bumalik ako sa kusina.

“Anong nangyari bakit ako nagsusuka?” tanong ko sa kanila.

Uniwias lang sila ng tingin, Kuya sighed and he looked at me.

“You’re two weeks pregnant,” he said.

Taka ko silang tinignan? Nabuntis ba ako habang walang malay? Binuntis ba ako habang inooperahan?

“Paano? Wala akong maalala,” nagtataka kong sambit.

Wala talaga, nako baka binuntis ako ng nurse!

“Hindi rin namin alam, ikaw lang ang makakalam kung makaka-alala ka na,” he said.

Shit bakit pa kasi nawala ang ala-ala ko?

Pangyayari at pangalan ng ibang tao lang ang nakakalimutan ko ngunit ang mga mukha nila ay pamilyar sa akin, gaya lang kay Kuya at Rita at ang Doctor na nandoon sa silid ng kwarto ko sa hospital.

Nagdaan ang limang buwan, unti-unti ko nang naalala ang mga bagay-bagay sa buhay ko.

Unwanted Love

Naalala ko na rin kung sino ang Ama ng aking anak at naalala ko na kung paano ako napunta rito sa New York.

Umuwi si Kuya sa Pilipinas, hindi naman siya pumayag na sa Pinas ako kaya ito naiwan kami ni Rita.

Hindi na namin tinuring si Rita na kasambahay bagkus siya ang lagi kong kasama, siya ang nag-aalalaga sa akin sa pagbubuntis ko. Siya pa ang mas-stress sa akin mula sa paglilihi hanggang ngayon.

Six months na akong buntis at sa six months na iyon, nakilala namin si Aljon, boss siya ni Rita, nagtrabaho kasi si Rita rito para raw hindi siya ma-bored kakabantay sa akin.

Sabi sa akin ni Rita may gusto raw sa akin ang boss niya, napangiwi ako nang sabihin niya iyon. Alam naman ng boss niya na buntis ako bakit pa siya nagkakagusto?

“Sabi niya pa nga sa akin Grace siya na raw ang tatayong ama ng anak mo,” pagkukwento ni Rita dito sa sala.

“Sabihin mo sa kaniya hindi kailangan ng anak ko ang ama, kaya kong maging ina at ama sa anak ko,” sabi ko naman.

Nalimutan ko na nga ang ama niya, at wala ng dapat maalala sa kaniya.

“Ay girl pupunta nga ‘yon dito mamaya at bibisitahin ka na naman, nako sunggaban mo na ang boss ko, ang gwapo pa naman no’n,” sabi pa nito habang ngumunguya.

“Kung ikaw na lang kaya sumunggab?” pagtataray ko.

Gemorya

“Ay no, Kuya mo lang sapat na.” Napa irap na lang ako sa sinabi niya. Hanggang ngayon gusto niya pa rin si Kuya.

Hindi ko kailangan ng lalaki sa buhay ko, sa buhay namin ng anak ko.

Five years...

“Mommy!” sigaw ng anak kong si Kendrine. She's so cute.

“Yes anak?” I asked. Binuhat ko naman siya.

“Kumusta ang bonding niyo ni Tito Aljon?” dagdag kong tanong.

Hindi ko sinagot si Aljon, tanggap niya naman iyon kaya hanggang kaibigan lang ang ibinigay ko sa kaniya, but him and Kendrine are super close. Kulang na lang sila na ang laging magkasama. Nakakatampo minsan ang anak ko.

“Tito bought me a doll house,” she said.

“Doll house na naman, baby?” Nakakunot noo kong tanong sa kaniya.

Ang dami na kasing doll house ng batang ‘to kakabili ni Aljon at Rita. Pinuno yata ng bahay ang bahay namin.

“Hayaan mo na, dadalhin niya raw sa Pilipinas.” Napalingon ako sa taong kakapasok lang. May dala rin siyang plastic.

“Inispoi mo ang anak ko,” nakasimangot kong sambit.

Unwanted Love

Lumapit naman siya sa akin at hinalikan ang noo ko.

“Para sa inaanak ko,” he said. Napailing na lang ako sa lalaking ito.

“Mag-asawa ka kasi para magka-anak ka na rin,” I said. Hanggang ngayon kasi wala pa siyang asawa. He’s a husband material naman, nakikita namin iyon ni Rita.

“Wala pa akong nakikilala, baka nasa Pinas ang para sa akin,” sabi nito.

Sabay naman kaming lumingon sa pintuan nang pumasok si Rita.

“Oh boss! Nauna ka pa sa akin,” sabi nito.

Para na rin kaming magtotropa tatlo. Kayo ba naman halos laging magkasama sa galaan at kung ano pa eh.

“Aalis na rin ako, ayaw ko pa naman makita pagmumukha mo,” asar ni Aljon kay Rita.

“Nako boss ah sinasabi ko sa ‘yo the more you hate the more you love, baka talaga gusto mo na ako, pasensya na dahil choosy ako. Huwag kang mag-alala, ‘pag pumunta ka ng Pilipinas may ipakikilala kami sa ‘yo,” mahabang wika ni Rita.

Hindi niya talaga tinitigilan si Aljon sa pang-aasar ng kung ano-ano. “In your dreams Rita, hindi ako magkakagusto sa mga maingay,” sagot ni Aljon.

Sila lang yata ang mag-amo na nagbabangayan.

Gemorya

“Choosy ka rin boss,” Rita said. Tinawanan ko na lang sila. Para silang aso't-pusa.

“Oh, siya aalis na ako, susunod na lang ako sa inyo. Mag-ingat kayo bukas,” paalam niya.

Bukas na ang uwi namin sa Pinas. Namimilit na rin si Kuya dahil miss niya si Kendrine.

“Mommy, are we gonna meet my Dad there?”

Napahinto kami pareho ni Rita sa tanong ng anak ko.

Kinwento ko sa kaniya na nasa Pinas ang Tatay niya pero hindi ko naman sinabi ang lahat ng tungkol kay Steve. Ayaw ko rin malaman ng anak ko.

“I don't know pa baby,” iyon lamang ang tanging naisagot ko.

Handa na ba akong makita ang lalaking ‘yon? Yeah, of coure nakalimutan ko na, parang wala nga lang sa akin kaso paano kung malaman niya na may anak kami at kumin niya ang anak ko. Hindi ko kakayanin mawalay kay Kendrine. He doesn't have the rights. Matagal ko na siyang tinaggalan ng karapatan.

Si Kendrine lang ang naging lakas ko at ang kahinaan ko.

“Ayos ka lang?” tanong ni Rita. Nakatulog na ang anak ko dahil excited siyang umalis bukas.

“Oo naman, pero takot akong makita niya ang anak ko,” I said.

Unwanted Love

“Maliit lang ang mundo, alam nating hindi malabo iyon. Pero nandito lang kami at hindi namin hahayaan na mawala sa atin si Kendrine,” she said.

I am thankful to this girl dahil siya ang naging karamay ko sa lahat nang dito sa New York. She’s my bestfriend here. I owe her a lot.

Naalala ko na rin si Nita at si Manang Lita. Alam na rin nila na may anak ako.

Ang tatlo kong kaibigan, noong una nagtampo sila pero nawala rin naman nang kinwento ko sa kanila lahat, alam na rin nila na may anak ako at excited silang makita ito.

Kinwento nila sa akin na si Mary na at si Rogelio, si Lawrence naman may girlfriend na rin daw, si Yancy, iyon malabo pa rin daw sila ni Angelo.

I missed them so much at excited na akong makita sila bukas.

See you Philippines.

Chapter Twelve

Gemorya

Ito na ang araw na luluwas kami. Kendrine was so excited, gustong-gusto niya na raw makita ang Tito Simone niya.

“Are you excited baby girl?” tanong ni Rita sa kaniya. She smiled sweetly and nodded.

“Yes Tita” Nakangiting sabi ng anak ko habang niyayakap niya ang doll nito. How wonderful when I am looking my daughter every day like this. Her sweet smile and jolly attitude.

“Eh ang Mommy mo kaya excited?” Nang-aasar na tanong ng babaeng to.

Sinamaan ko siya ng tingin na sinisigurado kong hindi makikita ni Kednrine. She just shrugged her shoulder. Inirapan ko lang siya.

“Exited ka rin po ba Mommy?” Bumaling ako kay Kendrine nang magtanong ito.

Malilintikan talaga to si Rita pagkarating namin. I heard her chuckled. Natutuwa yata siyang na hotseat ako.

“Y-yes anak, I’m excited just like you.” I smiled to her.

And that’s a lie, hindi ako masyadong excited na umuwi , hindi ko alam anong mangyayari sa magiging buhay namin ng anak ko roon.

“Let’s go,” I said.

Unwanted Love

Habang nasa eroplano kami, natutulog lang ang anak ko. Napangiti ako habang pinagmasdan siya. Pati ang pagtulog niya ay nakakagandang tanawin.

“Paano kapag nagkita kayo ulit?” Napahinto ako nang magsalita si Rita na nasa tabi ko lang.

Ayaw talaga tumigil ng isang ‘to. Hindi ko talaga alam anong isasagot ko sa tanong niya.

“Bahala na Rita.” I sighed at sumandal. I will be hoping na hindi magtagpo ang landas naming, ang landas nila ni Kendrine.

“Never ko pa nakita ang Tatay niya, gwapo ba talaga ‘yon?” Napapikit ako nang mariin sa tanong niya. Bakit ba ayaw niya na lang manahimik at matulog.

But in the second thought. Gwapo? Yes, he is, pero gago.

Kumusta na kaya siya? Masaya na kaya siya kasama ang mag-ina niya? Tama ang ginawa ko ‘di ba? Umalis sa kaniya kahit kami rin ay may anak na. Ngunit lhuli ko na rin naman nalaman na may anak ako, hindi ko na siguro kasalanan iyon.

Alam kong mali na ipagkait sa anak ko ang ama niya ngunit ayaw ko naman malaman ng anak ko na may ibang pamilya ang Tatay niya, ayaw kong masaktan ang anak ko kung malalaman niya man.

Okay lang sa akin na ako ang masaktan huwag lang ang anak ko, huwag lang siya ang mahirapan dahil hindi ko kakayanin.

“This is Philippines?” Kendrine asked nang nakababa na kami.

Gemorya

“Yes baby, this is my place,” I said.

“Wow Mom, it's so hot here.” Natawa kami ni Rita nang sabihin niya iyon, pinaypay niya pa ang kamay. Uwi ka pa ah. Magtiis ka sa init dito bata ka.

Ang arte rin nito minsan hindi ko alam kung saan to nagmana, kay Rita yata.

“Hays, namiss ko rito, kumusta na kaya ang kapatid kong panget,” Rita said.

“Magkamukha kayo e'di paget ka rin.” Natatawa kong asar sa kaniya.

“Mas maganda ako roon ‘no. Tara na, nando’n na ang sundo natin.” Tinuro niya kung saan naroroon si Mang Ben.

“Welcome Back Ma'am!” bati niya sa akin.

“Welcome back Rita,” dagdag niya pa.

“Hello Mang Ben,” ani Rita na kumakaway pa na parang bata.

“Iyan na ba ang anak mo Ma'am Grace? Kay gandang bata.” Tiningnan niya ang ko, bakas sa mukha ang tuwa.

“I know po.” Nakangiting sabi ng anak ko.

Diyos ko, kung ano -ano tinuro ni Rita sa kaniya.

Niyakap ko ang anak ko habang nakatingin ako sa labas. Simula na naman ng bagong buhay kasama ang anak ko at kasama ulit ang mga taong mahal ko.

Unwanted Love

“We’re here,” sabi ko. Bumangon naman kaagad si Kendrine at naunang lumabas.

“This house is big din Mommy!” she said while looking at Kuya’s house.

“Welcome home our princess!” Lumingon kami sa may pinto nang marinig ang sigaw ni Kuya.

Tumakbo naman ang anak ko para salubungin siya ng yakap. Lumapit ako kay Kuya at niyakap na rin siya. Halos matawa naman ako nang lumapit din si Rita at akmang yayakap siya kay Kuya nang agad itong umiwas.

“Bakit hindi ikaw ang sumundo sa amin?” Pagtataray ni Rita.

Napa-awang naman ang bibig ni Kuya, hindi niya yata kerì ang katarayan ng nobya niya. Oo tama, silang dalawa.

Hinayaan na lang namin sila at pumasok na kami ng anak ko sa bahay.

“WELCOME HOME!”

Gulat akong tumingin sa mga taong matagal ko nang gustong makita. I smiled at them; I missed these people.

“Ito na ba ang anak mo? Ang cute naman,” sabi ni Yancy.

Niyakap ko silang tatlo nang mahigpit, niyakap ko rin si Nita at Manang.

“Ang ganda mo baby girl, mana ka sa akin.” rinig kong sabi ni Renz.

“What’s your name?” Pagtataray ng anak ko.

Gemorya

“Oh my gosh Grace, hindi ka naman mataray pero ang anak mo.”
Halong gulat at pagmamanghang sambit ni Mary. Exactly!

Si Rita talaga ang salarin.

“I am Tita Renz, your beautiful Tita,” proud na sabi ni Renz.

“Hi little girl, I’m Tita Yancy,”

“Mary is the name baby girl,”

Tinignan lang sila ng mga anak ko at ngumiti. Inabot pa ang kamay niya para mag pakilala. How cute.

“Hi, I am Kendrine Grace Alvarez, a beautiful and cute daughter of Grace Alvarez!” masiglang sabi ng anak ko.

Tumawa naman kami dahil sa kakulitan ng anak ko.

Nandito rin pala si Rogelio kasama ni Mary.

“Si Lawrence?” tanong ko sa kaniya.

“Work at busy sa girlfriend, naging under ang loko,” Angelo said
Tumawa lang ako, buti nagka-girlfriend siya.

“Grace!” Napalingon ako kay Kuya nang sumigaw siya.

Seryoso siyang tumingin sa akin.

“Bakit Kuya?” I asked.

“May naghahanap sa ‘yo sa labas, hindi ko na pinapasok dahil hindi siya welcome rito.” Nagtaka naman ako sa inasta at sinabi niya.

Unwanted Love

Naiinis ba siya? Galit? Sino naman ang naghahanap sa akin.

“Sino naman Kuya?” tanong ko.

Lumapit siya sa akin at hinila ako palabas.

“Kayo na muna bahala kay Kendrine, lalabas lang kami ni Grace,” sabi ni Kuya.

“Sino ba ‘yon Kuya?” tanong ko ulit pero hindi niya ako sinasagot.

Nakalabas na kami sa bahay at may isang babaeng nakatayo. Napakunot naman ang noo ko.

“Sino ka po? Hinahanap niyo raw ako?” Magalang kong tanong.

Hindi ko ito kilala, bakit niya ako hinahanap.

“A-anak,” pakiramdam ko matutumba ako sa narinig ko.

“P-po?” Tinignan ko siya ng maigi, umiiyak siya.

“K-Kuya?” Bumaling ako kay Kuya para siya na ang magsabi.

“She's our mother ang babaeng nang-iwan sa atin.” Muntikan na akong mitumba sa narinig. She is what? Our mother? But...

“Pero sabi ni Tita wala na tayong ina, Kuya.” Kahit na kinakabahan, naglakas loob pa rin akong sabihin iyon.

Tuningin ako sa babaeng kaharap ko ngayon.

“Patawad mga anak sa nagawa kong kasalanan sa inyo, hindi ko nais gawin iyon, Simone patawarin mo ako kung pina-ampon kita, may sakit ang

Gemorya

kapatid mo noon kaya nagawa ko ang bagay na 'yon. Ang perang ginamit ko sa binayad sa 'yo ay para maigamot ang kapatid mo, patawad anak hindi ko gustong gawin 'yon, sana mapatawad ninyo ako.”

Natulala ako. Tinignan ko si Kuya na umiiyak na rin. Tama ba ang narinig at nalaman namig? Binenta niya si Kuya noon dahil sa akin? Kasalanan kong nagkalayo kami?

“P-pero bakit ka nawala?” tanong ko.

“D-dahil sa Tatay mo anak, kailangan kong umalis dahil pinapahirapan niya ako, iniwan kita kay Tisa ang Tita mo para siya na ang mag-alaga sa 'yo. Hindi ko kaya kung iwanan kita sa Tatay mo anak, pasensya na. Sinabi ko sa Tita mo na ipalabas na patay na ako, patawad anak kung hindi ko kayo nabigyan ng maayos na buhay, naging mahina ako.”

Nasasaktan ako sa mga narinig ko. Hindi ko siya nakasama simula bata at ngayon na nandito na siya, gusto ko siyang yakapin pero hindi ako makagalaw. Matagal na akong nangulila sa Nanay ko, matagal ko ng gusto magkaroon ng ina.

“Saan ka ngayon?” tanong ni Kuya, inalis niya na ang mga luha niya.

“Nagtatrabaho ako sa isang karenderya, pumunta lang ako rito p-para makita kayo at humingi ng tawad sa inyo mga anak ko,” she said. “Nagpapatulong ako para mahanap ko kayo, laking tuwa ko nang makita ko na kayo. Simone at G-grace,” dagdag nito. Walang tigil ang iyak niya.

“K-Kuya.” Lumingon ako kay Kuya na seryoso lang nakatingin sa kaniya.

“Simula ngayon hindi ka na mahihiwalay sa amin, dumito ka na Ma,” he said, nahihirapan pa siyang banggitin ang salitang mama.

Unwanted Love

Napangiti ako at niyakap si Kuya.

Tinignan ko si inay at lumapit sa kaniya. I hugged her tight. Ito ang pangarap ko dati, nakita ko na ang Nanay ko, nakilala ko na siya.

“May anak ka na pala anak?” tanong ni Nanay nang nakapasok siya sa bahay, lumapit sa akin si Kendrine.

“Y-yes Ma,” I said.

Lumuhod siya para magkapantay sila ni Kendrine.

“Ang ganda, hello apo, ako ang iyong lola.”

Tinignan lang siya ni Kendrine na nagtataka.

“Anak, this is Lola Feli, go hug her,” I said.

Niyakap niya naman si Nanay. Napangiti ako. Masaya ako sa nakikita ko ngayon, sana tuloy-tuloy na ang magagandang nangyayari. Ito pala ang kapalit sa pag-uwi ko rito.

Umuwi na sila Yancy dahil natapos din ang party na ginawa nila.

Natulog na rin si Kendrine kaya nandito kami sa kwarto ko. Tinignan ko ang anak ko habang hinahaplos ang buhok niya.

Napalingon ako sa pinto nang bigla itong bumukas at pumasok si Nanay.

“Nay,” sambit ko.

Lumapit siya sa amin at umupo siya sa kabilang kama. Ngumiti siya habang nakatingin kay Kendrine.

Gemorya

“Isa kang mabuting ina. Anak, proud ako sa ‘yo, hindi man ako ang kasama mo sa pag-aaruga ng anak mo, ngayon sasamahan na kita anak.” Ngumiti ako sa kaniya.

“Nagagalak akong nakita kita Nanay, kay tagal kong pinangarap na makasama ka dati pa.” I said. I hugged her for the second time. Ang tagal ng panahon na pinapangarap ko lang ito.

“Ako rin anak pero maiba ako, saan ba ang Tatay ng apo ko.” Napatigil ako sa tanong niya. Sabi na nga bang magtatanong din siya.

“N-nay, hindi ko po alam,” sagot ko.

“Hindi mo alam o ayaw mo lang makita ng apo ko?” Manghuhula yata ‘tong Nanay ko.

“Nay, natatakot ako na baka mawala ang anak ko sa akin.” Hinawakan niya ang kamay ko.

“Anak, walang maglalayo ng anak mo sa ‘yo dahil alam natin pareho na ikaw ang pipiliin niya dahil sa ‘yo siya galing. Pero anak, sana hindi mo rin pagkaitan ang anak mo, nagawa ko na sa inyo dati at sana hindi magaya ang apo ko sa inyo,” mahabang sabi niya.

“Hindi pa ako handa Nay, bahala na po.” Nanhulumo kong sambit.

“Magiging maayos din ang lahat anak, kasama mo na kami ng Kuya mo,” she said and smiled

Niyakap ko muna siya bago siya lumabas.

Tumabi ako sa anak ko and I hugged her tight. Mahal na mahal kita anak, hindi ko hahayaan na mawala ka.

Chapter Thirteen

We stayed here for good, pina enroll ko na rin si Kendrine. And now ito ako ngayon, nasa company na ni Kuya, kailangan ko na rin siyang tulongan sa kompanya niya. Kabago-bago ko pa ngalang may problema na agad.

“I’m really sorry Grace kung ito agad ang gagawin mo,” sabi ni Kuya sa akin.

“It’s okay Kuya, I will meet that investor guy para lang matapos ‘to at bumalik ang mga shareholders natin.” I said.

Nag-backout daw kasi ang mga shareholders dahil bumaba ang rate ng company kaya ito kailangan manuyo kami sa ang isang investor na hindi ko pa nakikita o kilala.

“Are you sure na kaya mo ito? Baka umatras ka at hindi mo kayanin?” he said.

Unwanted Love

Bakit naman hindi ko kaya? Minamaliit niya yata ang kakayahan ko, nag-aral din naman ako ng business noong nasa New York ako kahit buntis ako eh.

“Kuya, minamaliit mo yata ako.” Nakangiwi kong sambit.

“No, not that. Baka kasi umatras ka kung makilala mo kung sino ang kikitain mo,” he said.

Mas lalong napakunot ang noo ko.

“Why? Sino ba ang kikitain ko?” tanong ko.

“Si ah... kasi ano si--”

“Just tell me Kuya para masimulan ko na.” Mariin kong sambit. Ang tagal sabihin. Pangalan lang eh.

“Si Steve Wilkerson”

Para akong nabuhusan ng malamig na tubig nang marinig ko ang pangalan niya. Pinaglalaroan ba ako ng tadhana? Lakas din mantrip.

“Ano? Aatras ka na ba? Kung aatras ka malulugi na tayo, isa siya sa mahalagang tao sa larangan ng business kaya sa loob ng ilang taon naging mahalagang tao siya na hindi dapat pinapalagpas ng kahit saang kompanya.”

Ganyan ba kalayo ang narating niya?

Gusto kong umatras pero paano ang kompanya ni Kuya na pinaghirapan niya ng ilang taon din? Ayaw kong makasama ang lalaking iyon pero dapat pinapakita ko na sa lahat na nakalimutan ko na siya.

Gemorya

“Nakikinig ka ba Grace? Kailangan natin maibalik ang mga tao.”
Napa-angat ang tingin ko kay Kuya.

Shit, ito na nga ba eh. Bahala na nga.

“O-okay Kuya, I will do it at ipinapangako kong maibabalik ang mga tao sa atin.” lakas loob kong sabi. Ngumiti ako sa kaniya para ipakita na ayos lang ako, na kaya ko.

Ngumiti naman ng malapad si Kuya.

“Patawarin mo ako kung naipit ka, hindi ko pa napapatawad ang lalaking iyon sa ginawa niya sa ‘yo pero wala rin akong ibang magagawa para mailigtas ang kompanya natin.”

I understand him. Isa sa natutunan ko sa business ay huwag ipasok ang personal issues. You’ll be drag kapag nagpapadala ng emosyon. Hindi lang kompanya mo ang malulugi, kundi ikaw rin bilang tao.

Naikuwento niya sa akin noon na nasuntok niya si Steve nang isang araw na nagkita sila sa isang club.

I will do it, this is for our company. Bakit kasi sa lahat siya pa ang puwedeng suyoin para umangat ulit ang company namin.

Bakit naman kasi ang arte ng mga tao at umatras sila sa deal nila sa company, baliw ba sila? Nasstress na tuloy ako sa ka-artehan nila.

Ano pa nga bang magagawa ko? This is business.

Kinabukasan, naghanda na ako dahil ngayon ang araw na makipag kita ako kay Steve. Kinakabahan man ako pero hindi ko na iniinda iyon.

Unwanted Love

“Good morning baby,” bati ko kay Kendrine, nagising naman ito at tiningnan ako habang inaantok pa.

“Aalis ka na Mommy?” tanong niya.

“Yes anak, sige na tumayo ka na d'yan. Si Lola Mama ang magpapaligo sa ‘yo.” She just nodded at tinatamad pang bumangod.

“Ma, ikaw na bahala kay Kendrine,” sabi ko kay Mama nang natapos niyang bihisan ang anak ko.

“Oo anak, mag-ingat ka,” she said.

Lumapit muna ako sa anak ko at niyakap siya.

“Be a good girl, okay?” I kissed her forehead.

“Yes, Mommy.” Niyakap niya ako ng mahigpit at hinalikan ang buong mukha ko. My lucky charm.

Pumasok na ako sa kotse at pumunta na sa lugar kung saan ko kikitain si Steve. Hindi ko rin alam kung alam niya bang ako ang makaka-usap niya.

Nang nakarating na ako sa isang sikat na restaurant agad akong bumaba. Inalis ko ang kaba sa aking sarili. I sighed at nagsimula nang pumasok.

“Good morning Ma'am, table for?” tanong ng babae.

“I have a reservation, Steve Wilkerson,” I said.

“Yes Ma'am, nandoon na po si Sir, this way po.” Nauna siyang maglakad at sumunod lang ako sa kaniya.

Gemorya

Gosh, ang aga niya naman. Hindi ba siya busy?

VIP table huh. Umalis na ang babae pagkatapos niyang ituro kung saan may nakatalikod na nakaupong lalaki.

Mas lalo atang naging macho ang katawan niya kahit nakatalikod ito.

Lumapit na ako at tumikhim. Kinabahan pa rin ako pero kailangan kong umasta ng normal. Para sa kompanya.

“I’m sorry, I am late,” sabi ko na hindi nakatingin ng direktso sa kaniya.

Umangat naman ang tingin niya sa akin, bakas sa mukha niya na nagulat. Sabi na eh, hindi niya alam na ako ang makikita niya.

“Grace,” he said na gulat pa rin’g nakatingin sa akin.

“Good Morning Mr. Wilkerson, I am Grace Alvarez Sir. It’s nice meeting you,” pormal kong sabi. I should act professional for this. No issues involved.

Buti hindi ako nautal dahil kinabahan na talaga ako. Hindi pa rin siya nagbago, gwapo pa rin.

Ay shocks Grace! Huwag ka ng maharot kaya ka nabubuntis eh. Huwag kang marupok sa mukha ng lalaking ito, akala ko ba nakalimutan mo na siya!

Nakatingin pa rin siya sa akin na para bang sinusuri ako ng mabuti. Looks like he saw ghost or some alien na ngayon niya lang nakita. I smiled at him.

Unwanted Love

“Can I sit down now?” I asked.

Tumikhim siya at inayos ang tayo, “H-have a seat,” he said.

Umupo naman ako sa harap niya. Paano ko ba sisimulan ito?

“You're here.” Napatingin ako sa kaniya nang magsalita siya.

“Kailangan ka pa dumating?” tanong niya.

Grabe magchichikahan ba kami?

“I'm sorry Sir, but that's not the reason why I came here,” sabi ko.

“Yeah, I know, by the way what do you want to eat?” he asked.
Gusto ko siyang sapukin. Hindi niya ba alam na nahihirapan akong makaharap
siya ngayon and he keep talking as if we're close.

“Anything,” iyan lamang ang naisagot ko.

Bakit ba hindi ako makatingin ng direktong sa kaniya.

“How are you?” he asked pagkatapos dumating ang in-order namin.

Kakasabi ko lang na hindi iyon ang pinunta ko na makipagchikahan
sa kaniya pero wala namang masama sa tanong niya.

“I'm doing good Sir,” sabi ko.

“Don't be too formal Grace, just call me the way you use to call me.”

Woah!

Gemorya

“How about you Steve? How are you? Kasal ka na ba? Kumusta ang anak mo?” not being formal pala ah. Pero roon ko lang na-realize ang mga tinanong ko.

Napaiwas ako ng tingin nang ngumiti siya. Damn you! I hate your smile. Huwag mo akong ngitian Steve hindi na ako marupok.

Uminom muna siya ng tubig bago sumagot.

“I am fine too, I'm not married yet,” sagot niya.

Tinignan ko siya ng may pagtataka, the last time na nagkita kami ay may anak siya kay Jemia, hindi niya ba pinanagutan iyon?

“Okay, now can we talk about the reason why I am here Mr. Wilkerson?” pag-iiba ko ng topic. Lumalayo na kami masyado.

Umiling naman siya sa akin na nakangiti. Ang saya yata nito.

“Hindi mo ba itatanong kung bakit hindi pa ako kasal?” sabi nito.

“Kailangan ko pa bang malaman?” balik kong tanong.

Wala naman akong pakealam.

“Maybe?” he said. He shrugged his shoulder.

Umirap ako sa kaniya. “Tss, bakit nga ba?” tanong ko na lang para manahimik na siya.

“Hindi pa ako kasal dahil may inaantay akong bumalik,”

Chapter Fourteen

Gemorya

Gulat akong tumingin sa kaniya. Ano ang ibig niyang sabihin?
Umalis ba si Jemia?

“A-ah okay, a-about the deal I want to bring it up with y-you.” pag-iba ko ng topic.

Tumingin naman siya sa akin ng seryoso, 'yong tingin niyang hindi ko pa nakikita kahit kailan, na para bang ang dami niyang gustong sabihin.

“I will invest, I'll help your company.” Gulat akong tumingin sa kaniya at napaawang ang bibig na agad ko rin namang inalis nang mapagtantong nasobraan ako sa galak.

“R-really?” hindi makapaniwalang tanong ko.

Hindi pa nga kami nag-usap kung ano iyon pero tinaggap niya agad.

Tumingin siya sa relo niya.

“Yes, I have to go. Nice meeting you... again,” he said.

Seryoso pa rin siyang nakatingin sa akin, inilahad niya ang kamay niya sa harap ko. Hindi ko alam kung aabutin ko ba ang kamay niya, pero parang may sariling buhay ang kamay ko at agad itong tinaggap. Damn it!

Bigla akong kinabahan nang dumampi ang kamay niya sa kamay ko, agad akong bumitaw.

“I have to go,” he said again at agad na tumalikod.

Pinagmasdan ko lang ang likod niya nang naglakad siya palayo sa akin. Napahawak ako sa sa dibdib ko, ang bilis ng tibok. What the hell is that?

Unwanted Love

Natauhan lang ako nang tumunog ang phone ko, I answered the call.

“Is this Ms. Alvarez?” tanong ng nasa kabilang linya.

“Yes speaking,”

“This is Mrs. Sakuman, teacher po ito ni Kendrine, nais lang po naming ipaalam sa inyo na may kunting problema rito. Maari po ba kayong pumunta?”

“A-anong problema? Sige po p-papunta na.” Nagmamadali kon'g inayos ang sarili ko at agad na pumunta sa kotse. Ano naman ang nangyari sa anak ko?

Nang makarating ako sa school, nagmamadali na akong pumasok sa guidance office. Nilapitan ko agad ang anak ko na umiiyak.

“M-mommy!”

“What happened?” I asked.

“Ms. Alvarez may nakaaway po ang anak ninyo, that little girl.” Lumingon ako sa likod ko nang tinuro ng guidance counselor.

May isang batang babae rin na umiiyak.

“Let's just wait sa parent ng isang bata miss,” sabi nito.

Tumabi ako sa anak ko at inalo siya. Inayos ko ang kanyang buhok, ang gulo. Nakikipag-sabunutan ba siya? Hindi siya ganito.

“Shh, Mommy is here na, don't cr—”

Gemorya

“Dada!” Napalingon ako sa bata na umalis sa kinaupuan niya at tumakbo. I look at the person na kakapasok lang.

Shit.

Niyakap niya ang batang babae na lumapit sa kaniya.

“Good day Sir, kayo po ba ang guardian ng bata? Have a seat po,” sambit ng babae. Sa anak ko lang ako nakatingin, umiiwas sa lalaking ito.

“Yes,” he answered.

Hindi ako luminingon sa kanila, gusto ko ng iuwi ang anak ko.

“Miss, puwede na ba kaming umuwi ng anak ko?” tanong ko.

Hindi parin ako luminingon kay Steve.

“But Ms. Alavarez kakarating lang po ng guardian ng isang bata, hindi po namin hahayaan na hindi maayos ang gulo ng dalawang bata.” Napapikit ako ng mariin. I sighed and nodded.

Pinaexplain na nila ang dalawang bata pero nakatingin lang ako sa anak ko.

“Mommy she's the one who started it, she spills her juice on my uniform.” Umiyak ang anak ko at niyakap ako.

“But dada, she bumped me, hindi siya tumingin sa way niya,” sabi naman ng batang babae.

“Hindi namin alam kung bakit sa simpleng away nila ay nauwi sa sabunutan.” Gulat akong tumingin sa babae.

Unwanted Love

“WHAT?! Sinabunutan ang anak ko? Saan ba kayo at hindi ninyo napatigil agad bago magkaganito ang dalawang bata?!” sigaw ko. Naiinis ako sa nalaman, hindi ko nga pinadampi mga lamok at langaw sa anak ko.

“Huminahon po muna kayo Ma'am.” Umupo naman ako ulit. I can't tolerate this. At dahil sa inis ko lumingingon ako sa batang babae.

“Why did you pull my daughter's hair?” Mahinahon lang naman ang pagkasabi ko pero naiinis na ako.

“Your daughter pull it too.” Napalingon na ako sa lalaking nagsalita.

Sinamaan ko siya ng tingin.

“Can we just settle this? Away bata ito,” sabi pa niya.

Anong away bata? Anak niya rin ang napahamak!

Tinago ko ang anak ko sa kaniya dahil kanina pa siya nakatingin kay Kendrine.

“Okay fine, baby say sorry and let's go home,” sabi ko sa anak ko.

“B-but Mom, I am not the one who started. Why I am going to say sorry first?” she asked. Umiiyak parin.

“Jenna say sorry.” Napalingon ulit ako kay Steve nang magsalita siya.

Jenna sounds Jenia. Anak nga nila ang batang ito. Tinignan ko ang bata pero hindi siya kamukha ni Steve.

“Okay dada, I'm sorry Kendrine,” sabi ng bata.

“Now princess say sorry too.” Utos ko sa anak ko.

Gemorya

“I’m sorry Jenna,” she said. Thank goodness, makakauwi na kami.

Naayos na rin naman agad. Pero hindi pa rin katanggap-tanggap sa akin na ginalaw ang buhok ng anak ko.

Wala na, nakita niya na ang anak ko! Hindi naman siguro siya maghihinala 'di ba? Hindi niya naman alam na buntis ako nang umalis ako.

“Grace.” Napahinto kami nang tawagin niya ang pangalan ko.

Dahan-dahan akong lumingon at tinaasan siya ng kilay.

“Yes Mr?” I asked.

Tumingin siya sa akin bago tumingin sa anak ko. Shit, lakas ng kaba ko.

“W-we need to g-go.” Hinila ko agad si Kendrine. Ayaw ko sa tingin niya.

“Sandali Ms. Alvarez!” tawag niya ulit. Bakit ba?!

“Can we talk?” he asked. Nag-usap na kami kanina ah.

“About the business po ba? I will go to your office soon Sir and we will schedule our meeting but for now we need to go,” sabi ko.

“Not that, Puwede ko bang maki---”

“Steve!” Napalingon ako sa sumigaw. It's Jemia with her daughter.

We really need to go.

Unwanted Love

Bago pa makarating ang dalawa sa puwesto namin nagmamadali na akong umalis kasama ang anak ko papunta sa parking.

Kailangan ko na bang e-transfer ang anak ko?

“Mommy I’m sorry.” Huminto ako sa pag-aayos ng seatbelt niya. I smiled at her.

“Don’t do it again princess,” I said.

“Yes Mom.”

“May masakit ba sa ‘yo? ‘Yong ulo mo? May galos ba?” suno-sunod kong tanong at tinignan ang katawan niya.

“Do you want to go to the hospital?” I asked.

“No Mom, I’m fine. I want ice cream Mommy.” Napangiti ako.

“Yes, let’s go.”

Dumaan muna ako sa convenience store to buy ice cream.

Nang makauwi kami binigay ko na si Kendrine kay Manang Lita.

Sina Rita and Nita hindi na dito nakatira dahil binigyan na rin ng trabaho ni Kuya sa company namin, nais daw nila bumukod. Si Manang Lita lang ang nagpa-iwan, loyal daw siya kay Kuya.

Pumunta ako sa anak ko na nasa sala at tinabihan siya, she’s eating ice cream habang nanunuod ng peppa pig na paborito nito. I smiled nang tumingin siya sa akin. Inabot niya naman ang ice cream.

Gemorya

Tinignan ko ang anak ko. Muntikan na kanina. Hindi siya magtatanong siguro kung anak niya si Kendrine? Pinagmasdan kong mabuti ang anak ko at nanlaki ang mata ko nang tiningnan ang mata niya, they have the same eye! Fuck.

Paano kapag magduda na siya dahil sa mata? No, hindi mangyayari 'yon dahil kanina ang una at huli nilang pagkikita, I swear!

Ayaw kong maisip ng anak ko na anak siya sa labas, na may ibang pamilya ang Daddy niya. Na ang naka-away niya kanina ay kapatid niya.

Akala ko ba hindi sila kasal? Akala ko ba umalis si Jemia? Bakit nandoon siya kanina? Ine-echos ba ako ng Steve na iyon sa meeting naning dalawa kaninang umaga?

Sino naman ang inaantay niyang bumalik? Or baka kaya siya ang dumating para sa anak niya kanina sa school dahil wala si Jemia at kanina lang din nakarating? So magpapakasal na sila dahil dumating na ang inaantay niya? And why I think too much about it? Damn!

Kinuhua ko ang phone ko and I immediately called my friends and sinabihan silang aalis kami mamayang gabi.

Na miss ko na sila kasama, sina Rita and Nita ay kaibigan na rin ng mga kaibigan ko kaya for sure kasama rin sila mamaya.

They invited Lawrence and Rogelio pero sabi ko girls bond lang. I want to refresh, parang ang daming nangyari ngayong araw na nakaka-stress.

Chapter Fifteen

Kakarating ko lang sa bar na sinabi ni Renz. I was about to enter nang may nadatnan akong nag-aaway sa labas, nais ko pa sanang manuod pero biglang dumating si Nita at Rita.

“Girl nanuod ka pa ng show, tara na sa loob nag-aantay na sila,” sabi sa akin ni Rita at hinila na ako. Makahila talaga.

Pagpasok naming tatlo ang dami ng tao, loud music all over the place.

“Buti naisipan mong mag-aya, nastress ako sa trabaho!” sigaw ni Nita dahil hindi na kami nagkarinigan.

Gemorya

“Hanapin na natin sila!” Sumigaw na rin si Rita.

Masyado pa yatang maaga para maging wild mga taong nandito, halos hindi na kami makadaan. It's still eight in the evening!

“Here girls!” Napalingon kami sa sumigaw. It's Renz habang kumakaway.

“Hi!” bati sa amin ni Mary nang nakalapit na kami.

We hugged each other. Nakaupo na rin kaming tatlo.

“Anong nag-udyok sa ‘yo na pumunta?” tanong ni Yancy sa akin.

“I missed you all, that's why,” simple kong sasbi. Totoo naman kasi, na-miss ko sila. Bawal ba silang makita?

“How's Kendrine?” tanong ni Renz.

Dahil sa tanong na iyon naalala ko na naman ang nangyari kanina sa school ng anak ko.

“She's fine, nakatulog na bago ako umalis,” sagot ko.

“Anong pakiramdam ng may anak Grace?” Napataas ang kilay ko sa tanong ni Mary.

“Nagbabalak ka?” tanong ko.

“No, virgin mary pa ako and wala pa iyan sa isip ko, I'm just asking kasi 'di ba hindi mo kami nakasama noong pinagbuntis mo si Kendrine hanggang sa pinanganak mo siya and now,” she said.

Unwanted Love

Napangiti ako at tinignan si Rita, she smiled too. Kaming dalawa ang nahirapan nang pinagbuntis ko si Kendrine.

Kinuwento ko sa kanila ang karanasan ko like, sobrang hirap lalo na kapag hindi ko nakukuha ang gusto ko sa paglililihi, si Rita at Aljon ang nahihirapan kakahanap ng gusto kong kainin, naisturbo ko pa ang trabaho ng dalawa noon.

Nang pinanganak ko na si Kendrine mas lalo akong nahirapan dahil kulang ako sa tulog kaka bantay sa kaniya sa tuwing nagigising siya ng madaling araw, umiiyak at lagi akong napaparanoid sa tuwing nagkakasakit siya.

“Bakit hindi ninyo kasama 'yong Aljon dito?” tanong ni Nita. Kaya pareho kaming napangiti ni Rita sa kaniya.

“Soon sis pupunta iyon dati and get ready,” Rita said, nagtaka naman si Nita pero tinawanan lang namin siya.

“Let's party here, Renz and Mary single kayo ngayong gabi kaya huwag niyo isipin mga boylet ninyo.” Yancy said. Mga Psychologist ba talaga ‘tong mga ‘to? Well, sabagay. It's better to explore things while you're in your profession. Walang mali roon.

Dumating na rin ang mga inomin namin, we started to drink. Mahina ako sa alak, alam iyon ni Rita pero itong mga ‘to lagi ako pinapa-inom.

“Nahihilo na ako!” sigaw ko sa kanila pero tumawa lang sila.

Halata rin naman na lasing na rin ang iba sa amin.

Tumayo kaming anim at pumunta sa gitna para makisabay sa sayawan ng ibang tao. We're wild enough, kasabay namin ang musika sa paggalaw ng aming katawan.

Gemorya

Tawanan at sayawan ang nagagawa namin. Hanggang sa naisipan namin maghiwalay.

“Let's party!” sigaw ng kung sino.

Sayaw lang ako nang sayaw, wala na rin dito ang mga kasama ko but I didn't care, nawawala na yata ako sa sarili ko, wala akong pake kung may natatapakan ako at panay reklamo sila.

I dance and dance pero tumigil ako nang may humawak sa bewang ko. Humarap ako sa lalaki. He's handsome, amoy pa lang gwapo rin.

He grined, dinikit niya ang katawan niya sa akin. Napangiwi na lang ako.

“Hi sweety.” He smiled.

Nginitian ko rin siya, inilagay ko ang dalawang kamay ko sa batok niya.

“Let's go somewhere?” he said pero hindi ako sumagot.

Sinayawan ko lang siya. Ayaw kong umalis dito, gusto ko lang sumayaw. Bahala siya diyan.

Hindi ko na rin pinansin ang paghalik niya sa leeg ko. Tinulak ko siya ng bahagya.

“That's fast,” I said.

“I like you tonight.” sabi niya at hinalikan ulit ang leeg ko.

Malakas ko siyang tinulak at umatras ako.

Unwanted Love

“I’m sorry, I don’t like you,” direktong sabi. Tatalikuran ko na sana siya pero hinigit niya ang braso ko.

“Playing hard to get sweetie.” He smirked.

Hindi ko siya maintindihan, hinawi ko ang kamay niya na nakahawak sa braso ko, I was about to turn him back pero mas lalo niyang diniinan ang pagkahawak ng braso ko. Ano bang trip niya?

“Ano ba! Let me go, jerk!” I shouted.

Gwapo sana pero masyadong presko.

“I want you tonight, just to—”

“Get your hands off her.” Napalinging ako sa baritong boses.

What the hell!

“Huwag kang mangialam dito,” sabi nitong lalaki.

“Bitawan mo siya kung ayaw mong sa hospital mamalagi,” he said. Nahihilo na ako, wala na akong alam sa nangyayari.

Binawi ko na ang kamay ko sa lalaking ito pero hinila niya ulit ako papalapit. Tumili ako nang biglang suntokin ni Steve ang lalaki. Doon na yata nawala ang pagkalasing ko. Lumapit na rin ang ibang tao.

I cursed in my mind nang nagsusuntokan na ang dalawa.

“Stop that!” sigaw ko pero hindi nila pinansin.

Natigil lang ang pagsusuntokan ng dalawa nang dumating ang dalawang bouncer.

Gemorya

“Gago ka!” sigaw ng lalaki kay Steve.

“No one dared to touch what's mine.” Napa-awang ang bibig ko sa sinabi ni Steve. Lasing na yata ako, kung ano-ano na ang naririnig ko.

Pinabalik na ng mga bouncer ang mga tao. At aalis na sana ako para hanapin ang mga kaibigan ko pero hinila ako ni Steve palabas ng bar.

Nagpupumiglas ako sa pagkahawak niya.

“Shit Steve, let me go!” I shouted pero hindi niya ako pinansin. Hanggang sa nakarating kami sa parking lot.

“What the hell? Baka hinanap na ako ng mga kaibigan ko?”

Akmang tatalikuran ko na siya nang napatigil sa pagsalita niya.

“Get in, I'll take you home.” Nilingon ko siya, ang gwapo niya pa rin. Pero erase erase.

“Kaya ko umuwi mag-isa, I have my car,” sabi ko.

“Ipapakuha ko ang kotse mo rito, you can't drive, now let's go.” Hinila niya na ulit ako, I want to stop him pero nahihilo na ako.

“I can go home Steve, bakit ka ba nangingialam?” I asked. Naiirita ako sa presensya niya.

“You can't, just get inside the car.” Mariin niyang sabi.

“I said I can go home, ang kulit mo, bahala ka nga!” Tumalikod na ako pero hinila niya pa rin ako at pilit pinapasok sa kotse.

Fuck.

Unwanted Love

Nang nakaupo ako sa harap siya na ang nag-seatbelt sa akin, napapikit ako at inamoy ang pabango niya. I smiled.

“Ang bango mo pa rin,” wala sa sariling sabi ko.

Pero bumalik rin nang naisip kong napasakay niya na ako sa kotse niya. Fuck this man!

“Hey let me go, I am not drunk, I can drive.” sabi ko pero parang wala siyang narinig.

Nagmamadali siyang umikot papunta sa driver seat.

“Hoy kaya ko nga, huwag mo na akong ihatid!” sigaw ko ulit. Mauubos na yata ang boses ko kakasigaw pero hindi niya pa rin ako sinusunod.

“Hindi mo kaya, I can't let you stay there at binabastos ka,” seryosong sabing niya.

“What's your problem? Ano bang pake mo?!”

“You are my problema. Now let's go, don't be hard headed,” he said at pina-andar na ang kotse.

'Yong kotse ko! Hindi ko pa tinext ang mga kaibigan ko, baka mag-alala ang mga yon.

Kinuha ko ang cellphone ko kahit na nanlalabo na ang panginin at nahihilo but I really need to notify them. I texted Rita na nauna na ako.

“Did you know kung saan ako nakatira?” I asked.

“No,” sagot niya.

Gemorya

“I’ll tell you wh—”

“You’re going to my condo.” Napatingin agad ako sa kaniya.

I protest. Hindi maaari maghahanap ang anak ko.
Feeling ko talaga nawala ang pagkalasing ko dahil sa lalaking ‘to.

“Hindi puwede, maghahanap ang anak ko sa akin,” sabi ko.

Huminto ang kotse dahil red light. Tinignan niya ako ng seryoso.
“Hindi ka lasing?” tanong niya. Tumango lang ako bilang sagot.

“Is she my daughter too?” Halos manlaki ang mata ko at umiwas ng tingin. Shit! This is it. Wrong move. Anong sasabihin ko? Hindi p’wedeng malaman niya!

“N-no, she’s n-not.” I uttered.

“Is that so?” he said. “Who’s the father?” tanong niya ulit.

I bite my lower lip, shit.

“Iniwan na niya k-kami.” stupid Grace!

“Ihahatid na kita sa inyo,” sabi niya.

Binigay ko ang address. Tahimik lang ang buong b’yahe, ayaw kong magsalita, kinakabahan ako. Bawat paghinga lang ang naririnig namin sa loob ng kotse niya.

I looked at him, umiigting ang kanyang panga, naka kunot ang noo habang seryosong nagmamaneho.

Unwanted Love

I'm sorry Steve, I can't let my daughter near to you, not now, I'm scared lalo na may pamilya ka na.

Nang nakarating kami sa harap ng bahay, lumabas na ako at gano'n din naman siya.

I looked at him.

"Ipapahatid ko na lang ang kotse mo," sabi niya. I nodded.

"T-thanks, ingat ka." Akmang tatalikod na siya pero biglang lumabas ang anak ko. Umiiyak, gulat akong lumingon sa kaniya.

"M-mommy, where have you been?" she asked while crying.

"Somewhere baby, I'm sorry, bakit gising ka pa?" I asked.

"I woke up, you're not in my side Mom, I cried." Niyakap ko siya. Nasa likod si mama.

"Kanina pa 'yan ayaw matulog ulit, inaantay ka anak," sabi ni Mama.

"Mommy, sino siya?" Natigil ako nang ituro niya si Steve. Bakit ba hindi pa siya umalis>

"Ah--"

"Siya 'yong Daddy ni Jenna? Why are you with him Mom?" Nakataas ang kilay ng anak ko nang sabihin niya iyon.

Matutulak ko na talaga si Rita, siya talaga nagturo paano magtaray ang anak ko.

Gemorya

“Yes baby, ahh let's talk tomorrow. You need to sleep now, it's late,”
I said.

Tinignan ko si Mama para kunin niya ang anak ko, na gets niya naman kaya pumasok na sila sa loob.

Nilingon ko si Steve. “Thanks again Steve,” sabi ko.

“We have the same eyes, are you sure na hindi ko siya anak?”

Tangina naman. Napansin niya pa iyon. Pakiramdam ko kakainin na ako ng lupa. Fuck.

“I'm sure Steve, she's not your daughter and beside may pamilya ka na huwag mo na akong pakialaman, puwede?” I said.

Naiinis na ako ang dami niyang tanong.

“I told you, I don't have a family yet, Jenna is not my daughter, I didn't marry Jemia if that's what you think,” mahabang wika niya.

Napanganga ako sa sinabi niya. Liar, kasama niya kaninang umaga tapos hindi niya anak? Hindi kasal?

“Don' t lie Steve, and I don't care anymore, let's talk about the business when we see each other again,” sabi ko at tumalikod na pero agad napahinto at hindi makagalaw sa sinabi niya. The fuck!

“Kapag nalaman kong anak ko siya, kukunin ko siya...”

Chapter Sixteen

Hindi pa bumabalik lahat ng shareholders kaya hanggang ngayon nasa low state pa rin ang kompanya, hindi ko na alam kung paani sila mapapabalik.

Napatigil ako sa pag-ta-type nang may biglang pumasok. My secretary.

“Ma'am, you have meeting at 1:00 p.m with some of investors,” she said. I just nodded at pinatay na ang laptop. Magtatanghalian na rin at kailangan ko munang kumain bago humarap sa mga tao.

“Okay, thanks. Can I have my usual order for lunch?” I asked.

“Yes Ma'am.” Tumalikod na siya at iniwan sa akin ang pinapagawa ko sa kaniya noong nakaraan.

Pagkaalis niya, saktong pumasok si Rita at Nita. Nakataas ang kilay ko sa kanilang dalawa. Mga tinginan pa lang nila ay parang nanghuhusga. Anong trip ng mga ‘to.

“What?” I asked. “Wala ba kayong trabaho?” kunyaring pagtataray ko.

Unwanted Love

“Saan ka galing kagabi? Iniwan mo kami,” Rita said.

Nagtext ako sa kaniya na mauuna na ako ah.

“I texted you right?” I asked.

“Hmm, kaninang umaga ko pa lang nabasa.” She chuckled.

“Sino naghatid sa ‘yo? If I am not mistaken nakita pa namin ang kotse mo sa parking lot kagabi.” Nakataas ang kilay ni Nita habang tinatanong iyon. Pumunta lang ba sila rito para roon. Sasabihin ko ba sa kanila? No, baka pag-tripan pa ako ng mga isip bata na ito.

“Nag-taxi ako kasi hindi ko kaya mag drive,” I lied.

Mukhang hindi naman sila kumbensido.

“Talaga lang ah?” Rita said at inirapan ako, umupo siya sa sofa.

Bakit ba naging kaibigan ko ito ng matagal? Siya lang ‘yong nakakakilala sa akin for five years kaya malabo kung makapagsinungaling ako sa babaeng ‘to.

I sighed at tinignan sila. Inutosan ko si Nita na e-lock ang pinto dahil siya lang ang malapit. Umupo na rin siya sa sofa.

“I’m with Steve last night,” I said.

Nagtaka naman ang mukha ni Nita, while Rita ay nanlaki ang mga mata. Obviously sa kanilang dalawa si Rita ang mas nakakaalam kay Steve.

“Who’s Steve?” tanong ni Nita.

Gemorya

“Bruha sis, Papa ni Kendrine!” At dahil sa sinabi ni Rita, Nita’s eyes widen. Tsk, sisters.

“Really? Saan ka niya dinala? Gosh!” Napaka-oa naman kung mag-react ‘tong si Nita, sarap palabasin. Inirapan ko silang dalawa, kung maka react daig pa ako ah.

“Hinattid niya lang ako sa bahay,” sambit ko.

“Nagkita ba sila?” I stopped when Rita asked.

I remembered na naman what Steve said last night.

Kukunin ko siya

Kukunin ko siya

Kukunin ko siya

Shit, paulit-ulit sa utak ko.

Sinabi ko na lang sa kanila na hindi nagkita ang mag-ama. Hindi na rin naman sila magkikita sa susunod, siisguraduhin ko iyon. Hindi na siya makakalapit sa amin o kahit sa anak ko. Wala siyang karapatan.

“Are you ready Grace?” Kuya asked. Narito na kami ni Kuya sa conference room, inaatay ang mga investors.

I frowned when he asked. “For what Kuya?” I asked.

“Steve will be here later,” he said.

I know na naandito siya mamaya, isa siya sa niligawan namin.

Unwanted Love

“And then? We already met Kuya, nothing to worry about. We’re casual.” Ngumiti ako sa kaniya para ipaalam na wala akong pakealam kung dito pa matulog si Steve sa kompanya.

Magsasalita pa sana si Kuya nang pumasok na ang iilan, may naunang pumasok na anim ngunit sa huling lalaki ako nakatuon ng pansin. Steve.

“Mr. Wilkerson,” sabi ng kung sino.

Hindi ko talaga kilala ang iba sa kanila.

Tumango lang si Steve sa kanila, umupo siya sa dulo katabi niya ang isang lalaki na mukhang ka edad niya lang. Bumulong ito kay Steve.

Nag-iwas agad ako ng tingin nang bigla niya akong tinignan.

“Good afternoon gentlemen, by the way this is Grace Alvarez my sister.” pagpakilala sa akin ni Kuya.

Kinamayan ko naman ang ibang nagpakilala kasama iyong kausap ni Steve.

“Hello Miss Grace, nice to meet you I am Jalwin Sullivan,” he said.

He’s handsome, kapag ngumiti siya nakikita agad ang dimple nito.

Iaabot ko na sana ang kamay ko pero may biglang kumuha. Napakunot ang noo ko.

“Steve Wilkerson, nice meeting you again Ms. Alvarez.”

Hinawakan niya ang kamay ko at gulat pa akong tumingin sa kaniya nang hinaplos niya ito kaya agad kong binawi. Damn you!

Gemorya

I heard Jalwin chuckled.

“We’re best buddy and cousin, ikaw pala ang kinu---”
Hindi natapos ni Jalwin ang sasabihin niya dapat dahil nagsalita na si Kuya na magsisimula na.

Tinalikuran ko agad ang dalawa at bumalik sa tabi ni Kuya.

“Nagtagal ka yata roon.” Hindi ko na pinansin ang bulong ni Kuya.

Sinabi ko na lang na magsisimula na. We talked about the downfall of our company at bakit namin kailangan ng tulong ng mga taong nandito at kung ano-ano pa.

“How can we sure na hindi kayo mabibigo ulit?” tanong ng isa.

“We promised to do everything Sir,” Kuya said. Alam kong mahirap ibangon ang isang kompanya na palugi na. But our company, may kaunti pa namang pag-asa ito na nakakasigurado akong mababalik sa dati. Hindi dapat mawala ang pinaghirapan ng Kuya ko sa mahabang panahon.

Habang nagme-meeting kanina pa nakatingin dito banda sa akin si Steve, naiilang ako sa tingin niya.

Natapos ang meeting kaya nagmamadali akong umalis, it’s already three in the afternoon at nag-aantay na ang anak ko for sure.

“Kuya I need to go, baka nagtaray na naman ang pamangkin mo kaka-antay sa akin,” sabi ko kay Kuya.

“Yeah, take care kayo,” he said.

Unwanted Love

Lumabas na ako sa conference room pero nagulat ako nang nasa labas pala si Steve at Jalwin.

Jalwin smiled at me and si Steve naman nakatingin lang sa akin ng seryoso.

“Si Kuya ba ang inaantay niyo? Palabas na siya,” I said.

“No, it's you actually. Ito kasing pinsan ko inaantay ka,” Jalwin said.

Kumunot ang noo ko at tinignan si Steve. Anong kailangan ng isang ‘to?

“May lakad ka ba? Can I invite you...somewhere?” he asked.

Tumawa lang si Jalwin. Is he inviting me a date? Of course, not Grace, bakit naman siya makikipag date.

“I'm sorry, I can't. Pupuntahan ko pa ang anak ko,” sambit ko.

Mukhang nagulat si Jalwin. “You have a child?” I nodded.

“Hindi halata, kasama ba ang Tatay niya?” he asked again. Chismoso.

“No, excuse me.” Tinalikuran ko na sila at nagmamadaling umalis.

Bakit kaya ako inimbitahan ni Steve, baka hinuhuli niya ako kung anak niya ba talaga si Kendrine kaya ito ang paraan niya na mapalapit sa akin.

Hell no siya, hindi pa rin ako naniniwala na wala silang anak ni Jemia, huling kita naning ay pinag-usapan nila ang anak nilang dalawa at sasabihin niyang wala siyang asawa? Liar!

Gemorya

Nakarating na ako sa school ng anak ko, and I saw her waiting in the guard house.

“Kendrine!” tawag ko. Lumingon naman agad siya at tumakbo papunta sa akin.

“Mommy, you are late again.” Pagtataray ng anak ko. Ginulo ko ang buhok nito and I kissed her.

“I’m sorry, let’s go,” I said. “What do you want to buy?” I asked her nang nakapasok na kami sa kotse.

“I want to buy clothes Mommy and some shoes and bags.”

Napailing na lang ako, she’s spoiled. Inispoiled talaga siya ni Rita, Aljon, ni Kuya at ang umampon kay Kuya doon sa New York kaya ito kahit anong gusto niya binibigay namin.

Naglalakad na kami sa mall, kumain din muna kami sa favorite fast food niya which is Jollibee.

“Mommy, let’s go there.” Turo ng anak ko sa isang shop.

Puno ito ng maraming bags mapabata o pang adult.

Habang sumusunod sa anak ko na kanina pa namimili ng bag niya may natanaw akong pamilyar sa akin. Namimili rin siya ng kung ano-ano. Tinignan ko lang at nakumpirma kong kapatid ito ni Steve.

I was about to go pero huli na dahil nakita niya na rin ako, nanliit ang mata niya sa akin at tinignan ako mula ulo hanggang paa. Naglakad siya papunta sa akin, lumilinga-linga ako para hanapin ang anak ko. When I saw

Unwanted Love

her, tatalikod na sana ako para puntahan si Kendrine pero nagsalita si Charisse.

“Grace,” shit. Napahinto ako at tinignan siya.

She smiled. Parang noong una naming kita ang cold niya kung tumingin sa akin. I think she's now 19 years old.

“Hi, hmm Charisse right?” I asked. Kahit alam ko na ang pangalan niya. She nodded.

“How are you, long time no see,” she said and smile. Ang tagal ko nang nawala at naiilang ako sa ngiti niya.

“I’m find, how ab---”

“Mom, I want this.” biglang singit ng anak ko.

“Anak mo?” tanong naman ni Charisse. I nodded.

“Yeah, Kendrine baby. This is Tita Charisse,” pagpakilala ko.

Tumaas ang kilay ng anak ko at tinignan si Charisse mula ulo hanggang paa.

Hay nako anak, kapatid yan ng Tatay mo, huwag mong ganyanin.

“Hi princess,” sabi ni Charisse.

“Hi... Mommy let's buy this na.” Hinila ako ni Kendrine, excited bumili. I looked at Charisse.

“I’m sorry, we really need to go.” I apologized.

Gemorya

Hinila na naman ako ng anak ko. Hindi talaga makapag-antay ang batang 'to.

“Pamangkin ko ba siya?” Naestatwa ako at hindi ko alam anong isasagot ko sa tanong niya. Fuck! Bakit ba inaakala nila na kadugo nila si Kendrine, damn it.

Chapter

Seventeen

Ako ang maghahatid kay Kedrine ngayon dahil sa request niya, na-miss niya raw na ako ang kasama niya papuntang school nito. Pagka-upo, inayos ko ang seatbelt niya at hinalikan siya sa pisngi. We smiled to each other. Sweet talaga ng anak ko.

Habang nagmamaneho ako, kumakanta lang siya ng kung ano-ano. I laughed when she sang the pusong bato song. Renz taught her that song. Umaakto pa siyang may microphone siyang hawak.

“We’re here love.” Napatigil siya sa pagkanta.

I removed her seatbelt at bumaba na ako para pagbuksan siya ng pinto. She holds my hand. Her smooth hand that I loved the most. Well, mahal ko ang lahat ng sa kaniya. She’s my life after all.

Gemorya

“Let's go Mom, hatid niyo po ako sa classroom.” Nakangiti niyang sambit.

“Okay baby, let's go baka late ka na.” Naglalakad na kami papunta sa room niya.

“Okay baby, be a good girl, okay?” paalala ko sa kaniya. Ayaw ko na maulit ang nangyari noong nakaraan baka hindi ako makapag-pigil kapag anak ko na talaga ang masasaktan.

She nodded and hugged me. “Take care Mom,” she said.

Pumasok na rin naman agad siya sa classroom at nakipag kulitan sa mga kaklase nito. Ang cute nilang pagmasdan.

Aalis na sana ako nang may tumawag sa akin. When I turned back, I saw Jemia with her daughter.

Pinapasok niya muna ang anak niya. She looked at me na nakataas ang kilay. Luh inaano ko ito.

“Bakit?” I asked.

“Tama nga na dumating ka na,”

Lumingon muna ako sa paligid baka kasi mag iskandalo ‘tong babae ‘to rito.

“Yeah, months ago,” walang gana kong sambit.

Tinaasan niya lang ako ng kilay, sinuri mula ulo hanggang paa.

“Nothing has change, you're still a trash.” But not a trash like you, nabubulok. Gusto ko siyang sampalin for insulting me.

Unwanted Love

“Excuse me? Pagkakaalam ko hindi tayo magka-kilala,” sambit ko at akmang aalis na nang magsalita ulit siya.

“Really? You don't me? How sad, well I'm going to introduce myself to you para naman alam mo ang magiging lugar mo pagdating ng araw.”

Ilugar kaya kita kung saan ka rin nababagay? And why I am here, talking to her na dapat hindi ko na pinatulan. As if may pakealam ako kung sino at ano siya.

“Huwag kang lalapit kay Steve dahil magpapakasal na kami, sa oras na magpapakita ka sa kaniya, you will regret,” she said.

Hindi ko alam kung bakit parang nadurog ako sa sinabi niya, hindi na dapat ako masasaktan, wala na dapat. At ano naman ang pakealam ko sa kanilang dalawa.

Siguro nga tama, siya ang hinantay ni Steve kaya hindi pa siya kasal and what the hell? I shouldn't mind that thing.

“I don't care, why? Are you scared?” I asked. Ngumisi naman siya.

“Why would I? We have a child remember? Bakit ako matatakot kung alam ko na ako ang papakasalan niya?” saad nito.

Kung siya talaga? Bakit napatagal. At ano bang pinuputok ng butchi ng babaeng 'to? Hindi pa ba sapat na umalis ako noon at nagpapakalayo para sa kanila.

“Really? Good for you, I have to go. I am wasting my time here,” I said at tinalikuran na siya.

Gemorya

Dumiretso na ako sa office ko, nawala ang mood ko dahil sa babaeng yon. Pagpasok ko sa office ko napatalon ako dahil sa taong nakaupo sa puwesto ko dapat. Anong ginawa niya rito?

“W-what are you doing here?” I asked him.

Pinasiklop niya ang mga palad niya at nakataas ang kilay habang nakatingin sa akin. Damn that eyes of him, para bang tinatawag niya ako sa mga titig niya pa lang.

“Why are you late?” he asked Wow lang ah. Kailan pa siya naging boss ko.

“Bakit ka ba nandito? Kailan pa naging office mo ito?” I asked.

“Nothing, my proposal lang ako sa ‘yo,” he said formally.

“I don't give a fuck about your things Steve; can you please go out.” naiinis na ako rito ah.

“You don't miss me?” Napa-awang ang labi ko dahil sa tanong niya.

What the hell?!

“Ano na naman ito Mr. Wilkerson?” I asked.

“I investigated you.” Gulat akong tumingin sa kaniya ng diretso.

Really? May alam na ba siya? Shit, hindi maaari.

“You're a stalker!” I shouted.

Unwanted Love

Grabe na ang inis ko sa lalaking 'to, kanina si Jemia ngayon siya naman, hindi ba nila ako titigilan? Hindi ba sila nakakaramdam na ayaw ko silang nakikita.

"I told you once na nalaman ko na anak ko ang anak mo kukunin ko siya hindi ba?" Naestatwa ako sa sinabi niya, this is not going to be happen.

"At ano ang nalaman mo? Hindi mo siya anak 'di ba?" Taas noo kong sabi kahit na kinakabahan na ako ngayon.

"Hindi ko akalain na nagawa mong itago sa akin na may anak na tayo Grace, at hindi ko akalain na nilayo mo siya sa akin," he said.

Biglang nanghina ang mga tuhod ko, nanginginig. Seryoso siyang nakatingin sa akin. Galit ba siya? Wala siyang karapatan magalit.

"Kukunin ko siya sa 'yo." And by that nilapitan ko siya at sinampal.

He holds his jaw, how dare he? Nanginginig ang mga kamay ko sa inis sa kaniya.

"Don't get her from me, please Steve, hindi ko sinabi sa 'yo dahil wala na ako noon dito sa Pilipinas. May anak din kayo ni Jemia kaya mas pinili kong huwag sabihin sa 'yo na may anak din tayo, please Steve huwag mo siyang kunin sa akin." Naiiyak na ako, ayaw kong mawala ang anak ko.

Wala akong pakealam kung magnakaawa man ako sa kaniya ngayon, ayaw kong mawalay sa anak ko. Ayaw ko.

"Wala kaming anak ni Jemia, Jenna is not my daughter. Pero magpapakasal kami, ako ang kinilalang Tatay ng anak niya. Grace, kukunin ko ang anak natin sa ayaw at sa gusto mo."

Gemorya

Pakiramdam ko, umangat lahat ng dugo ko sa ulo ko. Ang kapal ng mukha niya!

“Hindi mo siya makukuha Steve, hindi siya sasama sa ‘yo! Huwag mong gawin sa akin ‘to, kung gusto mong pakasalan si Jemia then go, huwag mo siyang gawing Nanay ng anak ko dahil hindi ako makakapayag!” sigaw ko sa kaniya.

Wala siyang karapatan gawin sa akin ang mga bagay na iyon.

“I will get our daughter away from you Grace. Pagbabayaran mo ang ginawa mo sa akin, ang pag-iwan mo, ang paglayo mo sa anak ko, ang pagtago mo sa kaniya sa akin, you will pay for all of those shits you’ve done to me Grace!” galit niyang sigaw at umalis sa opisina ko.

Napaluhod ako sa sahig, isa siyang demonyo! Hindi niya anak ang anak ni Jemia pero papakasalan niya si Jemia, I don't care about that pero ang hindi ko matatanggap ay kunin niya ang anak ko mula sa akin.

Si Kendrine ang buhay ko, ang buong lakas ko. Hindi ko makakayanan kapag nawala ang anak ko.

Ilalayo ko ang anak ko sa madaling panahon, magpapakalayo kaming dalawa, away from her devil father. Lalaban ako para sa anak ko, wala siyang karapatan na kunin si Kendrine. Kendrine is mine, mine alone.

Chapter Eighteen

Nagmamadali akong umalis sa building na ito, pupuntahan ko ang anak ko. Kailangan na naming makaalis. Wala akong ibang maisip na paraan para makalayo sa kaniya.

Nanginginig ako habang tumatakbo. Lahat ng taong nandito nakatingin sa akin.

“Grace!” Napahinto ako nang marinig ang boses ni Kuya.

“Kuya!” sambit ko.

Pumunta siya sa akin, puno ng pag-alala ang kanyang mukha. Agad ko siyang niyakap.

“Why are you running? What happened?” he asked.

“K-kuya, I need to go to Kendrine, Kuya aalis kami rito sa Pilipinas.” Nagtaka naman siya.

“Why?”

Gemorya

“Alam na ni Steve na anak niya si Kendrine, nagalit siya Kuya, nagbanta siya na kukunin niya si Kendrine. Kuya I can't take it, please Kuya help me, ilayo natin si Kendrine.” He hugged me. Nahihirapan ako, hindi ko na talaga alam.

“Hush, hindi niya makukuha si Kendrine, go ahead kunin mo ang anak mo. Magkita tayo sa bahay.” I nodded a him at umalis na ako.

Aligaga akong nag-aantay sa labas ng classroom nila Kendrine. Kinuha ko ang phone ko para mag-book na ng flight for us.

“Shit!” I cursed.

Muntik ko na ibato ang cellphone ko, damn you Steve! Banned ako sa lahat ng airlines, fuck it!

“Mommy!” Napalingon ako sa anak ko. I hugged her.

“Let's go home anak,” I said.

Nagmamadali na kaming umuwi. Habang nagmamaneho hinawakan ko ang kamay ng anak ko. She looked at me and smiled.

No one can get you princess, hindi tayo magkakahiwalay.

Nang nasa bahay na kami, hinanap ko agad sila Mama.

“Nay!” Lumabas naman siya agad galing sa kusina kasama si Manang.

“Anak, ano iyon?” tanong niya.

“Manang bihisan mo si Kendrine please, and pack all her things.” I said.

Unwanted Love

Nagtaka naman si Manang at si Mama.

“Saan kayo pupunta?” tanong ni Mama.

Tinignan ko muna si Manang para kunin niya muna si Kendrine. pagka-alis nila nilingon ko si Mama.

“Ma, aalis kami ni Kendrine, lalayo kaming dalawa. Nagbabalak ang Tatay niya na kunin siya sa akin, ma ayaw ko....ayaw kong mawala ang anak ko.”

“Jusko, saan kayo pupunta? Ano ba naman iyan!” pati si Mama hindi na rin mapakali.

“Puwede mo naman siyang paki-usapan 'di ba? Na oras ang hahatiin niyo kay Kendrine.” Umiling ako. Hindi ako papayag.

“Ma, magpapakasal siya, ilalayo niya ang anak ko... ma ayaw ko.” pagmamakaawa ako. Hinawakan niya ang kamay ko at pinakalma

“Babalik kayo sa New York?” tanong niya.

Banned ako, fuck that, Steve.

“Binanned niya ako umalis ng bansa Ma, hindi ko alam saan ako pupunta,” sambit ko.

Magsasalita pa sana si Mama pero biglang dumating si Kuya, unupo siya sa harap namin.

“Anong sabi mo? Banned ka? Saan ka pupunta niyan? Lintek na Steve yan!” bungad niya sa amin.

“I don't know Kuya,” iyan lang ang tangi kong sinabi.

Gemorya

Hindi ko alam kung saan na ako pupunta.

“Alam ko na kung saan ka pupunta, babalik kayo sa probinsya, doon muna kayo pansamantala.” Agad akong napatingin kay Kuya nang sabihin niya iyon.

Tama, doon kami. Hindi alam ni Steve kung taga saan ako.

“Sasama ako para may katulong ka kay Kendrine anak,” sabi ni Nanay. Umiling ako sa kaniya.

“Nay, dito na kayo, kaya ko naman po,” sabi ko.

“Ma, huwag na kayong bumalik doon baka ano rin gawin ng Tatay ni Grace sa ‘yo kung bumalik ka pa,” Kuya said.

Umiling si Mama at hinawakan ang kamay namin ni Kuya, she smiled.

“Kaya ko na ang sarili ko mga anak, haharapin ko sila,” she said. “Ang mahalaga ang kaligtasan ng apo ko,” dagdag niya.

“But Ma, hindi nila alam na buhay ka. Baka saktan ka ulit ni Papa.”

“Hindi niya ako masasaktan, pangako yan. Sige na mag-impake na tayo,” sambit niya at tumayo upang pumunta ng kwarto.

Nagkatinginan kami ni Kuya. May magagawa ba kami kung gusto talaga ni Mama.

“Doon kami kay Tita Tisa, Kuya,” sabi ko.

“Tatawagan ko ang mga pinsan natin na uuwi kayo para masundo kayo roon, ihahatid ko na kayo,” Kuya said.

Unwanted Love

Nang natapos na kami mag-impake lumapit sa akin ang anak ko.

“Mommy, where are we going?” she asked.

Tinignan ko siya at pina-upo ko siya sa lap ko.

“We will be going to the province anak,”

“Maganda po ba roon? Kailan tayo babalik dito?” tanong niya.
Ngumiti ako sa kaniya at hinaplos ang buhok.

“Maganda roon anak, babalik tayo rito soon. Now let's go, Tito Simone is waiting,” I said.

Buti na lang masunurin ang anak ko, 'wag naman sana siya magtanong pa ng kung ano-ano lalo na kung hindi ko kayang sagutin ang iba.

Nang nasa kotse na kami, nasa front seat ako. Si Nanay at si Kendrine ang nasa likod.

“Hindi ako sure kung tama ba na roon kayo Grace, pero kung para sa anak mo, sana makayanan mo,” sabi ni Kuya.

“Kakayanin ko, ako ang bahala kay Nanay at kay Kendrine doon Kuya.”

“Bibisita ako sa inyo, please take care,” he said. I just nodded.

After an hour in the road, nagising na kami mula sa pagkatulog. Napagod ang mata ko kaya nasabayan ko sila Mama at Kendrine sa pagtulog kanina.

“We're here,” Kuya said.

Gemorya

Huminto kami sa bayan. Marami na rin ang pagbabago ng lugar na kinagisnan ko. Lumabas na kami sa kotse ni Kuya, maliban kay Nanay at Kendrine.

“Asan na daw sila?” tanong ko kay Kuya.

“Ayon, papunta na sila rito,” sabi niya at may tinuro sa bandang likod ko.

Pagkalingon ko, nakita ko na si Jim at Tep, mga pinsan naming. Sila ang mga anak ni Tita Tisa. Nakangiti silang tumakbo papunta sa amin.

Agad naman akong niyakap ni Tep nang makalapit siya sa akin.

“Hala! Grace na-miss kita!” sabi niya. Niyakap ko rin siya ng mahigpit.

“Buti naisipan ninyong pumunta rito,” sabi naman ni Jim.

“Kayo lang ba dalawa?” Umiling ako sa tanong ni Tep.

“May kasama kami,” sabi ko at pumunta sa kotse para pagbuksan sila Nanay.

Tinawag ko si Kuya para siya na ang magdala kay Kendrine. Lumabas na rin si Nanay. Gulat naman ang dalawa sa nakita nila.

“Tita!” magkasabay na sigaw nilang dalawa at napayakap kay Mama.

“Totoo ba to? Hindi siya multo?” gulat na tanong ni Tep.

“Bruha ka, sa bahay na tayo mag-usap.” sambit ko na lang dahil ang init na.

Unwanted Love

Tumingin naman sila sa batang dala ni Kuya. “Anak mo Kuya Simone?” tanong ni Tep.

“She's my daughter,” I said. Mas lalo pa silang nagulat.

Hindi pala nila alam na nagka-anak ako, hindi nila alam na nasa New York ako at hindi nila alam na nagkasakit ako.

“Gosh, marami kang ikukwento sa amin, tara na!” sabi ni Tep.

Nang nakarating kami sa bahay nila Tita, agad itong lumabas. Kung ang dalawa kanina nagulat nang nakita nila si Mama, mas lalo si Tita. Tumakbo siya papunta kay Mama at niyakap niya ito. Pagmamahal ng kapatid.

Nasa loob na kami ng bahay, nilagay ko muna si Kendrine sa kwarto dahil tulog pa ito. Naka-upo ako sa harap ni Tita, katabi niya si Jim at Tep, katabi ko naman si Kuya at Nanay.

“Teka? Anak mo ang batang iyon?” tanong ni Tita. Tumango ako at nahiyang nakangiti.

“Bakit ang ganda? May lahi ba 'yon?” tanong naman ni Jim.

“Grabe ka naman, wala ka bang tiwala sa lahi natin? Maganda talaga 'yon,” sabi naman ni Tep.

“Saglit, dito muna tayo sa Mama mo,” sabi ni Tita.

“Hindi ako makapaniwalang buhay ka kapatid ko.” Mangiyak na sabi ni Tita, gano'n na rin si Mama. Hinayaan namin silang mag-iyakan at magyakapan. Sa tagal ba naman ng panahon na hindi sila nagkita.

Gemorya

“Pero dapat hindi ka na nagpunta dito, baka anong gawin ng kapatid natin sa ‘yo,” sabi pa niya.

“Kaya ko ang sarili ko Ate, sinamahan ko ang anak at ang apo ko dito. Iyon ang pinunta ko, hindi sila,” sabi ni Mama. Hindi na nag-protesta si Tita.

“Tita, nasaan si Tito?” tanong ko. Nalungkot naman ang mga mukha nila.

“Wala na siya, isang taon na ang lumipas nang namatay si Papa.” Nanlumo ako sa narinig. Hindi ko manlang nalaman ang nangyari, wala manlang kami ni Kuya sa panahon na nagdadalamhati rin sila.

“Sorry,” I said.

“Ayos na iyon insan, ikaw anong nag-udyok sa ‘yo na dumito kayo?” tanong ni Jim.

“Na-miss ko lang kayo at gusto kong maranasan ng anak ko na tumira sa probinsya.”

Hindi nila puwede malaman, baka madamay pa sila sa problema naming. Kailangan lang naming ng matitirhan at matataguan sa ngayon.

Sa araw na iyon, bumalik si Kuya sa Manila pagkatapos ng pag-uusap naming. May isang kwarto rito, sa amin ni Kendrine. Malaki na rin ang bahay ni Tita hindi tulad dati na sakto lang. May apat na kwarto sila. Magkasama si Tita at Mama sa isang kwarto, si Tep at Jim ay may kanya-kanyang kwarto.

Pinagmasdan ko si Kendrine na mahimbing ang tulog. Hinaplos ko ang kanyang mukha at hinalikan ang kanyang noo.

Unwanted Love

I'm sorry anak, hindi mo muna malalaman kung sino ang Tatay mo,
ayaw kong mawalay ka sa akin. Nawa'y maintindihan mo ako balang araw.

Chapter Nineteen

Isang Linggo na kaming nanatili rito sa probinsya namin, isang linggo na rin nagrereklamo ang anak ko.

“Anak, you should eat this.” Sinubuan ko siya ng gulay ang ulam.

“Mommy it's so ew, look oh.”

Ayaw niya sa kangkong, kanina ko pa ito pinapakain, nag-iinarte.

“Kapag hindi ka kakain, hindi kita isasama.”

“Where are we going?” she asked.

“Ako lang ang aalis, hindi ka kumain e.” Ngumiwi naman siya at dahan-dahan kinain ang pagkain. Mabuti, good girl.

“Good girl,” I said while smiling.

Unwanted Love

Pinagmasdan ko lang ang anak ko habang kumakain, ngumigiwi siya sa bawat pagsubo niya, napa-iling na lang ako. Kailangan niyang masanay sa buhay rito, baka magtagal pa kaming manatili.

May narinig akong nagsisigawan sa labas, ano na naman kaya ang ganap sa lugar na ito. I tapped Kendrine head.

“Just eat here okay, babalik ako.” She just nodded at nagpatuloy kumain. Hindi talaga siya agad matatapos kung dahan-dahan siyang ngumunguya.

Pumunta na ako sa labas at nadatnan ko si Tita na nagsisigaw.

“Anong nangyari dito?” Luminingon sila sa akin, kasama ni Tita si Mama at kaharap nila ang isa kong Tita na asawa ng Tatay ko, kasama niya ang anak niya na pinsan na nga kapatid ko pa. Ano naman ang ginawa ng mga iyan dito.

“Nanggugulo kasi dito, pinapa-alis naming,” sabi ni Tita Tisa.

“Gusto ko lang maka-usap si Grace! Bakit ba ang damot ninyo!” sigaw ni Tita Minda.

Lumapit ako sa kanila. Pinagmasdan lang nila ako at masama ang titig sa akin ni Jela, ang anak ni Tita Minda.

“Ano po bang kailangan ninyo?” tanong ko. Ginagalang ko pa rin naman siya kahit ang dami niyang ginawang mali sa akin dati.

Humakbang siya palapit sa akin, hinawakan niya ang kamay ko at akmang tatanggalin ni Mama ang kamay ni Tita Minda na nakahawak sa akin ay pinigilan ko siya.

Gemorya

“Ako ang bahala Ma,” sabi ko.

Gulat naman akong tumingin kay Tita Minda. Bigla siyang umiyak at lumuhod. Agad ko siyang pinatayo. Ano bang nangyayari sa kanila?

“Tulungan mo ang Tatay mo, parang awa mo na. May sakit siya.” Nahihirapan niyang sambit habang umiiyak.

“Ma, huwag kang magmaka-awa sa kanila.” Lumapit si Jela at tinayo niya si Tita.

“Bakit ba kay Grace kayo humihingi, ang kapal naman ng mukha ninyo! Pagkatapos ng lahat na ginawa niyo kay Grace dati!” sigaw ni Tita Tisa.

Hindi ko alam kung bakit tumutulo ang luha ko habang pumasok na naman sa isip ko ang nangyari dati sa buhay ko.

Flashback...

“Grace linisin mo na to’ng kalat namin, ang bagal mo naman!” sigaw sa akin ni Jessa.

Nagmamadali akong pumunta sa sala para gawin ang inutos niya.

“Bilisan mo diyan ah may bisita ako,” sabi niya. Tango lang ang sinagot ko.

Binilisan ko ang pagkilos hanggang sa natapos ko ito. Uuupo na sana ako nang tawagin ako ni Tita Minda, nagmamadali akong pumunta sa kaniya, pero pinagsisihan kong lumapit pa ako. She pulled my hair, hinila niya ako papunta sa banyo.

Unwanted Love

“T-Tita, masakit po...aahhhck Tita, t-tama na.” Nahihirapan akong magsalita dahil sa sakit nang pagkahila niya sa buhok ko.

“Ilang ulit ko bang sabihin sa ‘yo na linisin mo ang banyo, ang baho! Kasing baho mo, tignan mo ang dunni! Kasing dunni mo at ug Nanay mo!” she shouted.

Kahit hindi ko kilala ang Nanay ko, nasasaktan ako kapag iniinsulto siya.

Paulit-ulit na sitwasyon ang dinanas ko sa pamilyang ito. Isang gabi, patulog na ako sa kwarto ko nang may biglang bumukas ng pinto ko. pinakiramdaman ko muna hanggang sa naramdaman kong may unupo sa kama ko, sa oras na iyon kinabahan na ako.

Napa-upo ako nang may dumapong kamay sa hita ko. “Tay, a-ano pong ginagawa ninyo dito?” Kinakabahan kong tanong. Naamoy ko ang alak sa kaniya.

“Huwag kang maingay.” Dahan-dahan siyang gumapang patungo sa akin, wala akong ma-atrasan dahil maliit lang din ang kwarto ko.

Nagpumiglas ako sa pagkahawak niya, sobrang lakas niya na tipong hindi ako makagalaw hanggang sa hinalikan niya ako, paano ako gagalaw kung may pinakita siya sa akin na patalim, iyak lang ang nagagawa ko.

Biglang bumukas ang pinto at pumasok si Tita na galit na galit, sinampal niya si Tatay. Sa oras na iyon, nagpasalamat ako na hindi lumala ang balak sa akin ng Tatay ko.

“Minda, inakit niya ako, wala akong kasalanan, iyang hayop na iyan ang nang-akit!” mas Lalo akong naiyak dahil sa binigkas na salita ng Tatay ko.

Gemorya

Siya ang hayop! Ama ko ba talaga siya, ni minsan ba tinuring niya akong anak?

“Mana ka talaga sa Nanay mo, malandi! Maharot ka, lumayas ka dito!” Napahawak ako sa pisngi ko nang sampalin ako ni Tita. Bakit kasalanan ko? Bakit ako na naman ang dapat magdusa?

Iyon na ang dahilan kaya ako bumalik kina Tita Tisa, hindi lang naman iyon ang mga nangyari pa bago ako umalis sa kanila.

“Umalis na kayo,” malamig na sambit ko. Uniwias ako ng tingin at pinunasan ang luha ko.

“Wala kang kuwentang anak, Tatay mo rin ang nasa hospital!” sigaw sa akin ni Jela. Tatay kong walang ibang ginawa kun’di pahirapan ako. Huminga ako ng malalmin.

Pinunasan ko ang mga luhang kanina pa umaagos. Taas noo ko silang tinignan at tinalikuran ko sila. Sa pagbalik ko dala ko ang perang kailangan nila. Ito lang naman ang pinunta nila rito. Nilapag ko ito sa lupa.

“Ayan, bumalik na lang kayo dito kung patay na siya,” seryosong saad ko.

Nanlaki ang mata nilang dalawa sa sinabi ko, wala akong pakealam sa kanila. Tapos na ako sa mga taong katulad nila.

Bumalik na ako sa loob ng bahay, randam ko rin na sumunod sila Tita Tisa at mama.

Unwanted Love

“Dapat hindi mo na binigyan,” sabi sa’kin ni Tita.

“Para umalis na sila dito Tita,” sagot ko naman.

Tumingin ako kay Mama. Napangiti ako nang ngumiti siya ng tipid sa akin, alam kong nasasaktan din siya sa nangyayari.

“Patawad.” Umiling ako at hinawakan ang kamay niya.

“Wala kang kasalanan Ma,” sambit ko at pinunasan ang luha niya.

“Kung hindi kita iniwan noon hindi mo sana maranasan ang paghihirap sa kamay nila, patawad anak,” she said and cried.

I hugged her more, hindi naman ako galit sa kaniya, sinakripisyo niya nga ang Kuya ko para gumaling ako sa sakit ko noon.

“Why are you crying Mommy?” Napalingon ako sa anak ko habang kumakain ng lollipop.

Bumaba ako para magka-pantay kami. “I’m just happy baby that you are my daughter, don’t leave Mommy, okay?” I said and hugged her.

“Yes Mommy,”

Kinabukasan sinama ako ni Tep sa trabaho niya, kailangan kong mag trabaho, ayaw ko naman umaasa kay Kuya na lagi niya kaning pinadalhan dito.

Kinuha ko ang cellphone ko para tawagan si Kuya, ilang ring pa bago niya sinagot.

“Hello,” he said.

Gemorya

“Hi Kuya, kumusta?” I asked. Narinig ko pa ang buntong hininga niya.

“Steve pulled out his shares and deal with our company.” Kinuyom ko ang kamao ko nang malaman iyon, gumagawa na naman siya ng paraan siguro para lumabas ako.

“I’m sorry Kuya, it’s my fault,” saad ko. Pati ang kompanya ay nadamay.

“No, don’t worry, aayusin ko ang kompanya, huwag kayong babalik dito. Ako na ang bahala.” he said. I nodded kahit hindi niya nakikita.

“Okay Kuya, sorry, take care,” I said.

Nang natapos kaming mag-usap, sakto rin na nakarating kami sa work place ni Tep.

Si Tep ay isang secretary ng may-ari ng pabrikang ito. Gawaan ng mga floormat at iba-iba pang kagamitan sa bahay.

“Ipapakila kita kay Manang Rona, siya ang tutulong sa ‘yo dito kapag nagsimula ka na pero bago siya, pumunta muna tayo kay boss,” she said.

Sinundan ko lang siya. Naglakad siya papunta sa second floor, binuksan niya ang isang puting pinto at pumasok.

“Sir Jalwin, nandito po ‘yong sinabi kong pinsan ko na mag-tatrabaho dito,” sabi ni Tep

“Okay, papasukin mo na lang,” sabi ng isang pamilyar na boses. Napakunot ang noo ko, saan ko ba narinig iyon? At Jalwin? Pamilyar ang pangalan.

Unwanted Love

“Pasok ka na raw bruha, good luck, mabait naman si Sir.”

Pagkaalis ni Tep, pumasok na rin ako sa opisina at nakita ang isang lalaking nakatalikod.

“Good morning Sir,” bati ko. Dahan-dahan naman siyang lumingon.

Napa-awang ang mga labi ko nang nakilala ko ang lalaki. Shit! Kaya pala pamilyar ang boses at ang pangalan niya. Gusto kong tumakbo na lang pero hindi ako makagalaw sa kinatayuan ko. Sa lahat ng puwedeng maging boss ko pinsan pa ni Steve.

He smiled at tumayo siya, inilahad niya ang kamay niya sa akin.

“We met again, I am Jalwin Sullivan.”

Chapter Twenty

Gemorya

“Ano dae? Anong sabi mo? Hindi ka na dito mag tatrabaho?” bulong sa akin ni Tep nang nagmadali akong lumabas sa opisina ni Jalwin para puntahan siya.

“Oo, may iba naman dito ‘di ba?” bulong ko rin. Napakunot ang noo niya, nagtataka.

“Bakit? May ginawa ba si Sir? Mabait naman iyon dito,” sabi niya.

Umiling ako, hindi niya naman maintindihan kung bakit ayaw ko. Baka tinawagan na ni Jalwin ngayon si Steve at sinabing nandito ako.

“Wala naman, naisip ko lang kung puwede sa iba pa?” tanong ko.

“Ano ka ba? Ayos lang dito para naman magkasa–”

“Miss Alvarez.” Napalingon kaming dalawa sa tumawag. Si Jalwin.

Nagdadalawang isip ako kung kakausapin ko si Jalwin.

“Puwede ka na magsimula bukas.” he said at bumalik sa loob ng opisina niya.

“Bawal ka na umatras dito,” Tep said.

Kamalasan naman oh, paki-usapan ko na lang kaya si Jalwin tungkol kay Steve? Tama, bahala na. Nagmamadali akong bumalik sa opisina ni Jalwin, pero bago ko pa buksan ng malaki ang pinto narinig kong may kausap si Jalwin.

“Totoo nga tol Nandito si Grace Alvarez... ano? Pupunta ka dito? Tarantado, sige, send ko ang address.” iyon ang narinig ko.

Unwanted Love

“Oh Grace, may kailangan ka?” he asked nang nakalingon siya sa akin. Halata talagang walang alam ang isang ito, hindi manlang nakaramdam.

Paano na ito? Nasabi niya na, sigurado ako na si Steve ang kausap niya kanina.

“Ah wala naman po Sir, nais ko lang magpasalamat sa pag tanggap mo sa akin dito.” I bowed my head para magpa-alam na.

Lutang akong umuwi sa bahay, iniisip ko na pupunta dito si Steve. Hindi ko ba talaga siya matatakas?

“Oh, bakit ganyan ang mukha mo? Mukhang nabagsakan ng langit at lupa.” sabi ni Jim nang naka-uwi ako sa bahay.

“Saan pa ba puwede pumunta para magtago?” Wala sa sariling tanong ko nang ibinagsak ko ang aking katawan sa sofa. Umupo naman siya bigla sa tabi ko at bakas sa mukha niya pagtataka.

“Umamin ka nga insan? May kasalanan ka ba sa Manila kaya ka pumunta dito at ngayon magtatago ka na naman? Nakapatay ka ba? Ano umamin ka na?” Oa naman nito. Tinignan ko siya ng masama.

“Hindi gago ka, nagtatago lang kami ni Kendrine.” Mas lalo siyang nagtaka. I sighed at umayos ng upo.

“Tinaguan ko ang ama ng anak ko, nagbanta siya sa akin na kukunin niya si Kendrine, ayaw kong malayo ang anak ko. At kanina hindi ko akalain na ang boss ni Tep ay pinsan ng ama ni Kendrine, narinig ko na tinawagan niya ang pinsan niya, pupunta siya dito Jim. Baka kunin niya ang anak ko.” Naiyak na ako habang sinasabi iyon.

Gemorya

Napa-iling ang pinsan ko at hinawakan niya ako sa braso. “Harapin mo siya insan,” he said. No.

Paano ko siya haharapin? Hindi ko na alam, anak ko lang ang iniisip ko. Ayaw ko talagang mawala ang anak ko.

Kinabukasan sabay kami ni Tep pumasok. Kanina pa ako hindi mapakali habang papunta kami sa trabaho. Kinakabahan ako na ewan.

“Okay ka lang insan? Para kang natatae,” sabi ni Tep na nagpipigil ng tawa.

“Kinakabahan ako,” sambit ko.

“Bakit? Parang ngayon ka lang makakapag-trabaho.” You don’t have an idea what will happen to my life kapag pumasok ako sa loob ng building na ito.

“Hindi ‘yan, huwag na kaya muna ako pumasok ngayon?” tanong ko pa.

“Nababaliw ka na naman, unang araw mo hindi ka papasok. Ano ba kasing problema? Kahapon ka pa.” Hinawakan ko siya sa kamay at hinarap sa akin, baka pag sinabi ko sa kaniya matutulungan niya ako.

“Insan, si Jalwin ang pinsan ng ama ng anak ko, kukumin niya si Kendrine sa akin. Kaya please ayaw ko muna pumasok ngayon.” Pagmamakaawa ko.

“Bruha ka, bakit ngayon mo lang sinabi sa akin, jusko naman oh!” she said habang umiiling.

Unwanted Love

“Tepan!” Napalingon kami sa tumawag kay Tep, hindi naning namalayan na nasa pabrika na pala kami.

“Good morning Sir,” sabay nani’ng bati kay Jalwin.

“Good morning, by the way Miss Alvarez come to my office,” he said at tumalikod na.

Ito na nga ba ang sinasabi ko eh. Nagkatinginan kami ni Tep, nag-aalala na rin ngayon ang mukha niya.

“Gosh, masamang tao ba ang Tatay ni Kendrine?” tanong niya.

“Hindi ko siya lubos kilala dati pero bago kami magpunta dito nagbanta siya na kukunin niya ang anak ko.” kinakabahan kong sabi.

Magsasalita pa sana si Tep pero biglang sumulpot ang isang tauhan.

“Ma’am pinapatawag na po kayo ni Sir,” sabi ng babaeng kasing edad lang yata namin.

Tinignan ko muna si Tep bako ako umakyat sa second floor, kung saan naroon si Jalwin. Isang buntong hininga ang pinalabas ko nang nasa tapat na ako ng pinto. Nagdadalawang isip pa ako kung itutuloy ko ba.

“Buksan mo na.” Nagulat ako nang bumulong si Tep sa akin, sinamaan ko siya ng tingin but he mouthed me good luck.

Sigurado ako na nasa loob na ng kwartong ito si Steve. Dahan-dahan kong pinihit ang door knob. I sighed at pumasok na. Biglang binalot ng katahimikan ang loob ng opisina ni Jalwin, ramdam ko ang bigat ng titig ng isang tao sa akin. Nakayuko lang ako, pinipigilan huminga. Damn it!

Gemorya

“Maiiwan ko muna kayo,” basag ni Jalwin at lumabas.

Sabi na eh, ito ang dahilan kung bakit ako pinatawag. Dapat talaga hindi na ako pumasok.

Napapikit ako nang tumayo si Steve at lumapit sa akin. I felt his breathe, hinawakan niya ang baba ko at inangat. Tinignan niya ako ng masama. Shit, his eyes. Napalumok ako dahil sa mga titig niya. Bakit ba ako nakaramdam ng takot sa mga tingin niya, nanghihina na ang tuhod ko pero pinigilan kong bumigay.

“Ang lakas ng loob mong ilayo ulit ang anak ko,” he said. Galit ang tono niya.

Tinignan ko rin siya ng masama, ang kapal din ng mukha niyang angkinin ang anak ko lang.

“Wala kang karapatan sa anak ko.” Buong tapang kong sabi. He smirked.

Inilapit niya pa ang mukha niya sa mukha ko, napa-atras ako dahil sa ginawa niya. “A-anong ginagawa m-mo?” I shattered.

“Inantay kita, hinanap at ngayon aalis ka na naman, kailangan mong pagbayaran ang ginawa mo sa akin.” Nagulat ako sa ginawa niya, he kissed me angrily. What the fuck?

Buong lakas ko siyang tinulak pero hindi siya nagpatinag, galit niya akong hinalikan na para bang ang dami kong kasalanang ginawa sa kaniya, I didn't respond to his kiss.

Unwanted Love

I pushed him away nang hinaplos niya ang hita ko, I slapped him with all my strength. Hinahabol ko ang aking paghinga, I looked at him with so much anger.

“Wala kang karapatang sumbatan ako Steve! I leaved you back then dahil may Jemia ka, hindi ko alam na buntis din ako nang naka-alis ako dito!” galit kong sigaw.

“Bakit hindi ka bumalik noong nalaman mong buntis ka? Pina mukha mo akong tanga kaka-antay sa ‘yo!” sigaw niya pabalik.

“Why? Pinamukha mo rin naman akong tanga noong magkasama tayo ‘di ba? Nabuntis mo si Jemia!”

“I told you, Jemia's child is not my child Grace! Hindi ako ang ama ng anak niya, naiintindihan mo ba?” What a lie.

“Hindi ako naniniwala, huwag mong kukunin ang anak ko. Sinabi mo nga dati na papakasalan mo si Jemia, ‘di ba?”

Nalala ko pa ang sinabi niyang iyon, na papakasalan niya si Jemia.

His face softened, lumapit siya sa akin pero umatras ako.

“Dahilan ko lang na pakasalan siya, I was so mad at you, I am mad at you for leaving me years ago. For hiding my child, I am mad!” he shouted. I shrugged my head, tinanggal ko ang luhang kanina pa umaagos.

“Let me see my daughter,” his voice was cracked.

Parang pinipiga ang puso ko nang sabihin niya iyon.

“Please Grace, let me see her.”

Chapter Twenty-

One

I am here beside him, he's driving. Seryoso ang mukha niyang nakatuon sa daan. Pinag-paalam niya ako kanina kay Jalwin na huwag daw muna ako papasok sa araw na ito.

Although he's still mad at me, and I am too. Ang sabi niya sa akin gusto niyang makita ang anak ko kaya ito pupunta kami ngayon sa bahay. Kinakabahan ako sa anong mangyayari.

Tahimik lang kami sa kotse, walang nagsasalita kahit isa. Tinignan ko siya sa gilid ng aking mata at hinilot niya ang kanyang sentido and he pushed his tongue in his right cheek.

“What?” Napakura-kurap ako nang bigla siyang tumingin sa akin, agad akong nag-iwas ng tingin. Naalala ko na naman ang ginawa niya sa akin kanina, he kissed me!

“Are you going to take my daughter away from me?” I asked.

Gemorya

He looked at me. “My daughter too,” he said.

“Y-yeah,” sabi ko na lang. Bumalik kami sa katahimikan. Of course, anak niya rin pero mas lamang naman ako. Mas anak ko si Kendrine.

“Saan diyan ang sa inyo?” he asked. Tumingin ako sa labas ng kotse, nandito na pala kami.

“The red one,” sabi ko sabay turo sa pulang gate. He just nodded at pi-nark ang kotse niya sa gilid ng kalsada.

Nang nakalapit siya hindi niya ako tinignan, he just frowned his eyebrows. I sighed. Malamang Grasya galit pa yan sa ‘yo.

“Pasok na tayo,” lakas loob kong sabi. He just nodded.

Sabay kaming pumasok sa gate, hindi ko pa nabuksan nang maayos ay biglang lumabas ang anak ko. Nagulat pa ako sa paglabas niya.

“Mommy!” she shouted and run towards to me. I kneel para magka-level kami at niyakap siya.

“How are you baby?” I asked.

“I’m good Mom, Tito Jim gave me this.” Pinakita niya ang maraming candies. Ito talaga si Jim. Hindi dapat na marami ang kakainin niyang makakaSira sa ngipin niya.

“Did you eat a lot of that?” I asked.

Sasagot na sana siya pero bigla siyang tumingin sa likod ko. Nakataas ang kanyang kilay at biglang nilagay ang dalawang kamay sa bewang niya, nagtataray na naman ito.

Unwanted Love

“Who is he?” she asked.

“Ah... he--” hindi natuloy ang sasabihin ko dahil bumaba si Steve. Nagulat ako sa ginawa niya at ganoon rin si Kendrine. Kendrine mouth was widely opened when he hugged my daughter.

Tinignan ako ng anak ko na nagtataka, pinipigilan kong umiyak sa nangyayari ngayon. Ayaw kong makita ng anak ko kaya nginitian ko siya.

“Hey! Mr? Who are you? Why are you hugging me?” she asked.

Hinawakan ni Steve ang pisngi niya, ramdam ko ang pangulila niya kay Kendrine. I know, it's my fault to hide her. Pero wala naman akong choice.

“I'm you--”

“Grace, nandyan ka na pala, pasok ka na.” Lumabas si Tita kaya hindi na natuloy ang sasabihin ni Steve.

Tinignan ko ang anak ko at tumingin kay Steve. I gulped dahil seryoso rin siyang nakatingin sa akin.

“P-pasok muna t-tayo,” I said.

Kinuha ko ang anak ko at naglakad na, ramdam ko rin na sumunod siya. Nagtataka si Tita kung sino man ang kasama ko. Well, ngayon lang nila nakita si Steve, kaya ang nasa mukha niya ngayon ay pagtataka at nagtatanong kung sino ang lalaking kasama ko. Pagpasok naning, nasa sala si Mama kasama si Jim. Luminingon sila sa amin nang mapansin kami, nagtaas ng kilay si Jim na para bang inaakusahan ako, si Mama naman ay nagtataka ang kanyang mata habang nakatingin sa kasama ko.

“Hmm, Ma, Tita at insan, si Steve,” pagpakilala ko.

Gemorya

Inilahad naman ni Steve ang kamay niya sa kanila para magpakilala.

“Good morning Ma'am,” mahinahon niyang sabi.

“Magandang araw rin, kaano-ano ka ng pamangkin ko?” diretsong tanong ni Tita, gusto ko siyang pigilan dahil nakangiti pa ito.

“Tita, ano upo na muna tayo. Jim maghanda ka muna para sa bisita,”

Nasa-sala kaming lahat naka-upo, tahimik ang paligid, nag-aantayan kung sino ang unang babasag. si Tita at Mama nakatingin kay Steve, si Jim naman sa akin nakatingin na para bang kanina pa inaatay na mag kuwento ako, si Steve naman kanina pa nakatingin kay Kendrine na kumakain lang, walang pake-alam sa paligid. Hay nako anak ko, kasama mo na ang inaatay mong Daddy.

Tumikhim ako at sabay-sabay silang lumingon sa akin.

“Ma, siya si Ste—”

“Pinakilala mo na sa amin ang pangalan niya, sabihin mo sa amin kung sino siya,” seryosong sabi ni Jim. Lintek talaga na pinsan ‘to, kung wala lang ang anak ko kanina ako pa ito kinatay.

“Manahimik ka muna,” sabi ko at sinamaan siya ng tingin. Kinakabahan na nga ako rito, sumasabay pa siya.

“Kendrine,” tawag ko sa anak ko. Tumigil naman siya sa kung ano ang ginagawa niya at tumingin sa akin na nakangiti.

“Yes mom?” she asked.

Unwanted Love

“Listen to me muna anak.” Pinatabi ko siya sa akin.

“You said you want to meet your dad, right?” I asked.

Bigla naman sumigla ang mata niya and she smiled, she clapped her hands na excited sa mangyayari.

“Yes, Mom, you promised me when we're in the New York, can I meet my Dad now? Please?”

Parang dinudurog ang puso ko nang magmaka-awa ang anak ko. Ganoon na ba ako kasamang ina para ilayo silang dalawa.

“Of course, you can. Actually, you already met him.” Nagtaka naman siya sa sinabi ko.

“He is your Dad.” Tuningin ako kay Steve na naluluha na, ganito niya ba ka-gustong makita si Kendrine? Ang anak namin. Palihim pa itong umiwas ng tingin sa amin na kahit itago niya pa ang pagpunas ng luha ay napapansin ko pa rin. I am sorry, Steve.

“Hi princess,” he said. Lumapit siya kay Kendrine at niyakap niya ulit ito.

“D-daddy.” Nasasaktan ako nang narinig ang basag niyang boses, she cried.

Pinipigilan ko ang luha ko. I looked at my family na ngayon ay nakatingin sa mag-ama. Jim frowned his eyebrows, si Tita naman nagulat din sa sinabi ko, habang si Mama ay lungkot ang pinakita niya sa akin. She knew what will happen next.

Gemorya

“Mommy.” Napalingon ako nang tawagin ako ng anak. Hindi ako makalapit sa kaniya dahil nasa harap niya pa si Steve.

Tumingin din sa akin si Steve, his eyes full of anger. Bakit pa siya galit? Kung hinarap ko na sa kaniya ang anak ko, wala na akong kawala.

“Y-yes anak?” I asked.

“Thank you, Mommy. For letting me to meet my dad.” She cried and hugged me.

Hindi ko na napigilan ang luha ko, tuloy-tuloy na itong umaagos sa pisngi ko. I hugged her tight. For you, my princess.

Umalis sila Mama at Tita sa sala, umalis na rin si Jim dahil may pasok pa siya. Naiwan kaming tatlo dito. Hindi ako kumikibo at pinagmasdan ko lang ang mag-ama na masayang nag-uusap.

Ano kaya ang mangyayari sa susunod? Is he going to take my daughter away from me? Iwan ba ako ng anak ko para sa Tatay niya na matagal niya ng gustong makita? Am I going to be alone again? Pagbibigyan ko ba silang dalawa na magkasama? Kung hindi, sobrang sama ko na kapag ilayo ko pa ang anak ko sa kaniya. He's mad at me. Matagal nang nawala ang nararamdaman ko kay Steve, ibinuhos ko ang lahat ng pagmamahal sa anak ko nang dumating ito. Kaya dapat para sa anak ko ang gagawin ko, hindi ko hahayaan na malayo kaming dalawa.

“Let us talk.” Napabalik ako sa reyalidad nang nagsalita siya.

“Kendrine, can you go to mamita and lola please.” Utos ko sa anak ko na agad niya naman’g sinang-ayunan.

Unwanted Love

“Okay, see you later Daddy!” masayang sabi niya at umalis na. Hindi man lang ako tinignan ng anak ko.

Tumingin ako kay Steve na nakatingin sa anak ko habang lumalayo, I can see his eyes twinkled nang pagmasdan niya ang anak ko. He looks so happy.

“Ano ang pag-uusapan natin?” tanong ko kaya napatingin siya sa akin, bumalik naman ang galit sa mata niya.

“I want to get her.” Napa-awang ang labi ko.

“You’re crazy,” I said, gritted my teeth. But he just smirked.

“You’re crazy for hiding her.”

I know, but hindi niya puwedeng ilayo ang anak ko sa akin.

“Hindi siya papayag na kukunin mo siya, can we just settle this nang hindi siya malalayo sa akin,” I said. Gagawa ako ng paraan para hindi mawala ang anak ko sa akin, kahit ano. Gagawinko.

“What do you want then?” he asked.

“Puwede ka naman bumisita sa kaniya, huwag mo lang siyang ilayo sa akin.” wika ko. Tama, gano’n na lang ang gagawin niya. Puwede naman iyon.

Matagal siyang sumagot, he clenched his jaw. He sighed and faced me, gulat naman ako nang lumapit siya sa akin. Ano na naman ang gagawin niya this time?

Gemorya

“I want her near me Grace, can you just give me that? As a favor, as your payment nang ilang taon mo siyang tinago sa akin,” sabi niya, bakas pa rin ang galit.

“Then, what do you want?” Hindi ako komportable sa lapit namin kaya tinulak ko siya ng bahagya.

“I want her to stay with me, same house.” Gulat akong tumingin sa kaniya.

“But paano ako? Ako ang bibisita? Anak ko rin siya, parang nilayo mo na rin siya sa akin Steve!” Hindi ko mapigilan ang pagsigaw ko, naiinis na ako sa kaniya.

Mas lalo siyang lumapit sa akin kaya umatras pa ako nang umatras at halos mawalan ako ng balanse sa binulong niya.

“Stay with us too,”

Chapter Twenty-

Two

“Sigurado ka ba anak na babalik ka sa Manila?” tanong sa akin ni Nanay habang tinutulungan akong mag-impake.

Dito natulog si Steve dahil sabi niya kahapon na isasabay niya kami ni Kendrine pabalik sa Manila. Pinag-usapan namin na sa kanila ako titira dahil ayaw ko rin naman malayo sa anak ko.

“Opo Ma, babalik tayo sa Manila.” Hinawak niya ang kamay ko at saka ako napatigil sa pagtutupi.

“Sigurado ka ba talaga na ayos lang sa ‘yong kasama ang Tatay ng anak mo?” nag-alala niyang tanong.

Ayos lang ba talaga sa akin? Wala naman akong nararamdam kay Steve na. Sigurado ako, gagawin ko ito para lang kay Kendrine.

“Para kay Kendrine Ma.” Nakangiting tugon ko.

Gemorya

Nang natapos kaming mag impake lumabas na kami ni Nanay sa kuwarto at pinuntahan ang mag-ama sa sala, nandon din si Tita.

Biglang lumingon ang anak ko sa akin at bumaba ang tingin niya sa dala kong maleta.

“Mommy? Where are you going? Are you leaving me?” Lumapit ako sa kaniya, hindi ko pinansin si Steve na nasa tabi lang ni Kendrine.

“We're going back to Manila princess,” I said.

“Really? Where going to see Tito Kuya? I miss him Mommy!” masaya niyang sabi. Napangiti ako at tumango.

“We will,” sabi ko.

Tumingin ako kay Steve nang lumapit din siya sa amin.

“Are you ready?” Tumango ako at tumingin kay Tita at sa dalawa kong pinsan.

“Sure ka na ba talagang aalis kayo? Hindi pa nga kayo umabot ng isang buwan dito eh.” pagmumuktol ni Tep.

Sobrang miss ko ang dalawang pinsan kong ito, matagal kaming naghiwalay at ngayon maghihiwalay na naman.

“Bibisita kami dito, alagaan niyo si Tita,” paalala ko sa kanilang dalawa.

“S'yempre, baka kami na rin ang bibisita sa inyo sa Manila,” sabi naman ni Jim.

Unwanted Love

“Pamangs, ingat kayo roon ah, ‘yong apo ko alagaan mo.” Mangiyak-iyak na sabi ni Tita.

“Mama naman, bibisita nga tayo sa kanila bakit ka pa umiiyak.” Nakangiwing sambit naman ni Tep, na-oa-han na yata kay Tita, akala mo naman kung saan kami pupunta.

“Mami-miss ko ang apo ko, wala ng bata dito. Ayaw niyo kasi mag-anak din,” sabi naman ni Tita kaya napangiw si Tep.

Wala kasi dito ang apo niya na anak ng Kuya nila Tep at Jim.

“Mag-ingat kayo dito,” sabi ni Nanay at niyakap si Tita pati na rin ang dalawa kong pinsan.

“Mauna na po kami, salamat po sa pagpapatuloy sa akin,” magalang na sabi ni Steve.

Habang pinagmasdan ko siyang kumilos at magsalita sa harap ng pamilya ko, nakakalimutan ko ang masakit na nakaraan naming dalawa. Ibang Steve ang nakikita ko, ang Steve na minsan ko nang minahal.

“Hoy, kapag may nangyari sa mag-ina ikaw ang malalagot, wala akong pake-alam kong mayaman ka.” Maangas na sambit ni Jim kaya hinila naming siya ni Tep, lakas tama.

“I will take care of my daughter, don't worry,” Steve said.

Yeah of course, anak niya lang ang obligasyon niya. Nguniti ako sa kanila. “Mauna na kami,” saad ko.

Nang-nasa kotse na kami, nasa likod si Kendrine at Nanay.

Gemorya

“I will miss Mamita at Tita and Tito,” Kendrine said kaya napatingin ako sa kaniya. Tuminging din ako kay Steve na seryoso lang sa pag mamaneho.

“Hmm Steve,” tawag ko sa kaniya. Sinipat niya ako ng tingin at binalik din ang attention sa daan.

“Puwede bang mag-paalam muna kami sa Kuya ko?” mahinahong tanong ko.

“Yeah, we will go there first, hahatid natin ang Nanay mo ‘di ba?” he asked na parang walang pakealam sa sinabi ko. I just nodded at tumahimik na.

Tahimik lang kami sa biyahe maliban kay Kendrine na kanina pa kumakanta. Napansin ko rin na panay tingin ni Steve sa anak niya at nakangiti.

Nakatulog kaming tatlo sa biyahe kaya ginising kami ni Steve na nandito na kami sa bahay namin. Bumaba ako at kinuha si Kendrine sa likod.

“Let me carry her,” sabi ni Steve sa gilid ko. Nagdadalawang isip pa ako kung ibibigay ko ba sa kaniya pero si Kendrine na mismo ang lumapit sa Daddy niya at nagpabuhat. Ayaw na yata talaga ng anak ko sa akin.

Nauna na si Nanay sa loob kaya sumunod na kami. Pagpasok namin nadatnan namin si Manang kasama sila Nita at Rita sa sala, nandito rin si Kuya.

“Ang aga niyo naman bumalik,” bungad sa amin ni Rita pero biglang lumipat ang tingin niya sa likod ko. Sabay bang napa-awang ang labi nilang dalawa ni Nita.

“Hi Tita's, hello Tito, Hi Lola Manang!” masayang bati ng anak ko at bumaba ito para yakapin ang apat.

Unwanted Love

“Hello princess, we missed you a lot,” Kuya said to her at binigyan ng mahigpit na yakap ang anak ko. No wonder, why my daughter is close to everyone. She’s so sweet, walang pinipili.

“I missed you too. But wait, I’m with my Daddy, Mommy is so nice, she fulfills her promise to me.” Ang kaninang masayang batian ay biglang tumahimik nang sabihin iyon ng anak ko.

Tumingin sa akin si Kuya. Nagtataka ang mukha niya, bigla rin namang sumeryeso sila Nita.

“Kina Steve na kami titira.” Nakayuko kong sabi. Mas lalong napaawang ang labi ni Rita at Nita.

“Bakit?” tanong ni Kuya.

“Gusto ni Steve na makasama si Kendrine,” tanging sagot ko.

Iniwan muna namin si Kendrine sa kanila para maka-bonding muna nila si Kendrine. Nasa labas kami ni Steve para mag-usap.

“Anong mangyayari kung sa inyo na kami? Paano si Jemia at Jenna?” tanong ko sa kaniya at napabuntong-hininga.

Paano na ang mangyayari? Makakasama ko ba sila Jemia sa isang lugar? Kakayanin ko ba?

“Okay lang sa kanila,” he replied.

So, sa kaniya rin nakatira ang mag-ina, akala ko ba hindi niya anak si Jenna.

Gemorya

“Paano ako makakasigurado na kay Kendrine ang oras mo?” tanong ko ulit.

I sound like a selfish one but Kendrine deserve his attention for some time, matagal din nangulila ang anak ko sa kaniya.

“I love them both, I love Jenna and I love Kendrine, kailangan bang mas lamang ang oras ko sa isa?” he asked.

Yes idiot, she's your only daughter!

“Akala ko ba hindi mo anak si Jenna?” I asked

“Hindi nga, napamahal na sa akin si Jenna,” and Jemia.

I just nodded, ayaw kong makipag-talo baka at hindi niya ako isama sa anak ko.

“Okay, let's go baka okay na sila,” sabi ko at tatalikod na sana pero pinigilan niya ako.

Hinila niya ang braso ko kaya napatingin ako sa kaniya, napalunok ako dahil sa paraan ng pagtitig niya sa akin. Is he mad again?

“W-what?” kinakabahan kong tanong.

“Gusto ko lang sabihin sa iyo na si Kendrine lang ang dahilan kaya pumayag ako na sumama ka.”

Alam ko naman, hindi ako umaasa at ayaw kong umasa. I nodded and smiled at him.

“Alam ko, si Kendrine rin ang dahilan kung bakit ako sasama at papakisamahan kayo ng magiging asawa mo,” saad ko at umiwas ng tingin.

Unwanted Love

Alam ko naman talaga na magiging asawa niya na si Jemia pero nandito na eh, nakilala niya na ang anak niya, ano pa ang magagawa ko.

“And one thing, I don't love you anymore, kaya huwag ka na rin umasa na mamahalin kita.” Napa-awang ang labi ko at hindi ko alam kung bakit parang nadudurog ang puso ko sa sinabi niya. Damn it, of course Grace. He doesn't love you anymore, and that's the fact.

Hindi ko na rin siya mahal pero bakit parang ayaw kong pakinggan ang sinabi niya. Shit, back off Grace!

“T-the feeling is mutual,” sabi ko at tinalikuran na siya.

Shit, hindi dapat ako nasasaktan, akala ko ba Grace wala na? Akala ko ba hindi mo na siya mahal. Oo tama, hindi ko na siya mahal. Itatak mo iyan sa kukuti mo Grasya. huwag kang marupok, para sa anak mo lang ang gagawin mo.

Chapter Twenty- Three

Unwanted Love

“Wow, is this your house Daddy?” masayang tanong ng anak ko nang nakarating kami sa bahay ni Steve. Humahanga pa siya eh ganito rin namain kalaki ang bahay naming sa New York.

Nilibot ko ang paningin sa buong paligid, malaki nga talaga ito. Siya lang ba ang nakatira rito? Ay hindi, kasama niya siguro sila Jemia, pero nasaan sila?

“Yes princess, and this is your house too,” sagot naman ng Daddy niya. Pinagmasdan ko lang silang dalawang nag-uusap.

“Really? And Mommy's house too?” masayang tanong ng anak ko kaya tumingin ako kay Steve na matagal nakasagot. Umayos siya ng upo para pumantay sa anak niya.

“Yes,”

Iyon lang ang sinabi niya, tumingin siya sa akin ng walang emosyon kaya napaiwas ako ng tingin. Alam ko ang tingin na iyon, napipilitan lang siyang sabihin para sa anak ko. Ayaw ko rin naman makasama ka.

“Can we go to my room?” Kendrine asked kaya lumapit ako sa kaniya pero hinawakan agad siya ni Steve at umalis sila. Aba talaga, sinosolo niya talaga anak ko!

“Come here Mom.” Hinila niya na ako kaya wala akong nagawa kun'di ang magpahila na rin at kasabay silang maglakad papunta sa hagdan.

“This is your room princess,” sabi ni Steve.

Gemorya

“Where's Mommy and Daddy's room?” she asked.

“Anak, we have the same room. Right?” Nakangiti kong tanong.

“But Mom I am a big girl now, I want to stay alone in my room.”
Grabe, pina-palis na ako ng anak ko.

“But we used to stay in one room,” pilit ko pa. Ayaw kong makasama si Steve sa isang kwarto kung iyon man ang mangyayari. Naiisip ko pa lang para na akong pinagbagsakan ng langit at lupa.

“No Mommy, from right now I will stay alone in my room, Mommy and Daddy will stay together in one room.” Muntik na akong mabulunan at buti na lang wala akong iniinom.

Saan ba natutunan ng anak ko ang bagay na iyon.

“Hindi ‘yon pwede an—”

“Yes princess, we will stay together but can we stay with you later in your room?” Nagulat ako sa sinabi ni Steve, pinutol niya pa ang sasabihin ko at ano iyon? Sasama siya sa anak ko mamaya? Ay teka, ano ‘yong sinabi niya? Kaming dalawa sa isang kwarto? Pumayag siya? Hell no!

“Yes! Of course,” masayang sabi ng anak ko. Hinayan ko muna ang anak kong mag-libot sa kwarto niya kaya hinila ko si Steve palayo.

“May isa ka naman sigurong kwarto rito? Doon na lang ako matutulog,” sabi ko.

“Ang isang kwarto na nandito ay sa katulong,” walang ganang sambit niya.

Unwanted Love

“Doon na lang ako, kasama ang katulong. Bakit ka ba pumayag na tayong dalawa sa isang kwarto?” inis kong tanong. Ang laki ng bahay pero walang ma-ibigay na kwarto para sa akin?

“Why? Ayaw ko rin naman na makasama ka sa isang kwarto o sa bahay na ito, baka nakakalimutan mo na hindi pa kita pinapatawad.” Sinamaan ko siya ng tingin, kung nakakamatay lang ang tingin kanina pa ‘to pinaglamayan.

“Wala akong pakealam Steve, nandito ako dahil sa anak ko. Hindi ako matutulog kasama ka.” Diin ngunit mahina kong sabi.

“Wala rin akong pakealam sa ‘yo Grace, pumayag ako dahil iyon ang gusto ng anak ko. puwede bang ako muna ang susunod sa anak ko dahil matagal mo siyang itinago sa akin,” he said in a serious tone.

Mas lalo ko siyang tinignan ng masama, magsasalita pa sana ako ngunit biglang sumingit si Kendrine.

“Are you two fighting?” biglang tanong ng anak ko sa gilid.

“Of course. Not.” Bumaba ako para maging pantay kami.

“Can we go to the mall? And dad can I change the color of my room? I want yellow, everything here,” she said na para bang amo na kung mag-mandar ng tauhan. Grabe, pinalaking spoiled ng Kuya ko kaya pati sa Tatay niya nag-request pa.

Bumaba rin naman si Steve at hinawakan sa balikang anak ko. “Yes, we will but you will sleep with us in Daddy’s room habang inaayos pa ang kwarto mo.” Napasinghap ako sa sinabi niya, he’s crazy!

Gemorya

Sumang-ayon naman ang anak niya. Mukhang I will be left alone in this set-up ah. Nagkaka-sundo na kaagad ang dalawa.

Naisip ko kung bakit kaya wala rito sila Jemia at ang anak nito? They should be here, right? Anak niya rin si Jenna at hindi ako naniniwala na hindi niya anak ang bata. Tinawag siyang Daddy pero sasabihin niya sa akin na hindi niya anak. Hindi ko alam kung sino ang anak sa labas sa dalawang bata. Naisip ko pa lang na ang anak ko ay nasasaktan na ako, ayaw kong matulad si Kendrine sa akin. Sa nangyari sa buhay ko.

“Let's go Mommy, I'm sleepy.”

Nang natapos kasi ang usapan na rito kami matutulog sa kwarto ni Steve, umalis si Steve para magtrabaho at ngayon hindi pa ito umuuwi kaya kaming dalawa lang ng anak ko.

“Okay baby, sleep well,” sabi ko at hiniga na siya ng maayos.

Nang nakatulog na siya tumayo ako at nilibot ang buong kwarto. Malaki ang kwarto niya, pati ang banyo, kung dito na lang kaya ako sa banyo matulog? Puwede naman lagyan ng higaan dito o hindi kaya sa walk-in closet niya? Malaki rin naman ito.

Tinignan ko ang mga picture frame sa kwarto niya, siya lang ang nandon at ang pamilya niya, nakita ko rin ang picture nila ni Charisse, ‘yong kapatid niyang babae.

Binuksan ko ang mga drawer sa isang maliit na lamesa, marami rin itong pictures na hindi naka frame kaya tinignan ko ito. Habang tinitignan ko ang mga ito tumigil ako sa isang litratong hinawakan ko, nanlaki ang mata ko nang napagtanto ako ang nasa litratong kasama siya.

Unwanted Love

It was our picture, nakangiti ako habang siya ay naka-akbay sa akin. I remembered this picture, ito ‘yong araw na nabuo namin si Kendrine, ‘yong araw na nalaman kong buntis si Jemia. Naalala ko na naman ang araw na iyon, araw na sobrang sakit at ang dahilan ng pagkawasak ko.

Bakit may ganito siyang picture? Nasa phone niya lang ito dati.

“What are you doing?” Nabitawan ko kaagad ang mga litratong hawak ko nang marinig ang boses niya. Bakit ba nanggugulat?

“N-nothing, I’m just ah--”

“Huwag kang mangialam ng mga gamit dito,” saad niya na nababakas ang galit sa boses at binawi ang litratong hawak ko.

Hindi pala nasama sa nabagsak ang picture naming dalawa, tinignan niya ito habang naka-kunot ang noo. Nagulat ako nang pinunit niya.

“What are you doing?” inis kong tanong. Ang ganda ko sa picture na iyon eh!

“It’s a trash,” he said at tumalikod. What the fuck? A trash? Maayos pa naman iyon.

Lumapit siya sa anak ko at hinalikan ito sa noo. Sinundan ko lang siya.

“Bakit mo pinunit?” tanong ko.

“I said it’s a trash, isang dumi lang iyon.”

Nasaktan ako sa sinabi niyang dumi. Dumi na ba talaga ako para sa kaniya

Gemorya

“What’s your problem?” I asked. Pinipigilan kong lumabas ang luha ko.

“Nothing,” he coldly said. Pumasok siya sa banyo kaya sinundan ko rin siya roon. Wala akong pakeala.

“Anong nothing? Bakit mo nga pinunit? Kung trash iyon, bakit hindi pa dati?” tanong ko.

“Nakalimutan ko gaya ng pagkalimot ko sa ‘yo.”

May mas sasakit pa ba sa mga salitang binitawan niya?

Naghubad siya ng damit kaya napa-awang ang labi ko at pumikit.

“What the hell? Bakit ka n-naghuhubad?” Tinakpan ko na ang mga mata ko mula sa kaniya.

“Obviously maliligo ako, bakit ka ba sumunod sa akin?” he asked. Oo nga? Bakit ako sumunod? Eh kasi nga naiinis ako sa kaniya.

“Naiinis ako sa ‘yo, bakit mo kasi pinunit ‘yong picture?” tanong ko habang nakatakip pa rin ang mga mata.

Narinig ko ang tunog ng sinuturon niya, shit what are you doing Grace, lumabas ka na sa banyong ito! Pero hindi ako makagalaw.

“Open your eyes kung kakausapin mo ako.” His husky voice is getting in my nerve.

Napalunok ako at dahan-dahang binuksan ang mga mata. Nang nakita ko siyang naka boxer na lang pumikit ulit ako.

“Put a towel,” inis kong sabi.

Unwanted Love

“Bakit ka ba sumunod dito? Dahil lang sa basurang pinunit ko?” he said.

“It's our picture, hindi yon basura.” Muntik ko nang isigaw pero naisip ko na baka magising si Kendrine.

“That's why, it was our picture kaya basura na iyon, lalo ka na, isa ka na lang basura para sa akin. nNiintindihan mo ba?” sabi nito emphasize the words was and ours. I smiled bitterly inside me.

Hindi ako makagalaw dahil sa narinig mula sa lalaking minsan ko nang minahal, basura na ang tingin niya sa akin. Tinignan ko lang siya ng masama, random ko ang luhan ng kanina ko pa pinipigilan na dahan-dahan nang lumabas. I am a trash for him.

“Can you just leave me alone, trash,” he said at pumasok na sa loob ng shower.

Nanlumo ako sa sinabi niya na halos mitumba sa kinatuyan ko. Dahan-dahan akong naglakad papunta sa anak ko at tumabi sa kaniya, niyakap ito habang patuloy na umaagos ang luha ko.

“You're my life, please don't leave me.” bulong ko sa kaniya at hinalikan siya tuktok ng ulo nito.

Chapter Twenty- Four

Nagising ako dahil sa pag-galaw ng kama, binuksan ko ang aking mga mata at kunusot ito. Nakita ko si Kendrine na tumatalon-talon. Ang aga manggulo ng anak ko.

“Good morning, Mommy! Wake up, breakfast is ready.” Dahan-dahan akong bumangon at hinawakan siya para patigilin.

“Good morning,” I greeted. Bigla naman siyang sumeryeso habang nakatingin sa akin.

Unwanted Love

“What happened to your eyes? Why is it red?” she asked kaya agad akong umiwas ng tingin.

“Nothing baby, let's go. Ipaghahanda na kita ng breakfast,” aya ko. Ang tagal ko yata nagising, kaya siguro ginugulo niya ako.

“No need Mom, si Daddy ang nag-prepare.” I just nodded.

Kaya pala wala na rin siya dito. Pinauna ko na siya sa baba at pumasok naman ako sa banyo, ginawa ang morning routine. Dito ko na rin nilagay kahapon ang mga ibang gamit at damit ko.

Habang nakatingin ako sa salamin, sumagi sa isipan ko ang sagutan naming dalawa kagabi. Napahawak ako sa dibdib ko nang kumirod ito. Para na naman akong sinaksak nang maalala ulit ang sinabi niya. Those words from him feels like a dagger,

“Trash,” I said.

“I'm just a trash,” ulit ko. I heaved a sighed, winaksi ang salitang iyon sa isip ko. I need to be strong, for my daughter.

Inayos ko ang sarili ko bago ako lumabas ng kwarto. Habang naglalakad ako, may narinig akong mga tawanan. May bisita ba si Steve?

Bumaba na ako sa hagdan nang sinalubong ako ng anak ko.

“Mommy!” Ramdam ko ang paglingon ng mga tao sa sala. Na-estatwa ako sa mga nakita ko. Nandito ang pamilya ni Steve, seryosong nakatingin sa akin at mukhang hindi naman sila nagulat.

“M-magandang a-araw po.” Nakayuko lang ako at dahan-dahan akong tumingin sa kanila.

Gemorya

Nakangiti sa akin si Charisse habang seryosong nakatingin sa akin ang magulang ni Steve.

“Hi Ate Grace, we met again.” Lumapit siya sa akin at niyakap niya ako nang mahigpit. Bigla namang tumahimik ang paligid.

“Pupunta na ba si Jemia, Steve?” I stopped when his Mom asked that. Pupunta si Jemia? Bakit?

“They're on their way, Mom,” sagot ni Steve.

Hinila ako ng anak ko papunta sa kusina. Ramdam ko rin naman na sumunod sila. Hindi ko alam kung bakit ako kinakabahan sa presensya nilang lahat, wala rin naman akong ginagawang kasalanan but why I felt this?

“Mommy let's eat!” She pulled me beside her.

“Princess, we will wait Jenna first.” Lumigon ako saglit kay Steve nang magsalita siya. Nakita kong sumimangot si Kendrine kaya lumapit pa ako sa kaniya.

“Later baby,” sambit ko at hinaplos ang buhok niya. Ngumiti naman siya at tumango, good girl.

“Good morning.” Napahinto ako nang marinig ang boses na iyon. Tumayo ako at humarap sa kanila ng walang emosyon sa mukha.

Nasa likod siya ni Jenna at nakasuot ito ng fitted dress, naka pony tail ang buhok. Magsisinungaling ako kung sasabihin kong hindi sila bagay ni Steve. She's classy, maganda ang katawan. Ang katulad niya ang nababagay sa mga katulad ni Steve. And why am I thinking this way, again? Damn.

Unwanted Love

“Hi baby,” bati ni Charisse sa batang si Jenna. Binati rin ng mga magulang ni Steve ang mag-ina. It looks like, magkasundo at sanay talaga sila sa isa’t isa. I felt out of place here.

Nagtama ang tingin namin ni Jemia, she smiled at me. “Hi Grace,” she said. Ngumiti rin naman ako sa kaniya, kahit alam kong plastikan.

“Magandang umaga,” bati ko.

Hindi nakaligtas sa akin ang pag irap niya, hinayaan ko lang ito at baka umagang-umaga ay kulang sa pansin. Naglakad siya papunta kay Steve at umupo ito sa tabi niya.

“I’m sorry we’re late for the breakfast, may dinaanan pa kasi kami ni Jenna.” Napaiwas ako ng tingin sa kanila nang halikan niya si Steve sa labi. Hindi ko sila kayang makita o makasama sa isang lugar.

“Hi little one, how are you?” Pinisil niya naman ang pisngi ng anak ko at ito namang si Kendrine ay palihim na ngumiwi, akala siguro ay hindi ko mapapansin. Ma-attitude talaga.

“Good,” sabi ng anak ko. Taray ang cold mag-reply.

“This is Tita Jemia and this is Jenna, you already know her, right?” sabi naman ni Steve. Kendrine just nodded at him.

“Yeah, I know Jenna, she’s, my classmate.” Nakangiting sambit nito sa ama.

“Great, you know each other.” Masaya namang sabi ni Jemia, sarap niyang irapan harapan.

Gemorya

“What are they doing here Papa?” Natahimik ang lahat nang tanungin iyon ni Jenna.

“They’re staying here for long Jenna,” Steve answered, nagtaka naman si Jemia at ang bata. Bakit parang nagulat? Hindi niya ba alam?

“Why?” tanong ulit nito.

“Because Kendrine is my daughter too,” he simply said.

“She’s my sister?” tanong ni Jenna kaya mas lalong tumahimik ang paligid. Pati ang ibang nag-aasikaso na kasambahay ay tumigil saglit.

“Yes.” Steve smiled. Gusto kong umiling pero mas pinili ko na lang manahimik at makinig pa sa mga usapan nila.

“Hmm excuse me? Bakit ko siya sister?” Tinakpan ko kaagad ang bibig ni Kendrine when she asked. Grabe, ako `yong nahilihiya sa ginagawa ng batang ‘to.

“Pasensya na,” paghingi ko ng paumanhin.

“I’m Daddy’s princess too,” Jenna said at sumubo ng hotdog. Ang daldal naman ng dalawang ‘to. Hindi ba puwedeng kumain na lang sila?

“I said to my Mommy I don’t want a sister or brother muna kasi gusto ko ako ang only one niya, right Mommy?” Lumington siya sa akin na para bang naghahanap ng kakampi. I sighed.

“Y-yes, can you please eat your meal now baby?” pag-iiba ko.

Unwanted Love

“But Mommy you said I don't have a sister, right? Bakit ko siya sister?” Minsan talaga gusto kong malintekan si Rita kaka-spoil ng anak ko, kaya ganito ugali eh. Ang daldal at ang taray.

“She's Tita Jemia's daughter, right? So, Mommy I heard last time you talked to Tita Rita na anak sa labas, sino ang anak sa labas sa aming dalawa Mommy?” suko na ako sa anak ko. Gusto ko nang itakbo ang anak ko palayo rito.

“Hmm excuse me, can I talk to my daughter for a while?” Kagat labing saad ko sa kanila.

“Go on,” seryosong sabi ng Mommy ni Steve. Damn, mukhang galit pa nga. Tumayo ako at inilayo muna si Kendrine sa kanila. Dinala ko siya sa sala.

“Hey I don't like your questions there, that's not okay.” Hinawakan ko ang kamay niya at pinaharap siya sa akin.

“I'm just asking Mommy, I don't want that Jenna to be my sister, she's bad.” Napasapo ako sa noo ko. Bakit ganito siya?

“But baby, she's your sister you should be friends with her.”

“Princess.” Napalingon kami kay Steve na nakatayo na sa likod ko. Sumunod pala ito sa amin.

“Explain mo sa anak mo ang nangyayari,” sabi ko. Pero hindi niya ako pinansin, umupo lang ito para pumantay kay Kendrine.

“Anak lang siya ni Tita Jemia mo, she's not my daughter but I treat her as one so she's your sister too. Iba ang daddy niya. You can be friends with her and be a sister too. Is that okay to ask as a favor?” sabi ni Steve.

Gemorya

Kumunot naman ang noo ni Kendrine. “But she called you Papa and she said she’s, my sister?” sabi nito, ginaya pa ang sinabi ni Jenna kanina.

“Soon baby you will understand but, for now can you make a promise to Daddy na magiging sister mo muna si Jenna?” tanong ni Steve. Tumingin sa akin ang anak ko, I smiled at her and nodded.

“Okay,” she said. Kaya nagyakapan silang dalawa.

“Go to the dining and I will talk to your Mommy first,” sabi nito sa akin kaya tumingin ako sa kaniya. Ano naman ang pag-uusapan namin?

“Pasensya na sa inasta ng anak ko kanina.” Yumuko ako para humingi ng tawad.

“Anak ko rin siya,” he said na para bang inagawan ko na naman siya ng karapatan. Hindi naman ako nakikipagtalo ah.

“She’s smart,” I know she is.

“I know. She understands well,” I said. Tumingin naman ako sa kaniya ng seryoso nang may maalala.

“Totoo ba ang sinabi mo kanina na hindi mo anak si Jenna? Please don’t lie to your daughter, ano na lang din ang iisipin ni Jenna na tinaggi mo siya sa kapatid niya, matatanggap din naman ni Kendrine ang nangyayari,” sabi ko.

Ayaw ko lang dumating ang araw na magkakalaboan dahil sa sinabi niya ngayong araw na ito, I don’t want my daughter suffered nor Jenna. They’re still a kid.

Unwanted Love

“I did not lie to her, she's not my daughter. Tinawag niya lang akong Daddy,” he replied. Pero bakit hindi pa rin ako naniniwala.

“How about Jemia, si Jenna ang anak na sinabi niya sa ‘yo dati ‘di ba?” I asked.

“We don't have a child, nagsinungaling siya sa akin noon para panindigan ko ang anak niya.” Nanlaki ang mata ko sa sinabi niya.

Paano ako maniniwala? Papakasalan niya si Jemia ‘di ba?

“Alam kong magpapakasal ka na pero sana hindi ka mawalan ng attention sa anak ko, ayaw ko siyang nasasaktan,” paninigurado ko.

“Ayaw ko rin naman siyang saktan.” Diniinang niya ang pagkasabi no’n. Ayaw talaga magpapatalo.

“Magpapakasal ka ‘di ba?” tanong ko ulit.

“Yeah, tara na,” he said at naglakad papalayo sa akin. Bakit ang sakit? Bakit ako nakaramdam ng ganito. Hindi ko na siya mahal, hindi ba?

Sa simpleng “yeah” niya, bigla akong nanlumo. Ano ba Grace? Ginagawa mo lang naman ito para sa anak mo, gano’n din siya. Hayaan mo siyang pakasalan ang iba dahil basura ka na para sa kaniya.

Chapter Twenty- Five

Gemorya

Isang linggo na kaming nanatili ni Kendrine sa bahay ni Steve, gustohin ko man bumalik sa trabaho ngunit ayaw ni Steve. Ewan ko ba sa lalaking iyon, desisyon sa buhay ko. Akala ko ba, wala siyang pakialam sa akin. Bakit siya ang nag-dedesiyon sa gusto kong gawin.

‘Yong ginagawa ko lang dito ay kausap ang dalawang katulong, hinahatid si Kendrine sa school at sinusundo. Mabuti na rin iyon para lagi akong kasama ng anak ko, masaya nga siyang ako ang sumusundo at naghahatid sa kaniya. Dati kasi ay hindi ako, kundi ang katulong niya sa New York. Noong nandito naman kami sa Pinas sa bahay ni Kuya Simone ay ang driver. Bonding na rin namin’g dalawa ito.

Isang linggo na rin pumupunta si Jemia dito kasama si Jenna. Minsan naman siya lang mag-isa. Hinahayaan ko na lang dahil siya naman ang may karapatan sa bahay na ito kahit na minamalditahan niya na naman ako palagi.

Palabas na sana ako para sunduin ang anak ko nang may humarang.

“Saan ka pupunta Ate Grace?” masayang tanong ni Charisse. Ngumiti ako sa kaniya ng tipid.

“Susunduin ko si Kendrine,” sagot ko. Ngumiti naman siya na parang may gustong mangyari.

“Sama ako,” she said at mas nauna pang naglakad patungo sa kotse ko.

Naging close ko na rin si Charisse, hindi naman pala siya kasing cold at kasing snob kagaya ng Kuya at magulang nila, noong una kasi naming kita sa

Unwanted Love

bahay nila, nang pinakilala ako ni Steve biglang girlfriend nito kahit na isa lang naman iyong palabas, cold si Charisse kung tumingin sa akin pero ngayon, masayahing babae ang kahirap ko. Ang layo na noong huli naming pagkikita.

“Can we go to the mall after fetching her?” she asked nang nakasakay na kami pareho.

“Of course, ano naman ang nag-udyok sa ‘yo na gumala ngayon?’ tanong ko.

“I’m so bored in the house, I want to refresh my mind from academic problems.” Ngumuso naman siya na parang bata.

“Is that so,”

Nag-drive na ako papunta sa school habang siya naman salita nang salita. Kung anong kinatahimik ng Kuya niya siya naman ang kinadaldal nito.

“Bakit kasi hindi na lang kayo ni Kuya?” bigla kong na-preno ang kotse nang marinig iyon.

“I-I’m s-sorry, are you okay?” I asked nang tumalipon siya. Hindi pala nag-seatbelt ang gaga.

“May galit ka ba sa akin Ate?” Nakanguso nitong tanong. Agad akong umiling ng ilang beses.

Kasi naman nakakagulat ang tanong niya. “Why did you ask that stupid question?” I asked.

“It’s not stupid,” sabi naman niya. Hinayaan ko na lang siyang maging maayos at nagdrive na ulit ako. Pinakinggan ko lang ang mga hinaing niya.

Gemorya

“You know naman ‘di ba? I don’t really like that girl,” she said.

“Who?” walang gana kong tanong kahit alam ko kung sino ang ibig niyang sabihin.

“Jemia the snake.” Halata ngang hindi niya ito gusto.

“I only like her daughter kasi bata pa pero nagtagal naging katulad ng ugali niya ang anak niya,” dagdag pa nito.

“You’re back stabbing them,” sambit ko. Bakit niya ako sinasama sa pang-ba-back stab? Kaloka!

“I’m telling the truth! I hate Kuya Steve, hindi siya umapela na pakasalan niya si Jemia. Duh, hindi naman nila anak si Jenna, si Kendrine ang tolong anak niya at kung bakit kasi hindi na lang ikaw ang pakasalan.” Buti na lang ay napigilan ko pa ang sariling prumeno sa mga sinasabi niya.

So totoo nga na hindi nila anak si Jenna, pero bakit sila magpapakasal? Ah, I don’t care anyway. Why am I thinking that? Wala na rin naman sa akin kung ano man ang gusto nilang gawin sa buhay nila.

We already arrived at school. Si Charisse na ang bumaba para sunduin ang pamangkin niya. I’m just waiting them here in the car. Hindi rin naman nagtagal ay dumating na sila at laking gulat ko na hindi lang si Kendrine ang bata, kasama rin nila si Jenna.

Pinapasok muna ni Charisse ang dalawang bata sa likod at sumunod naman si Charisse sa harap. “Ate sasama daw si Jenna sa atin,” bungad niya sa akin.

“Alam ba ng Mommy niya?” tanong ko.

Unwanted Love

Nako mahirap na, ako pa sisihin.

“I texted her and she said okay,” sabi niya. Nagkibit-balikat na lang ako. At bumaling sa anak kong nakangiti.

“Hello Mommy,” Kendrine said at humalik sa pisngi ko, hinalikan ko rin siya at binati pabalik.

Nang nakarating kami sa mall nauna ang dalawang bata, pinagmasdan ko lang silang dalawa na naghahawak ng kamay.

“Close na sila,” sabi ni Charisse sa gilid ko.

“Yes, and I'm happy, naiintindihan nila ang sitwasyon,” I said. Sana lang magtuloy-tuloy ang closeness nila dahil labas silang dalawa kung ano man ang nangyayari sa pagitan naming tatlo nina Steve at Jemia.

Sinundan namin ang dalawa nang pumasok sa isang fast food.

“Let's eat first Tita Grace!” Jenna said. I smiled at her.

“Yes, let's go.” Hinawakan ko ang kamay nilang dalawa, habang si Charisse ay nakahawak sa isang kamay ni Jenna.

Nang natapos kami kumain, naglakad na kami para hanapin ang arcade, gusto raw nila maglaro. Nakikisabay pa ang isip bata nilang Tita Charisse. Masaya kaming apat habang naglalaro, I can see it na comfortable ang dalawa sa isa't isa.

“Bantayan mo muna ang dalawa, ako na magpapapalit sa ticket,” I said to Charisse, she just said okay and I went to the counter.

Gemorya

Mahaba-haba rin ang pila kaya nag-antay muna ako. Ilang minuto ang lumipas nang biglang lumapit sa akin si Charisse na balisa at umiiyak.

“What happened?” I asked. Kinakabahan dahil sa inasta niya.

“Ate I’m s-sorry, hindi ko sila nahanap, nawala silang dalawa Ate.” Nanlaki ang mga mata ko at agad na umalis sa lugar na ito.

“Saan mo sila iniwan?”

Kinakabahan na ako, hindi ko alam kung saan ko sila hahanapin sa laki ng arcade na ito. Saan ba nagpunta ang dalawang iyon.

“I left them at the photo booth kasi may kukunin pa sana ako at pagbalik ko wala na sila, Ate I’m sorry.” She cried.

“It’s not your fault, just help me to find them.” Inalo ko siya nang hindi na rin siya mapakali kaka-iyak.

Nilibot na namin ang buong malaking arcade na ito but we can’t find them.

“I’ll ask some securities,” Charisse said at tumakbo papalayo sa akin.

Ramdam ko na ang mga tinginan ng mga tao sa akin and I don’t care. Naglakad ako sa loob ng mall para hanapin ang dalawa pero dahil sa laki nito hindi ko alam kung saan ako unang pupunta. Napatigil ako nang may nagsalita sa speaker.

“Kendrine and Jenna this is Tita Charisse, please standby where you are right now, we will find you girls,” she said. Nababasag ang boses nito, halatang sinisisi pa rin ang sarili.

Unwanted Love

Bumalik na ako kakahanap sa kanila nang tumunog ang phone ko at si Charisse ang tumawag. “Ate saan ka?” she asked pero hindi ko sinagot ang tanong niya.

“Please call me kung nakita mo na sila,” I said instead at binaba na ang tawag.

Nasaan na ba kayong dalawa?

Naglakad pa ako nang naglakad nang may bigla akong nakitang dalawang batang babae na nakaharap sa isang tao? Gosh! Baka kidnapper ‘yan! Tumakbo agad ako papunta sa kanila.

I knew it. Sila ang mga bata na iyon, they're wearing school uniform kaya alam ko na sila. Napahinto ako nang nakilala ko ang kausap nilang lalaki habang nakapantay sa kanila.

I know that back, kinakabahan ako habang papalapit sa kanila. Shit, lagot n. Dumating na rin si Charisse sa tabi ko.

“Lagot,” she mumbled. Yes, lagot talaga kami.

“Mommy!” sigaw ng anak ko at tumakbo papunta sa akin.

“Where have you been? I am so worried.” Niyakap ko siya ng mahigpit. Lumapit din sa akin si Jenna, I hugged her too.

“Sinundan namin ‘yong Jollibee Mommy, but hindi na namin siya nakita.” Bakas sa mukha niya ang lungkot nang sabihin niya iyon.

“Don't do it again, don't go anywhere without me okay?” I said at niyakap silang dalawa.

Gemorya

“Kuya,” biglang sabi ni Charisse. Kaya napahinto.

“We found Daddy here Tita,” sabi ni Jenna.

Tumingin ako kay Steve na masama na ang tingin sa akin. What his problem?

“Pasalamat kayo ako ang nakakita sa kanilang dalawa,” madiin niyang sabi.

“K-Kuya, what are you doing here?” Charissed asked, alam kong kinakabahan din siya na kausapin ang Kuya niya.

“I saw you going here kaya sinundan ko kayo, thanks sa kapapabayaang niyo. Nawala ang mga anak ko,” he said.

Ano bang problema niya? Nahanap na nga eh.

“It's my fault Kuya, pasensya na.” Hinawakan ko si Charisse sa braso niya para patagilin sa pagsasalita, wala naman siyang kasalanan.

“Kapag naulit pa ito hindi ko kayo mapapatawad, lalo ka na Grace,” he said at kinuha ang mga bata sa pagkayakap sa akin at umalis.

Hindi ba siya nag-iingat na naririnig ng mga bata ang sinasabi niya? He's so reckless! Napabuntong-hininga ako at pinagmasdan lang silang tatlo.

“I'm sorry nagalit tuloy si Kuya sa ‘yo,” sabi ni Charisse. Pilit akong ngumiti sa kaniya.

“It's okay, ang mahalaga nahanap na natin ang dalawa, let us be careful next time.” I smiled at her.

Binalik ko ang tingin sa tatlo . Gano'n na lang ba ang galit niya sa akin? Isang linggo ko na siyang kasama sa bahay pero 'yong pakikitungo niya sa akin ay hindi pa rin mabuti, lagi siyang nagagalit sa akin kahit sa maliit na bagay. Lahat ng kilos ko, parang mali para sa kaniya. Umaayos lang siya kapag minsan naming kaharap si Kendrine pero kanina pinakita niya sa anak niya ang ugaling iyon.

Chapter Twenty- Six

“What did you do? Ang tanga mo naman, hindi mo binantayan ang anak ko!” Jemia shouted at me nang nalaman niya ang nangyari.

Tinignan ko lang siyang walang emosyon, boba ba siya? Hindi ko naman ginusto at hindi lang naman ang anak niya ang nawala, ako ang nag-alala sa dalawa and here she is, blaming me.

“Ate Jemia, it's not Ate Grace's fault, calm down,” sabi ni Charisse sabay irap.

Gemorya

“Calm down? Kung hindi lang nakita ng Daddy nila ang dalawa hindi niyo na siguro mahahanap, katangahan ninyo eh.” Naiirita na ako sa kaniya. Ang daming kuda!

“Enough Jemia,” singit na ni Steve. Isa pa siya, he's also blaming me.

“Kendrine come here, let's change your clothes.” Kinuha ko ang anak ko at tinalikuran ko na sila, bahala sila. Wala akong panahon makaipagtalos sa kanila.

“Baby,” sambit ko sa anak ko nang nakapsok kami sa kwarto niya.

“I'm sorry Mommy. Is Daddy mad at you?” Hinawakan ko ang pisngi niya at hinaplos ito.

“Can you promise to Mommy na hindi ka na aalis sa tabi ko?” Nakangiting sambit ko. She nodded.

“I promise Mom,” she said and hugged me.

“Let's change your clothes”

* * *

“The next time na isasama ninyo ang anak ko at may nangyari na naman hindi ko kayo mapapatawad.” Hanggang ngayon, kuda pa rin siya nang kuda? Ang sakit sa tainga ng boses niya.

“Can you calm down? Buhay nga ang anak mo eh, we're in the middle of our dinner Ate,” Charisse said. Bakas sa mukha at tono niya na naiinis na siya.

Unwanted Love

Oo nga, ang dami pang sinasabi ng babaeng ito. Can she just be grateful at walang nangyari kay Jenna. Inirapan lang ni Jemia si Charisse at gano'n din si Charisse kay Jemia, hindi nga talaga sila nagkakasundo. Sabagay, kami rin naman ni Jemia, ayaw niya akong kasundo, at gano'n din ako.

Tahimik lang si Steve habang katabi niya ang dalawang bata. Pinagmasdan ko lang silang tatlo. He's a good father after all, nakikita ko sa kaniya na mabuti siyang ama, kahit hindi niya anak si Jenna ay tinuring niya itong sa kaniya. How lucky Jemia is. I looked at my daughter, natutuwa siya habang sinusubuan ng Tatay niya, she's longing for a father love, at iyon ang pinagkait ko sa kaniya.

Napa-iwas agad ako ng tingin nang lungunin ako ni Steve, kanina ko pa pala sila tinitignan.

“Sino ba ang tinitignan mo? Ang mga bata o ang malaking bata?” Nilakihan ko agad ng mata si Charisse nang bumulong sa akin. Chismosa talaga.

Nakita ko naman si Jemia na tinitignan ako ng masama. Ang laki talaga ng problema ng babaeng ‘to.

Natapos na rin kaming kumain, si Steve nakipaglaro sa mga bata, lumabas lang ako saglit para magpahangin. Kamusta na kaya sila Nanay? Siguro bibisitahin na lang namin sila. Naiisp ko lang, paano kapag pinapili ni Steve ang anak niya kung sino sa amin ang sasamahan ni Kendrine? Well, sure naman ako na ako ang pipiliin ng anak ko at wala siyang karapatan na ilayo ang anak ko. Magkakamatayan muna kami.

“Ayos ka rin ‘no.” Gulat akong napalingon sa sumulpot. Isa talagang kabute ‘tong babaeng ‘to.

Gemorya

Tinaasan ko siya ng isang kilay, ngumisi naman siya at sinamaan ako ng tingin. “Pinagsasabi mo?” walang gana kong tanong.

“Siguro masaya ka ngayon? Ginagamit mo ang anak mo para makalapit kay Steve hindi ba? Well, sorry to say kahit anong lapit mo sa kaniya hindi ka na niya babalikan.” Taka ko naman siyang tinignan, maling akala rin ang babaeng ito.

“For your information, hindi ko ginamit ang anak ko, hindi mo naman ako katulad.” Tinaasan ko siya ng kilay.

“Kahit naman wala ang anak ko ako pa rin ang mahal at mamahalin ni Steve, at sa oras na gagawa ka ng katangahan para lang hindi matuloy ang kasal naming, papatayin kita.” I smirked of what she said. Anong akala niya? Natatakot ako sa kaniya? Hindi na ako tulad dati na soft hearted.

“Bakit kaya kahit ang tagal niyo nang nagsama hindi pa rin kayo kasal? Sure ka bang mahal ka talaga ni Steve?” pang-aasar kong tanong. Nakita ko naman ang galit sa mukha niya.

Bullseye.

Magsasalita pa sana siya pero biglang lumabas si Steve at tinawag siya.

“Yes love?” sabi nito sa marteng boses, napairap na lang ako nang palihim. Lahat ng love ang tawagan hindi nagtagal.

“Uuwi na raw si Jenna,” cold na sabi nito. Lumapit naman si Jemia sa kaniya at akmang hahalikan niya si Steve pero umiwas ito, serve your right.

“Get your daughter there,” he said. Padabog na umalis si Jemia sa harap niya, psh immature lady. Napailing na lamang ako nang palihim.

Unwanted Love

Nagtama naman ang mata namin ni Steve, cold pa rin itong tumingin sa akin.

“H-hows Kendrine?” I asked.

“She's asleep now at her room.” I just nodded at lumapit papunta sa pintuan para puntahan ang anak ko.

“I'll just go to her,” paalam ko pero hindi pa ako nakapasok ay hinawakan niya na ang braso ko.

Taka ko naman siyang tinignan. “Can we talk?” he asked.

“Kung pagsasabihan mo na naman ako tungkol kanina huwag na, pagod ak--”

“It's not that,” putol niya sa sinabi ko. Hinila niya na naman ako pabalik sa garden.

“Anong pag-uusapan?” tanong ko nang makabalik kami sa garden. Umupo siya sa upoang bakal at umupo na rin ako sa harap niya.

Pero imbis na sagutin niya ako tumingin lang siya sa akin, napaiwas kaagad ako ng tingin. Nakaka-ilang ang tingin niya.

“W-what?” I stuttered to ask.

“Let's go to Palawan tomorrow, that's our daughter request.” Napaangat ang tingin ko sa kaniya.

“We have a plan tomorrow. We will visit her grandma and Tito,” wika ko pa.

Gemorya

“Like what I said, request iyon ng anak natin, tell your family to come.” Nagulat naman ako nang sabihin niya iyon. Baka dadalhin niya rin ang pamilya niya, nako huwag na baka ano pa sabihin ng magulang siya sa pamilya ko.

“Sasama rin ba ang magulang mo?” tanong ko.

“si Charisse la---”

“We will come too.” pareho kami ni Steve na lumington sa nagsalita. It's Jemia, buhat-buhat ang anak niya na nakatulog.

“It's family bonding Jemia,” matigas na sabi ni Steve.

Family. Napangiti ako sa isip ko lang nang banggitin niya iyon.

“What now? We are not part of the family? Come 'n Steve, ikakasal na tayo, hindi rin magtagal ako na ang magiging pamilya mo. Kami ni Jenna, baka nga ako pa ang magiging ina ni Kendrine eh,” she said.

Uminit ang ulo ko sa huli niyang sinabi, that wouldn't be. Hindi siya magiging Mommy ng anak ko. Hinarap ko siya at sinamaan ng tingin, hindi ko na talaga kaya ang panget ng bunganga mito. Ang kapal ng mukha.

“Wala akong pakialam kung ikaw ang pamilya ah, pero ‘yong sasabihin mo na ikaw ang magiging Nanay ng anak ko, magkakamatayan muna tayo Jemia,” sabi ko sa matigas na boses. She just smirked at tumingin kay Steve.

“Sasama kami sa ayaw at sa gusto mo Steve,” she said. Tinignan ko lang si Steve inaantay ang sasabihin niya. He looked at me for a seconds at bumalik ang tingin niya kay Jemia.

Unwanted Love

“You can't, please give this to me, I want to spend my time with my real family Jemia.” Umalis siya nang sabihin niya ang katagang iyon.

Hindi ako nakagalaw dahil sa sinabi at biglaang pag-alis niya, Tumingin sa akin si Jemia na masama ang tingin sa akin na para bang nandidiri.

“You'll pay for this,” galit na sabi niya at tumalikod na rin. Hinayaan ko na lang siya at hindi ko pinansin ang sinabi niya kundi sa sinabi lang ni Steve kanina, what he said again?

I want to spend my time with my real family.

Chapter Twenty- Seven

Everyone's are now ready para sa trip namin papuntang Palawan. Kendrine was so excited, gano'n din si Charisse sinabayan ang pagka-excite ng kanyang pamangkin. Sumama rin si Mama at Manang. Hindi na sumama si Kuya dahil may tatapusin pa raw siya sa office, gano'n din si Rita at Nita, family bonding daw namin kaya hindi sila sumama.

"Ready?" Steve asked.

"Yes Kuya, let's go!" maligayang sabi ni Charisse, hawak niya sa kamay si Kendrine.

Kanina ay tumawag pa si Jemia, nagpupumilit na sumama pero nang pinagsabihan ni Steve na masamang salita mukhang umurong, pinagbantaan pa niya si Jemia na hindi na ito magpapakasal.

Nasa likod silang apat, katabi ni Charisse si Kendrine, ayaw niya na yata humiwalay sa pamangkin niya. Nasa pangalawang likod naman si Mama at Manang. Malaki na kotse kasi ang dinala ni Steve. He's the one driving at ako naman ang naka-upo sa gunshot seat.

"I'm so excited! Tita Charisse said we will be going to swim, is it true Mommy? Daddy?" masayang sabi ni Kenrine, tumayo pa ito at lumapit sa amin para sabihin iyon.

"Yes princess, we will enjoy there," si Steve na ang sumagot.

Hindi na ako tumingin kay Steve, ewan ko ba. Naiilang pa rin ako sa kaniya, lalo nang maalala ko ulit ang sinabi niya kay Jemia kagabi tungkol sa family.

